ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • ENERO 2012

# Liahona



## Pagkatutong Malugod sa mga Banal na Kasulatan, pp. 14, 16, 20

**Tumingala sa Langit, Hindi sa Paligid, p. 42**

**Isang Mensahe para sa mga Magmimisyon, p. 48**

**Mga Bata, ang Inyong Taon para Pag-aralan ang Aklat ni Mormon, p. 60**




HINDI MAARING KOPYAHIN

*Ang Punungkahoy ng Buhay,* ni Wilson J. Ong

*Sa 1 Nephi 8, ikinuwento ni Lehi ang kanyang pangitain tungkol sa punungkahoy ng buhay. Sabi niya:*

*"Matapos akong manalangin sa Panginoon ako ay nakamalas ng malaki at malawak na parang.*

*"At ito ay nangyari na, na nakamalas ako ng isang punungkahoy, na ang bunga ay kanais-nais upang makapagpaligaya sa tao.*

*"At ito ay nangyari na, na lumapit ako at kumain ng bunga nito; at napagtanto ko na napakatamis nito, higit pa sa lahat ng natikman ko na. Oo, at namasdan ko na ang bunga niyon ay puti, higit pa sa lahat ng kaputiang nakita ko na. . . .*

*"At nakamalas ako ng gabay na bakal, at ito ay nasa kahabaan ng pampang ng ilog, at patungo sa kinatatayuan kong punungkahoy" (1 Nephi 8:9–11, 19).*

# Liahona, Enero 2012


20


## MGA MENSAHE

**4** **Mensahe ng Unang Panguluhan: Pagkakaroon ng Masaganang Buhay**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

**7** **Mensahe sa Visiting Teaching: Pangangalaga at Paglilingkod sa Pamamagitan ng Visiting Teaching**

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO

**16** **Paghahanap ng mga Sagot sa Aklat ni Mormon**
Ni Sara D. Smith

**20** **Pagtuklas na Muli sa Kamangha-manghang Bagay ng Daigdig . . . at Pag-iwas sa mga Panganib ng Kawalan ng Interes sa Bagay na Espirituwal**
Ni Adam C. Olson

**24** **Pagkilala sa Tulong ng Diyos sa Ating mga Pagpapala sa Araw-araw**
Ni Elder D. Todd Christofferson

**32** **George Albert Smith: Namuhay Siya Ayon sa Kanyang Itinuro**
Ni Ted Barnes

## MGA BAHAGI

**8** **Notebook ng Kumperensya ng Oktubre**

**10** **Paglilingkod sa Simbahan: Pamumuno sa Paraan ng Panginoon**
Ni Craig Merrill

**12** **Nangungusap Tayo Tungkol kay Cristo: Inilapit Ako ng mga Visiting Teacher kay Jesucristo**
Ni Jayne P. Bowers

**14** **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Pagtulong sa mga Anak na Mahalin ang Aklat ni Mormon**
Ni Clyde J. Williams

**38** **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

**74** **Mga Balita sa Simbahan**

**79** **Mga Ideya para sa Family Home Evening**

**80** **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Pagkatuto mula sa Dalubhasa**
Ni George C. Robinson


**SA PABALAT**
Larawang ipininta ni Jeff Ward.



## MGA YOUNG ADULT




**42 Nagsalita Sila sa Atin: Tumingala sa Langit**
Ni Elder Carl B. Cook
*Ano ang mangyayari kapag tumingala tayo sa langit para malaman kung ano ang tingin sa atin ng Ama sa Langit sa halip na tumingin sa paligid para makita kung ano ang tingin sa atin ng iba?*



***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: gumamit ng kompas sa pagtawid sa Dagat Pasipiko.***

## MGA KABATAAN

**46 Tuwirang Sagot**

**48 Pagtupad ng mga Tipan: Isang Mensahe para sa mga Magmimisyon**
Ni Elder Jeffrey R. Holland
*May susi upang mapasaatin ang kapangyarihan ng kabanalan bilang mga misyonero.*

**52 2012 Tema ng Mutwal**
Ng mga Young Women at Young Men general presidency
*"Bumangon at magliwanag, nang ang inyong liwanag ay maging isang sagisag sa mga bansa" (D at T 115:5).*


**54 Poster: Magliwanag**

**55 Taludtod sa Taludtod: Doktrina at mga Tipan 115:5**

**56 Mula sa Misyon: Parehong Sinagot ng Diyos ang mga Dalangin**
Ni Carlos Iván Garmendía Pacheco

**57 Maging Matapat**
Ni Elder Gérald Caussé

## MGA BATA




**58 Mga Bato, Palaso, at Snowball**
Ni David L. Frischknecht
*Paano ko maiiwasan ang mga siga? Maging tulad ni Samuel, ang Lamanita.*

**60 Pagpapakabusog sa Aklat ni Mormon**
*Kulayan ang tsart na ito bawat linggo habang binabasa ninyo ang Aklat ni Mormon.*

**63 Natatanging Saksi: Paano Ko Makakamtan ang Aking mga Mithiin?**
Ni Elder M. Russell Ballard

**64 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Ang Kalayaan ay Kaloob na Pumili para sa Ating Sarili**

**66 Mga Kuwento Tungkol kay Jesus: Ang Aklat ni Mormon ay Nagtuturo Tungkol kay Jesucristo**
Ni Diane L. Mangum

**68 Pakikipagkaibigan sa Ibayong Dagat ng Pasipiko**
Ni Jane Hansen Lassetter
*Nakilala ng mga bata mula sa Utah at Tonga ang isa't isa.*

**69 Nariyan Siya**
Ni Rosemary M. Wixom
*Naririnig at sinasagot ng Ama sa Langit ang panalangin ng bawat bata.*

**70 Para sa Maliliit na Bata**









**ENERO 2012 TOMO 15 BLG. 1**
**LIAHONA 10481 893**

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Paul B. Pieper
**Mga Tagapayo:** Kieth R. Edwards, Christoffel Golden Jr., Per G. Malm

**Namamahalang Direktor:** David L. Frischknecht
**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn
**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:** Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson
**Associate na mga Patnugot:** Susan Barrett, Ryan Carr
**Staff sa Patnugutan:** Brittany Beattie, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Carrie Kasten, Jennifer Maddy, Lia McClanahan, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Paul VanDenBerghe, Marissa A. Widdison, Mellissa Zenteno

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Mga Senior Designer:** C. Kimball Bott, Thomas S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy
**Staff sa Produksyon:** Collette Nebeker Aune, Howard G. Brown, Julie Burdett, Reginald J. Christensen, Kim Fenstermaker, Bryan W. Gygi, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagasasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona,* Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2012 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.


Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin kung mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**
January 2012 Vol. 15 No. 1. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

# Marami Pang Iba Online Liahona.lds.org




## PARA SA MATATANDA

Maraming artikulo sa isyung ito ang bumabanggit sa mga banal na kasulatan, lalo na sa Aklat ni Mormon (tingnan sa mga pahina 14, 16, at 20). Sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2010, binanggit ni Elder David A. Bednar kung paano mapalalakas ng pag-aaral ng Aklat ni Mormon ang mga pamilya. Para mabasa o mapakinggan ang kanyang mensahe, bumisita sa lds.org/general-conference/2010/04/watching-with-all-perseverance.

Isang tour guide sa Machu Picchu ang nagbigay ng tatlong mungkahi sa pag-aaral ng ebanghelyo (tingnan sa pahina 20). Tingnan ang iba pang mga retrato ng kamangha-manghang tanawing ito sa mundo sa liahona.lds.org.

## PARA SA MGA KABATAAN

Matapos basahin ang payo ni Elder Holland sa mga magmimisyon, makikita ninyo ang iba pang mga artikulo at impormasyon tungkol sa gawaing misyonero sa http://lds.org/study/topics/missionary-work.

## SA INYONG WIKA


Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa languages.lds.org.

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *14, 16, 20, 40, 60, 66*
***Anghel, mga,*** *47*
***Gawaing Misyonero,*** *8, 32, 39, 41, 46, 48, 56, 70, 72*
***Halimbawa,*** *52, 54, 57, 70, 72*
***Home teaching,*** *10*
***Jesucristo,*** *24, 40, 66, 80*
***Kalayaan,*** *24, 64*
***Kasaysayan ng Simbahan,*** *32*
***Mithiin, mga,*** *63*
***Mutwal,*** *52, 54, 55*
***Pag-aaral ng mga banal na kasulatan,*** *14, 16, 20, 40, 55, 60*
***Pag-asa,*** *4, 16*
***Pagbabalik-loob,*** *16*
***Pag-ibig sa kapwa,*** *7, 12, 32*
***Pagkaakit sa kapwa lalaki o babae,*** *47*
***Pagkakaibigan,*** *47, 68*
***Pagkalulong, adiksyon,*** *16*
***Paglilingkod,*** *10, 12, 24, 32, 38, 46*
***Pagsisisi,*** *16*
***Pagsubok, mga,*** *24, 40*
***Pagsunod sa Espiritu,*** *41*
***Pagtuturo,*** *14, 80*
***Pamilya,*** *14, 16, 79*
***Pamumuno,*** *10*
***Panalangin,*** *8, 24, 38, 42, 55, 58, 69*
***Pananampalataya,*** *24, 57, 63*
***Propeta, mga,*** *32*
***Saloobin, pag-uugali,*** *4, 42, 52, 63*
***Smith, George Albert,*** *32*
***Tapang, lakas ng loob,*** *4, 8, 57*
***Tipan, mga,*** *48*
***Visiting teaching,*** *7, 12*

**Ni Pangulong Thomas S. Monson**



# PAGKAKAROON NG Masaganang Buhay

Sa pagsisimula ng bagong taon, hinahamon ko ang mga Banal sa mga Huling Araw sa lahat ng dako na magsagawa ng personal, masigasig, at makabuluhang paghahangad sa tinatawag kong masaganang buhay—isang buhay na sagana sa tagumpay, kabutihan, at mga biyaya. Tulad ng pagkatuto natin ng mga pangunahing kaalaman sa eskuwela, nais kong ibahagi sa inyo ang sarili kong mga pangunahing tuntunin na makatutulong sa ating lahat na magkaroon ng masaganang buhay.

## Magkaroon ng Positibong Saloobin

Ang *unang* alituntunin ay ang saloobin. Isinulat ni William James, isang tagapangunang Amerikanong psychologist at philosopher, "Ang pinakamagandang pagbabagong nangyari sa ating henerasyon ay ang pagkatuklas na ang mga tao, kapag binago ang pag-iisip, ay mababago ang panlabas na mga aspeto ng kanilang buhay."[1]

Napakaraming bagay sa buhay ang nakadepende sa ating saloobin. Kung paano natin tingnan ang mga bagay-bagay at tugunin ang iba ang gumagawa ng malaking kaibhan. Ang gawin ang pinakamainam sa abot ng ating makakaya at piliing maging masaya sa ating sitwasyon, anuman ito, ay makapagdudulot ng kapayapaan at kapanatagan.

Si Charles Swindoll—na isang awtor, guro, at Kristiyanong pastor—ay nagsabi: "Para sa akin, ang saloobin ay mas mahalaga kaysa . . . sa nakaraan, . . . sa pera, sa kalagayan, sa mga kabiguan, sa mga tagumpay, at kung ano man ang iniisip o sinasabi o ginagawa ng ibang tao. Mas mahalaga ito kaysa sa kaanyuan, sa angking talino, o sa kasanayan. Bubuuin o wawasakin nito ang isang kompanya, simbahan, o tahanan. Ang nakatutuwa ay mapipili natin araw-araw kung anong saloobin ang paiiralin natin sa araw na iyon."[2]

Hindi natin mababago ang direksyon ng hangin, ngunit kaya nating baguhin ang mga layag. Para sa sukdulang kaligayahan, kapayapaan, at kasiyahan, nawa'y *piliin* natin ang positibong saloobin.

## Maniwala sa Iyong Sarili

Ang *pangalawa* ay ang maniwala—sa inyong sarili, sa mga nakapaligid sa inyo, at sa mga walang hanggang alituntunin.



Maging tapat sa inyong sarili, sa iba, at sa inyong Ama sa Langit. Ang isang taong hindi naging tapat sa Diyos hanggang sa maging huli na ang lahat ay si Cardinal Wolsey, na ayon kay Shakespeare ay matagal na naglingkod sa tatlong matataas na pinuno at nagtamasa ng kayamanan at kapangyarihan. Sa huli, inalisan siya ng kapangyarihan at mga ari-arian ng isang haring walang pasensya. Paghihinagpis ni Cardinal Wolsey:

*Kung sa Diyos naglingkod nang*
*may kasigasigan*
*Tulad noong ang hari'y aking*
*paglingkuran*
*Sa 'king kaaway di N'ya 'ko*
*pababayaan.*[3]

Isinulat ni Thomas Fuller na isang pari at mananalaysay na taga-England na lider ng simbahan na nabuhay noong ika-17 siglo, na ang katotohanang ito: "Siya na hindi ipinamumuhay ang kanyang pinaniniwalaan ay hindi tunay na naniniwala."[4]

Huwag limitahan ang inyong sarili at huwag pakumbinsi sa ibang tao na limitado ang magagawa ninyo. Maniwala sa inyong sarili at pagkatapos ay mamuhay sa paraang maaabot ninyo ang inyong mga potensyal.

Makakamtan ninyo ang mga bagay na pinaniniwalaan ninyong kaya ninyong abutin. Magtiwala at maniwala at manampalataya.

## Harapin ang mga Hamon nang may Tapang

Ang katapangan ay nagiging makabuluhan at mahalagang katangian kapag hindi ito gaanong itinuring na kahandaang mamatay kundi isang determinasyon na mabuhay nang disente.

Sinabi ng Amerikanong manunulat ng sanaysay at tula na si Ralph Waldo Emerson: "Kailangan mo ng tapang sa anumang bagay na iyong gagawin." Anumang landas ang tahakin mo, laging may magsasabi sa iyo na mali ka. Laging may mga pagsubok na tutuksuhin kang maniwala na tama ang mga bumabatikos sa iyo. Upang maiplano ang gagawin at masunod ito hanggang sa huli, kailangan mo ng tapang na katulad ng sa isang sundalo. Mananaig din ang kapayapaan, ngunit kailangan ang matatapang na lalaki't babae para makamtan ito."[5]

May mga pagkakataon na kayo ay matatakot at panghihinaan ng loob. Maaari ninyong madama na talo na kayo. Ang pagkakataong magwagi ay tila napakahirap lagpasan. Kung minsan madarama ninyo na para kayong si David na nagsisikap labanan si Goliath. Ngunit alalahanin na si—David *ang* nanalo!

Kailangan ang tapang upang masimulang kamtin ang mithiin, ngunit higit na tapang pa ang kailangan kapag nabigo ang isang tao at kailangang bumangon muli upang magtagumpay.

Magkaroon ng determinasyong magsikap, taos-pusong gumawa upang makamtan ang isang makabuluhang mithiin, at ng tapang hindi lamang para harapin ang mga hamong tiyak na darating kundi upang muling bumangon, kung kailangan. Kung minsan ang katapangan ay ang munting tinig makalipas ang maghapon na nagsasabing, "Susubukan ko ulit bukas."

Nawa'y maalala natin ang mga pangunahing tuntuning ito sa simula ng paglalakbay natin sa bagong taong ito, na magkaroon tayo ng positibong saloobin, ng paniniwalang makakamit natin ang ating mga mithiin at resolusyon, at ng tapang na harapin ang anumang hamon na darating sa ating buhay. Sa gayon, ang masaganang buhay ay mapapasaatin. ■

**MGA TALA**

1. William James, sa Lloyd Albert Johnson, tinipon, *A Toolbox for Humanity: More Than 9000 Years of Thought* (2003), 127.
2. Charles Swindoll, sa Daniel H. Johnston, *Lessons for Living* (2001), 29.
3. William Shakespeare, *King Henry the Eighth,* act 3, scene 2, lines 456–58.
4. Thomas Fuller, sa H. L. Mencken, ed., *A New Dictionary of Quotations* (1942), 96.
5. Ralph Waldo Emerson, sa Roy B. Zuck, *The Speaker's Quote Book* (2009), 113.

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Isiping imbitahan ang mga kapamilya na magbahagi ng mga personal na karanasan kung saan nakatulong sa kanila ang positibong saloobin, paniniwala sa kanilang sarili, o katapangan. O kaya naman ay pahanapin sila ng mga halimbawa ng tatlong tuntuning ito sa mga banal na kasulatan. Maaari kayong maghandang magturo sa pamamagitan ng mapanalanging pagiisip ng mga banal na kasulatan o ng sarili ninyong mga karanasan.



MGA PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP

## MGA KABATAAN

### Tapang na Harapin ang Unos

**Ni Maddison Morley**

Sa ikalawang gabi ng Young Women camp ng aking stake, nagkaroon ng malakas na ulan at buhawi. Ang ward ko ay may 24 na young women na kasali sa camp kasama ang dalawang lider, at kinailangan naming magkasya sa isang maliit na kubo para maproteksyunan. Matindi ang buhos ng ulan, at lumalakas pa ang hangin. Patuloy kong ipinaalala sa aking sarili ang panalanging inialay kanina ng aming stake president para sa aming kaligtasan. Nagdasal din ang aming ward sa kubo namin, at personal din akong nanalangin.

Maraming dalagita ang natakot, at kitang-kita naman kung bakit. Ang kubo namin ay hindi gaanong matibay, at nasa tabing ilog kami. Sa loob ng 20 minuto lumakas pa ang bagyo kaya't kinailangan ng buong stake na mabilisang lisanin ang kanilang mga kubo papunta sa mga kubo ng mga counselor, na nasa mas mataas na lugar. Sa pagsisikap na panatagin ang aming sarili, muling nanalangin ang aking stake president, at kumanta kami ng mga himno, mga awitin sa Primary, at mga camp song. Oo, natakot kami, pero nadama namin na magiging maayos ang lahat. Makalipas ang kalahating oras ligtas nang bumalik sa aming mga kubo.

Kalaunan ay nalaman namin ang nangyari sa buhawi nang gabing iyon. Nahati ito sa dalawang unos. Ang isa ay umikot sa amin pakanan at ang isa naman ay pakaliwa. Ang naranasan namin ay hindi pa ang pinakamalakas nito!

Alam ko na dininig ng Diyos ang aming mga dalangin nang gabing iyon at pinrotektahan Niya kami mula sa pinakamatinding unos. Bakit mahahati ang isang buhawi kung hindi ito kinailangang gawin ng Diyos? Alam ko na sa mga unos ng buhay, makapagdarasal tayo palagi sa Ama sa Langit at diringgin at sasagutin Niya tayo, bibigyan tayo ng tapang at proteksyong kailangan natin para makaligtas.



RETRATO © CORBIS

## MGA BATA

### Kapitan Moroni

Buong tapang na hinarap ni Kapitan Moroni ang mga hamon. Minahal niya ang katotohanan, kalayaan, at pananampalataya. Inilaan niya ang kanyang buhay sa pagtulong sa mga Nephita na ipaglaban ang kanilang kalayaan. Maaari kayong maging kagaya ni Kapitan Moroni sa pagharap nang buong tapang sa inyong mga hamon. Makagagawa rin kayo ng sarili ninyong bandila ng kalayaan sa pamamagitan ng pagsulat sa bandila sa ibaba o sa ibang piraso ng papel ng mga bagay na mahalaga sa inyo at sa inyong pamilya.



**Saan Matatagpuan ang Iba Pa**

**Alma 46:11–27:** Ang bandila ng kalayaan

**Alma 48:11–13, 16–17:** Mga katangian ni Moroni

*Pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang kababaihan sa inyong lugar at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.*

# Pangangalaga at Paglilingkod sa Pamamagitan ng Visiting Teaching



"Ang pag-ibig sa kapwa ay [nangangahulugan ng] higit pa sa kabaitan," pagtuturo ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan. "Ang pag-ibig sa kapwa ay nagmumula sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at epekto ng Kanyang Pagbabayad-sala."[1] Para sa kababaihan ng Relief Society, ang visiting teaching ay maaaring pagkakawanggawa, isang mahalagang paraan ng pagsampalataya sa Tagapagligtas.

Sa pamamagitan ng visiting teaching, nangangalaga tayo sa pamamagitan ng pagbisita at pakikipag-usap sa bawat miyembrong babae, pagbabahagi ng mensahe ng ebanghelyo, at paghahangad na alamin ang mga pangangailangan niya at ng kanyang pamilya. "Ang visiting teaching ay nagiging gawain ng Panginoon kapag nagtuon tayo sa mga tao sa halip na sa dami ng ating binibisita," paliwanag ni Julie B. Beck, Relief Society general president. "Ang totoo, hindi natatapos kailanman ang visiting teaching. Higit itong isang paraan ng pamumuhay kaysa isang gawain. Ang tapat na paglilingkod bilang visiting teacher ay katibayan ng ating pagiging disipulo."[2]

Kapag palagi tayong nangangalaga nang may panalangin, nalalaman natin kung paano higit na mapaglilingkuran at matutugunan ang mga pangangailangan ng bawat miyembrong babae at ng kanyang pamilya. Maraming uri ng paglilingkod—may malaki at may di-gaanong malaki. "Kadalasan ang mumunting gawa ng paglilingkod ang tanging kailangan upang mapasigla at mapagpala ang iba: pagtatanong tungkol sa pamilya ng isang tao, mga salita ng panghihikayat, tapat na papuri, munting liham ng pasasalamat, maikling tawag sa telepono," pagtuturo ni Pangulong Thomas S. Monson. "Kung mapagmasid tayo, at kung kumikilos tayo ayon sa mga paramdam na dumarating sa atin, marami tayong magagawang kabutihan. . . . Di mabilang ang mga ginawang paglilingkod ng napakaraming visiting teacher sa Relief Society."[3]

### *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Juan 13:15, 34–35; 21:15; Mosias 2:17; Doktrina at mga Tipan 81:5; Moises 1:39

### *Ano ang Magagawa Ko?*

**1.** Ano ang ginagawa ko upang maipadama sa aking mga kapatid na ako ay isang kaibigang nagmamahal at nagmamalasakit sa kanila?

**2.** Paano ko higit na masusubaybayan at mapangangalagaan ang iba?

Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa reliefsociety.lds.org.

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

### *Mula sa Ating Kasaysayan*

Noong 1843, ang mga miyembro ng Simbahan sa Nauvoo, Illinois, ay hinati sa apat na ward. Noong Hulyo ng taong iyon, ang mga lider ng Relief Society ay humirang ng visiting committee na binubuo ng apat na babae para sa bawat ward. Kasama sa mga responsibilidad ng mga visiting committee ang pag-alam sa mga pangangailangan at pagkolekta ng mga donasyon. Ginamit ng Relief Society ang mga donasyong ito para maglaan sa mga nangangailangan.[4]

Bagaman hindi na nangongolekta ng mga donasyon ang mga visiting teacher, kanila pa rin ang responsibilidad na alamin ang mga pangangailangan—espirituwal at temporal—at tugunan ang mga pangangailangang iyon. Ipinaliwanag ni Eliza R. Snow (1804–87), pangalawang Relief Society general president: "Ang isang guro . . . ay dapat nagtataglay ng Espiritu ng Panginoon, upang sa pagpasok niya sa isang tahanan ay mahiwatigan niya ang diwang naroon. . . . Magsumamo sa Diyos at sa Espiritu Santo upang mapasainyo [ang Espiritu] nang sa gayon ay maharap ninyo ang diwang nananaig sa bahay na iyon . . . at makapangusap kayo ng mga salita ng kapayapaan at kapanatagan, at kung makikita ninyong nanghihina sa pananampalataya ang isang babae, yakapin ninyo siya tulad ng pagyakap ninyo sa isang bata at pasiglahin [siya]."[5]

**MGA TALA**

1. Henry B. Eyring, "Ang Walang-kupas na Pamana ng Relief Society," *Liahona,* Nob. 2009, 121.
2. Julie B. Beck, "Relief Society: Isang Sagradong Gawain," *Liahona,* Nob. 2009, 114.
3. Thomas S. Monson, "Tatlong Mithiin na Gagabay sa Inyo," *Liahona,* Nob. 2007, 120–21.
4. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 124.
5. Eliza R. Snow, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 126–27.

PAGLALARAWAN NI MATTHEW REIER

# Notebook ng **Kumperensya ng Oktubre**

*"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).*

Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng 2011, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa darating na mga isyu) upang tulungan kayong pag-aralan at iangkop ang mga turo ng mga buhay na propeta at apostol kamakailan.




**MGA KUWENTO MULA SA KUMPERENSYA**

## Tapang na Manindigang Mag-isa

"Naniniwala ako na ang una kong karanasan sa pagkakaroon ng tapang na manindigan sa aking paniniwala ay nangyari noong maglingkod ako sa United States Navy sa pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. . . .

"Hindi ko malilimutan ang araw ng Linggo matapos ang unang linggo [ng boot camp]. Nakatanggap kami ng magandang balita sa isang mataas na opisyal. Habang nakatayo nang tuwid sa training ground sa malamig na simoy ng hangin sa California, narinig namin ang kanyang utos: 'Ngayon ang lahat ay magsisimba—lahat, maliban sa akin. Magpapahinga ako!' Pagkatapos ay sumigaw siya, 'Lahat kayong mga Katoliko, magpupulong kayo sa Camp Decatur—at huwag kayong babalik hangga't hindi alas-3 ng hapon. Pasulong, na!' Isang malaking grupo ang umalis. Pagkatapos ay sinabi niya: 'Kayong lahat na mga Judio, magpupulong kayo sa Camp Henry—at huwag kayong babalik hangga't hindi alas-3 ng hapon. Pasulong, na!' Isang mas maliit na grupo ang umalis. Kasunod niyon ay sinabi niya, 'Kayong natitirang mga Protestante, magpupulong kayo sa mga teatro sa Camp Farragut—at huwag kayong babalik hangga't hindi alas-3 ng hapon. Pasulong, na!'

*Noong sandaling iyon ko lamang nalaman na may iba pa palang nakatayo sa aking likuran sa training ground na iyon.*



"Biglang sumagi sa aking isipan, 'Monson, hindi ka Katoliko; hindi ka Judio; hindi ka Protestante. Ikaw ay Mormon, kaya tumayo ka lang diyan!' Talagang nadama kong nag-iisa lang ako. May tapang at determinasyon ako, oo—ngunit nag-iisa ako.

"Pagkatapos ay narinig ko ang pinakamatamis na salitang sinabi ng opisyal na iyon. Tumingin siya sa kinatatayuan ko at nagtanong, 'At ano ang tawag ninyong mga kalalakihan sa inyong sarili?' Noong sandaling iyon ko lamang nalaman na may iba pa palang nakatayo sa aking likuran sa training ground na iyon. Halos magkakasabay naming sinabi, 'Mga Mormon!' Mahirap ilarawan ang kagalakang nadama ko nang bumaling ako at nakita ang iilang marino.

"Napakamot ang opisyal, isang pagtataka ang mababakas sa kanyang mukha ngunit sa huli ay sinabi niyang, 'Buweno, humayo kayo at maghanap ng lugar na pagtitipunan. At huwag kayong babalik hangga't hindi alas-3 ng hapon. Pasulong, na!' . . .

"Bagama't ang kinalabasan ng naranasan ko ay iba sa inaasahan ko, handa akong manindigang mag-isa, kung kinakailangan.

"Magmula noong araw na iyon, may mga pagkakataong walang nakatayo sa likuran ko kaya *nanindigan* akong mag-isa. Nagpapasalamat ako na nagpasiya ako noon na manatiling matatag at matapat, palaging handa na ipagtanggol ang aking relihiyon."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Tapang na Manindigang Mag-isa," *Liahona,* Nob. 2011, 61–62.**

### Mga tanong na pag-iisipan:

- Ano ang epekto sa iba ng ating matatag na paninindigan?
- Maaalala ba ninyo ang isang panahon na nasubukan ang inyong tapang at paniniwala? Paano kayo tumugon?
- Ano ang magagawa natin upang ihanda ang ating sarili na matatag na manindigan?

Isiping isulat ang inyong mga ideya sa isang journal o talakayin ang mga ito sa iba.


Mga karagdagang sanggunian sa paksang ito: Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Tapang, Matapang"; Thomas S. Monson, "Ang Panawagan na Maging Matapang," *Liahona,* Mayo 2004, 54–57; Pag-aralan ayon sa Paksa sa LDS.org, "Peer Pressure"; *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* "Sumulong nang may Pananampalataya."

**Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang conference.lds.org.**

# Humayo at Gawin

Itinuro ni Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol na para mag-ibayo ang pag-unawa sa Simbahan, dapat tayong:


**Mula sa "Ang Sakdal na Pag-ibig ay Nagpapalayas ng Takot," *Liahona,* Nob. 2011, 42–43.**



1. "Maging matapang sa ating mga pahayag tungkol kay Jesucristo. Nais nating malaman ng iba na naniniwala tayo na Siya ang pinakamahalaga sa buong kasaysayan ng sangkatauhan."



2. "Maging mabuting halimbawa sa iba. . . . Ang ating buhay ay dapat maging halimbawa ng kabutihan at kabanalan habang sinisikap nating tularan ang Kanyang halimbawa sa mundo."



3. "Ipagtanggol ang Simbahan. Sa araw-araw nating buhay, binibiyayaan tayo ng maraming pagkakataong ibahagi sa iba ang ating paniniwala."

# Pangako ng Isang Propeta

"Walang araw na lumipas na hindi ako nakikipag-ugnayan sa aking Ama sa Langit sa pamamagitan ng panalangin. Isang ugnayan ito na aking itinatangi—talagang hindi ko alam ang gagawin kung wala ito. Kung sa ngayon ay hindi gayon ang inyong kaugnayan sa inyong Ama sa Langit, hinihimok ko kayo na mithiin ninyong makipag-ugnayan sa Kanya. Kapag ginawa ninyo ito, matatanggap ninyo ang Kanyang inspirasyon at patnubay sa inyong buhay—na kailangan ng bawat isa sa atin kung gusto nating maligtas sa espirituwal sa buhay natin dito sa lupa. Ang gayong inspirasyon at patnubay ay mga kaloob na malaya Niyang ibinibigay kung hahangarin lang natin ito."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Tumayo sa mga Banal na Lugar," *Liahona,* Nob. 2011, 84.**

## PUNAN ANG PUWANG

1. "Ang mapanalanging pag-aaral ng ________ ay magpapatatag ng pananampalataya sa Diyos Ama, sa Kanyang Pinakamamahal na Anak, at sa Kanyang ebanghelyo. Patatatagin nito ang inyong pananampalataya sa mga propeta ng Diyos, noon at ngayon. Mas ilalapit kayo nito sa Diyos kaysa anupamang ibang aklat. Patitinuin nito ang buhay." (Henry B. Eyring, "Isang Saksi," *Liahona,* Nob. 2011, 70.)
2. "Ang ________ ay nagiging kaibigang palaging nariyan, na hindi nanghihina sa paglipas ng panahon." (Richard G. Scott, "Ang Bisa ng Banal na Kasulatan," *Liahona,* Nob. 2011, 6.)
3. "Para sa mga nag-aakalang hindi makatarungan ang kanilang mga pagsubok, saklaw ng _______ ang lahat ng kawalang-katarungan sa buhay." (Quentin L. Cook, "Mga Tahimik Nilang Himig," *Liahona,* Nob. 2011, 106.)
4. "Kapag tayo ay may ___________, tayo ay handang maglingkod at tumulong sa iba kahit hindi madali para sa atin at hindi naghihintay ng pagkilala o kapalit." (Silvia H. Allred, "Ang Pag-ibig sa Kapwa-Tao Kailanman ay Hindi Nagkukulang," *Liahona,* Nob. 2011, 115.)

*Mga Sagot: 1. ang Aklat ni Mormon; 2. isinaulong talata; 3. Pagbabayad-sala; 4. pag-ibig sa kapwa.*

KALIWA: PAGLALARAWAN NI PAUL MANN; KANAN: ANG PANGINOONG JESUCRISTO, NI DEL PARSON © 1983 IRI; LARAWANG KUHA NI EMILY LEISHMAN; MGA PAGLALARAWAN NINA JOHN LUKE AT CHRISTINA SMITH

# PAMUMUNO SA PARAAN NG PANGINOON

**Ni Craig Merrill** Director, BYU Master of Business Administration Program

*Habang naglilingkod at namumuno tayo sa paraang iniutos ng Panginoon, anuman ang ating tungkulin, tayo ay kapwa magpapala at pagpapalain.*

Nang maatasan si Brother Jones at ang kanyang anak na i-home teach ang pamilya Williams, sinimulan nilang bumisita nang buwanan. Sa mga pagbisitang iyon, nalaman ni Kim, na anak na dalaga sa pamilya, na nagmamalasakit sila sa kanya. Marami siyang tanong tungkol sa ebanghelyo at natuwa siyang makipag-usap sa kanila.

Isang tag-init na nahihirapan si Kim na malaman kung mayroon siyang patotoo, pinadalo sa Young Women camp si Brother Jones, kasama ang isa pang maytaglay ng Melchizedek Priesthood. Kalaunan ay sinabi ni Kim kung gaano kahalaga sa kanya na naroon ang kanyang home teacher. Sinabi niya sa kanyang pamilya na nagkaroon siya ng patotoo na mahal siya ng Tagapagligtas nang humiling siya ng basbas kay Brother Jones at sa isa pang maytaglay ng priesthood sa camp.

Talagang tunay na kaibigan ang kanyang mga home teacher sa pamilya Williams. Ang kanilang impluwensya ay mahalaga kay Kim at sa kanyang mga magulang—at sa Panginoon.

### Pamumuno at mga Tungkulin

Sa mundo ngayon, karaniwang sinusukat ang personal na pag-unlad ng isang tao sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mas matataas na katungkulan sa trabaho o pagtaas ng suweldo na nagpapakita ng ibayong personal na tagumpay. Kadalasan ay tumitingin tayo sa taas ng katungkulan bilang pahiwatig na mahalaga ang naiaambag ng isang tao. Hindi nakakagulat kung gayon na maraming tao ang nahihirapang malaman kung paano pinakamainam na masusukat ang kanilang pag-unlad sa mga espirituwal na bagay.

Narinig kong maraming Banal sa mga Huling Araw ang nagdududa sa sarili nilang katayuan dahil hindi pa sila nabibigyan ng katungkulang mamuno sa Simbahan. Ngunit nasusukat ba nang wasto ang ating pag-unlad sa mga tungkulin ng pamumuno?

Sa katunayan, ang pamumuno ay hindi nangangailangan ng katungkulan. Ang ilang tao na nagsisikap magpasigla at maghikayat na kinakailangan sa tunay na pamumuno ay ginagawa ito nang walang tungkulin o katungkulan. Itinuturo sa Doktrina at mga Tipan 121 ang ilang mahalagang aral tungkol sa pamumuno:

"Ang ating natutuhan sa pamamagitan ng nakalulungkot na karanasan na likas at kaugalian ng halos lahat ng tao, matapos silang makatamo ng kaunting kapangyarihan, sa inaakala nila, kaagad silang magsisimulang gumamit ng di makatwirang pamamahala.

"Kaya nga marami ang tinawag, subalit iilan ang napili.

"Walang kapangyarihan o impluwensiya na maaari o nararapat na panatilihin sa pamamagitan ng kabanalan ng pagkasaserdote, tanging sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig;

"Sa pamamagitan ng kabaitan, at dalisay na kaalaman, na siyang lubos na magpapalaki ng kaluluwa nang walang pagkukunwari, at walang pandaraya" (mga talata 39–42).

Karaniwan ay inaakala natin na ang pamumuno ay pagsasabi sa mga tao kung ano ang gagawin. Maaaring humantong iyan sa di-makatwirang pamamahala. Hindi angkop na sabihing, "Gawin mo iyan dahil sinabi ko (bilang maytaglay ng priesthood o inutusan ng priesthood)." Ang isang mahalagang aral sa bahagi 121 ay ang tunay na pinuno ay hindi naguutos at umaasang masunod ito dahil lamang sa kanyang katungkulan. Bagkus, ang pamumuno sa priesthood ay tungkol sa pag-anyaya. Ang isang magiliw na paanyaya, batay sa dalisay na kaalaman at hindi pakunwaring pag-ibig, ay mas magandang panghikayat sa tuwina kaysa "Dahil sinabi ko."

Totoo na ang mga pinunong mahilig mag-utos ay maraming nagagawa. Ngunit hindi sila namumuno sa paraang inihayag ng Panginoon. At hindi nila natuturuan ang kanilang mga pinamumunuan na magkaroon ng sariling kakayahan at tiwala na dapat nilang taglayin.



## PAGIGING TAPAT NA DISIPULO

"Lahat ng pinuno ng Simbahan ay tinawag na tulungan ang ibang tao na maging 'tunay na mga tagasunod . . . [ni] Jesucristo' (Moroni 7:48). . . .

"Higit na matuturuan ng mga pinuno ang iba kung paano maging 'tunay na mga tagasunod' sa pamamagitan ng kanilang sariling halimbawa. Ang huwarang ito—pagiging isang tapat na disipulo upang matulungan ang iba na maging tapat na mga disipulo—ang layunin ng bawat tungkulin sa Simbahan."

***Handbook 2: Administering the Church* (2010), 3.1.**

**Tunay na Pamumuno**

Pansinin na hindi nakalista ang isang tungkulin o katungkulan sa mga talata 41 o 42 bilang isa sa mga angkop na paraan ng paggamit ng kapangyarihan o impluwensya. Bagkus, ang kapangyarihan at impluwensya ng tunay na pinuno ay nasa paghihikayat, mahabang pagtitiis, kahinahunan, kaamuan, hindi pakunwaring pag-ibig, kabaitan, at dalisay na kaalaman. Ang mga katangiang ito ng tunay na pamumuno ay maipapakita ng lahat, anuman ang tungkulin o katungkulan.

Ang mga tungkuling mamuno ay katulad ng mga training wheel sa bisikleta. Tinutulutan ng mga training wheel na matutuhan ng isang bata kung paano magbalanse at sumakay nang may kumpiyansa. Inilalagay ng isang katungkulan sa pamumuno ang mga tao sa isang posisyon na sila ay matututong magmahal, magpasensya, at manghikayat sa pamamagitan ng dalisay na kaalaman at kabaitan. Maaari din nilang malaman na anumang pagtatangkang ipilit ang isang pag-uugali ay susundan ng paglayo ng Espiritu at pagkawala ng bisa nito.

Matapos tayong ma-release, malalaman natin kung tayo ay lumago at natuto habang tayo'y nasa tungkuling iyon. Natuto ba tayong magmahal at maglingkod sa iba nang hindi napipilitan dahil sa tungkulin? Natuto ba tayong maglingkod nang mabisa bilang impluwensya sa kabutihan dahil lamang sa kung ano ang kinahinatnan natin?

Paulit-ulit tayong tatawagin ng Panginoon habambuhay. Batid Niya ang nasa ating puso. Tatawagin Niya tayo kapag kailangan Niya ang ating natatanging mga kakayahan, kaalaman, o ang pagiging sensitibo natin sa Espiritu. Tatawagin Niya tayo ayon sa ating kahandaang makinig sa Kanyang tinig at magmahal na tulad Niya.

Kapag natuto tayong maging impluwensya sa kabutihan sa paraan ng Panginoon, tayo ay magiging mga tao na nagpapasigla sa iba dahil ganoon talaga tayo. Hindi lamang mga tungkulin ang magiging dahilan ng ating mabuting impluwensya. Kundi, kapag inutusan tayo, maglilingkod tayong mabuti kung saan tayo maatasan sa Simbahan.

Naglilingkod man tayo sa Sunday School o sa mga programa ng mga kabataan, bilang home teacher o visiting teacher, o kahit bilang bishop o Relief Society president, ang ating paglilingkod sa iba ay magiging pagpapakita ng ating pagmamahal sa Tagapagligtas. Habang naglilingkod at namumuno tayo sa paraang iniutos ng Panginoon, anuman ang ating tungkulin, tayo ay kapwa magpapala at pagpapalain. ■

HINDI MAAARING KOPYAHIN ANG PAGLALARAWAN

# INILAPIT AKO NG MGA Visiting Teacher KAY JESUCRISTO

Ni Jayne P. Bowers

*"[Ang Panginoon ay] sinabing makaitlo [kay Pedro], Iniibig mo baga ako? At sinabi [ni Pedro] sa kaniya, Panginoon, nalalaman mo ang lahat ng mga bagay; nalalaman mo na kita'y iniibig. Sinabi sa kaniya ni Jesus, Pakanin mo ang aking mga tupa" (Juan 21:17).*


Noong mga huling taon ng 1970s, niyaya ako ng kaibigan ko na sumama sa kanya sa Relief Society. "Ano ba iyon?" tanong ko. Simple lang ang isinagot ng kaibigan ko, 'Sumama ka para malaman mo." Wow! Naging interesado ako kaagad.

Kalaunan sa tag-init na iyon pumunta si Leann sa bahay ko at sinabing siya ang aking visiting teacher. Kapwa nakakapagtaka at nakakatuwa iyon, lalo na't hindi pa ako miyembro ng Simbahan. Heto siya na nag-uukol ng panahon kahit marami siyang ginagawa para mabahagian ako ng espirituwal na bagay at tingnan kung mayroon siyang maitutulong sa akin. Naramdaman kong taos ang kanyang puso. Hindi ko nakalimutan kahit kailan si Leann at ang mga mensaheng ibinahagi niya sa akin.

Lumipas ang dalawang taon, at lumipat si Frances sa ward namin. Ang totoo, hindi ko naman talaga masasabing ward "namin" iyon dahil hindi pa ako miyembro noon, pero ipinalagay ko nang ganoon. Nang panahong iyon may dalawa na akong maliliit na anak na babae at nakita ko kung paano sila natulungan ng mga auxiliary ng Simbahan. Umulan man o umaraw, binisita, tinuruan, pinatawa, kinuwentuhan, at tinulungan ako ni Frances, ang aking bagong visiting teacher. Natatandaan ko nang bisitahin ako ni Frances isang hapon habang marami akong ginagawa. Nang makita niya na hindi na ako makaupo para makipag-usap, hinalu-halo ni Frances ang niluluto ko habang inaasikaso ko ang aking mga anak.

Lumipas ang mga taon at lumipat ako. Ayaw ko sanang iwanan ang mga kaibigan ko sa Simbahan, pero di nagtagal ay nakilala ko ang isa pang grupo ng kababaihan na may malalakas na patotoo at mapagkalingang mga puso sa Relief Society sa "aking" bagong ward. Binigyan kami ng guro sa Relief Society ng listahan ng mga gagawin na may dekorasyon at hinikayat kaming isulat ang katagang "Maging mabait" na pinakauna sa aming listahan bawat araw. Inisip namin ng sister na katabi ko na magandang ideya iyon, lalo pa nga't sinusuportahan nito ang motto ng Relief Society na "Ang pag-ibig sa kapwa-tao kailanman ay hindi nagkukulang" (Moroni 7:46).

Pagkatapos ay binasa ko ang kuwento tungkol sa isang babaeng pioneer. Noong musmos pa ang babaeng iyon, inatasan ng propeta ang kanilang pamilya na



### MGA PAGPAPALA NG VISITING TEACHING

"Maraming kababaihan ang nag-uulat na ang dahilan kung bakit naging aktibo silang muli sa Simbahan ay dahil sa matapat nilang visiting teacher na pumupunta buwan-buwan at nagtuturo sa kanila, tinutulungan sila, minamahal sila, at nagdudulot ng pagpapala sa kanila. . . .

"Kung minsan ang pinakamahalagang pagpapalang maidudulot ng pagbisita ninyo ay ang simpleng pakikinig lamang. Ang pakikinig ay nagdudulot ng kaaliwan, pang-unawa, at paggaling. May mga pagkakataon namang kailangan ninyong kumilos at gumawa ng gawaing-bahay o tumulong na patahanin ang isang batang umiiyak."

**Barbara Thompson, pangalawang tagapayo sa Relief Society general presidency, "At ang Ibang Nagaalinlangan ay Inyong Kahabagan," *Liahona,* Nob. 2010, 120.**



tumulong sa pagtatatag ng komunidad ng mga Banal sa mga Huling Araw sa isang liblib na pook. Naganap ang isang trahedya nang namatay ang isa sa kanyang mga kapatid. Nagdalamhati ang kanyang ina, at matinding kalungkutan ang nadama ng pamilya.

Isang araw nakatanaw sa bintana ang batang ito. Abot-tanaw niya ang nakapalibot na niyebe sa kanilang munting tahanan. Habang nakatingin sa malayo, nakita niya ang dalawang taong papunta sa kanila. Nang malapit na silang makarating, nakilala ng bata kung sino sila—ang mga visiting teacher ng kanyang ina.

Naantig ako ng kuwentong iyon. Nabinyagan ako noong Mayo 1983. Isang karangalan ang maging isa ring visiting teacher. Gustung-gusto kong makasama ang maraming kababaihang halimbawa ng "mabait na babae" na ang "halaga ay higit na makapupo kay sa mga rubi" (Mga Kawikaan 31:10). Napakagandang makasama ang mga babaeng nagsisikap din na maging mabait, mahalin ang isa't isa, at ilapit ang iba pa kay Cristo. ■

***Ang mga visiting teacher ay nagbabahagi ng mensahe ng ebanghelyo at tumutulong kung minsan. Ang mga kababaihang binibisita nila ay napalalakas sa pakikipag-ugnayan sa mga babaeng nagsisikap na maging mabait, mahalin ang isa't isa, at ilapit ang iba pa kay Cristo.***

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa Julie B. Beck, "'Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian': Ang kasaysayan at Gawain ng Relief Society," *Liahona,* Nob. 2010, 112; at Henry B. Eyring, "Ang Walang-Kupas na Pamana ng Relief Society," *Liahona,* Nob. 2009, 121.

### PAANO NAPAGPAPALA ANG MGA VISITING TEACHER SA KANILANG PAGLILINGKOD?

Tumulong si Barbara Thompson sa pagsagot sa tanong na ito sa kanyang mensahe sa pangkalahatang pulong ng Relief Society, "At ang Ibang Nagaalinlangan ay Inyong Kahabagan," *Liahona,* Nob. 2010, 120:

"Kapag nagbi-visiting teaching ako, laging masaya ang pakiramdam ko. Ako ay napapasigla, minamahal, at pinagpapala, kadalasan nang higit pa kaysa sa kapatid na binibisita ko. Tumitindi ang aking pagmamahal. Nadaragdagan ang hangarin kong maglingkod. At nakikita ko kung gaano kaganda ang paraang ipinlano ng Ama sa Langit upang pangalagaan at kalingain ang isa't isa."

***Isiping isulat ang inyong patotoo tungkol sa visiting teaching o home teaching sa inyong journal.***

LARAWAN NI SISTER THOMPSON © BUSATH.COM; PAGLALARAWAN NI JOHN LUKE

# PAGTULONG SA MGA ANAK NA MAHALIN ANG AKLAT NI MORMON

*Nakatulong sa amin ang mga pamamaraang ito sa pagtuturo sa aming mga anak mula sa Aklat ni Mormon.*

**Ni Clyde J. Williams**
Correlation Department

Sa pag-aaruga naming mag-asawa sa aming pamilya, matindi ang hangarin namin na iturong mabuti sa aming limang anak na mahalin ang Aklat ni Mormon. Tulad ng mga karpintero, natutuhan namin na ang iba't ibang pamamaraan ay hindi lang nakakatulong kundi mahalaga rin sa pagtuturo sa aming mga anak na mahalin ang mga banal na kasulatan. Natutuhan din namin na iba ang pagkakaroon ng mga kagamitan o pamamaraan sa pagtuturo sa aming mga anak at iba rin ang malaman kung paano gamitin ang mga ito.

Dagdag pa riyan, alam naming kailangan naming matutuhan kung paano ituro sa aming mga anak na ipamuhay ang mga turo ng Aklat ni Mormon at makita ang kahalagahan nito sa mundong kanilang ginagalawan. Ang kakayahan nating gumamit ng iba't ibang pamamaraan para matulungan ang ating mga anak ay nakasalalay unang-una sa ating personal na pag-unawa sa mga banal na kasulatan, sa ating patotoo sa katunayan nito, at sa ating interes sa mga ito.

### Pagtuturo sa Mas Maliliit na Bata

Dahil ang mga salita sa mga banal na kasulatan ay masasabing hindi karaniwang sinasalita ng isang bata, ang pagtuturo sa mga bata na mahalin ang Aklat ni Mormon ay malaking hamon. Noong maliliit pa ang aming mga anak, madali silang mainip kaya't saglit lang din ang pag-aaral namin ng banal na kasulatan. Madalas naming gamitin ang mga nakalarawang babasahin ng banal na kasulatan sa pag-aaral ng pamilya.


Para mapagtibay ang mga alituntuning binabasa at pinag-aaralan ng aming mga anak sa mga banal na kasulatan, madalas ko silang kuwentuhan nito bago sila matulog. Kalaunan ibinahagi ng aking anak kung gaano ang naging epekto nito sa kanya. Sabi niya, "Palagay ko ang paulit-ulit na mga kuwento ay naging paborito na namin. Umuupo kayo sa tabi ng aming kama at nagkukuwento mula sa mga banal na kasulatan. Gustung-gusto namin ito at hiniling na marinig ito nang paulit-ulit dahil kahit sa murang edad nadama namin ang diwa ng mensaheng dala ng mga ito at alam namin na ang mga taong ikinukuwento ninyo sa amin ay magigiting at tapat. Gusto namin silang tularan."

### Pag-aakma ng mga Aralin sa mga Pangangailangan ng Ating Pamilya

Siyempre pa, habang lumalaki ang aming mga anak, binabasa na namin mismo ang Aklat ni Mormon at ang iba pang mga banal na kasulatan. Sinisikap naming basahin ang mga banal na kasulatan nang buong katapatan tuwing umaga, kahit ang ilan sa aming mga anak ay nakakumot pa at hindi halos makadilat. Gayunpaman, sinasabi nila ngayon na nakikinig sila noon, tinatandaan ang mga binabasa sa kanila, at itinatanim ang binhi [ng kaalaman] para sa hinaharap.

Binigyang-diin rin namin ang mga banal na kasulatan sa family home evening. Halimbawa, madalas kaming nagsasama ng mga aktibidad tulad ng scripture charades: iaarte ng mga miyembro ng pamilya ang isang kuwento mula sa mga banal na kasulatan, at susubukang hulaan ng ibang miyembro ang kuwento. Gusto ring laruin ng aming mga anak ang "Sino Ako?"—may mga clue kaming ibibigay hanggang sa mahulaan nila ang tauhan mula sa Aklat ni Mormon na tinutukoy namin. Sa paglaki pa ng aming mga anak, kasama na sila sa paghahanda at pagbibigay ng mga aralin.

Sa pag-aakma namin ng aming home evening sa mga kasalukuyang kailangan ng aming pamilya, gumamit kami ng mga kuwento at ideya mula sa Aklat ni Mormon bilang tulong



*Madalas naming isalaysay ang mga kuwento sa Aklat ni Mormon bago matulog.*

PAGLALARAWAN NI BETH M. WHITTAKER

sa pagtuturo ng mga alituntunin. Halimbawa, kumukuha kami ng aralin tungkol sa moralidad at pag-iwas sa pornograpiya mula sa payo ni Alma sa kanyang anak na si Corianton sa Alma 39. Ang magandang aralin na nagsasabing iwasan ang paglalagay ng tattoo sa ating mga katawan ang kinuha mula sa kuwento ng mga Amlicita sa Alma 3.

Naghahanda ako ng mga aralin sa tamang paglutas ng di-pagkakasundo ng magkakapatid mula sa buhay ni Nephi (tingnan sa 1 Nephi 7:20–21; 16:4–5), Jacob (tingnan sa 2 Nephi 2:1–3), at Corianton (tingnan sa Alma 39:1, 10). Ang malungkot na salaysay tungkol kina Alma at Amulek sa Alma 14:12–28 ay nagtuturo ng pagtitiis sa gitna ng pagdurusa. Ang isang mahalagang alituntuning natutuhan namin sa mga ito at sa iba pang mga bagay ay ang siguruhing natatalakay namin ito sa aming mga anak bago ito talagang makaapekto o maging problema sa kanilang buhay.

**Pagtatanong**

Bukod sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan kasama ang aming mga anak, nalaman naming mahalagang magbigay ng mga tanong na makatutulong sa aming mga anak na makita ang kahalagahan ng kanilang binabasa. Ang kadalian o kahirapan ng mga tanong na ito ay depende sa kanilang edad, pero ang layunin nito ay turuan silang hanapin ang mga turo at ipamuhay ito at tulungan silang maunawaan kung gaano karami ang matutuklasan sa Aklat ni Mormon.

Halimbawa, itinanong ko kung ano ang palagay nila sa sinabi ni Nephi na kanyang "nakita . . . ang maraming paghihirap sa paglipas ng [kanyang] mga araw" at sa kasunod na linya ay nagsabi ng parang taliwas dito: na siya ay "labis na [pinagpala] ng Panginoon" (1 Nephi 1:1). Sa pamamagitan ng aming talakayan, natuklasan din ng aming mga anak na sa pagligtas ng Panginoon kay Nephi mula sa kanyang mga paghihirap, binigyan din Niya si Nephi ng mas malalim na pang-unawa sa Kanyang mga hiwaga (tingnan sa 1 Nephi 1:1, 20).

Ang mga bata at kabataan ay natututo nang lubos kapag tinutulungan natin silang tuklasin mismo sa kanilang sarili ang katotohanan. Sa paggawa nila nito, mahihikayat silang mahalin at gamitin ang Aklat ni Mormon sa kanilang buong buhay at madaramang kaya nilang tulungan ang iba na gawin din ang gayon.

Nalaman ng aming mga anak na alam namin na ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng mga totoong kuwento sa tunay na buhay. Nakita nila ang nakita namin, nalaman nila ang nalaman namin, at nadarama ang nadama namin sa Aklat ni Mormon. Napalakas nito ang kanilang patotoo, natulungan silang mahalin ang Aklat ni Mormon, at hinikayat silang sikaping gawin din iyon sa kanilang mga anak. ■



# Paghahanap ng mga Sagot
## SA AKLAT NI MORMON

**Ni Sara D. Smith**

Ang ating buhay sa lupa ay maaaring puno ng hamon, ngunit hindi tayo ipinadala ng ating mapagmahal na Ama sa Langit dito upang mag-isang harapin ang mga unos ng buhay. Isa sa mga pinakamalaking tulong na ibinigay Niya sa atin ay ang Aklat ni Mormon. Hindi lamang nito itinuturo ang kabuuan ng ebanghelyo kundi ginagabayan din tayo sa mga problemang ating nakakaharap. Habang sinasaliksik natin ang Aklat ni Mormon, tutulungan tayo ng Espiritu na mahanap ang mga sagot sa ating mga problema at katanungan.

Si Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol ay nagpatotoo na:

"Sa lahat ng alam kong mga aklat, ang Aklat ni Mormon ang pinakamainam na mapagkukunan natin ng mga kasagutan sa mga problema sa buhay. . . .

"Ilang beses nang dumating ang kapayapaan sa buhay ng mga nakikibaka sa mga problema nang basahin nila ang Aklat ni Mormon! Ang mga halimbawa ng espirituwal na patnubay na nagmula sa aklat ay hindi mabibilang."[1]

Sa sumusunod na mga salaysay, ibinabahagi ng mga miyembro kung paano nila natagpuan sa Aklat ni Mormon ang hinahanap nilang mga sagot.

### Pagkakaroon ng Pagbabago ng Puso

Bagama't bata pa nang malaman niya ang tungkol sa ebanghelyo, si Greg Larsen (binago ang pangalan) ng California, USA, ay lumayo sa Simbahan kalaunan. Nasangkot siya sa droga at krimen at hindi nagtagal ay natagpuan niya ang kanyang sarili sa bilangguan. Gusto niyang baguhin ang kanyang buhay ngunit hindi niya tiyak kung paano.

"Ang kalalakihan ng ward sa aming lugar ay nagtuturo ng Sunday School sa bilangguan," pagsulat ni Greg. "Sinabi ng isa sa kanila na mas magiging maayos ang buhay ko kung babasahin ko ang Aklat ni Mormon. At ginawa ko iyon.

"Nang makalabas ako ng bilangguan, nagbalik ako sa simbahan, ngunit naroon pa rin ang pagnanasang bumalik sa dating gawi. Habang patuloy kong binabasa ang Aklat ni Mormon, nalaman ko ang tungkol sa mga tao ni Haring Lamoni sa Alma 19:33, na ang 'mga puso ay nagbago; na wala na silang pagnanais pang gumawa ng masama.' Nagsimula akong magdasal para sa pagbabagong ito ng puso."

Natagpuan ni Greg ang sagot sa kanyang dasal sa Helaman 15:7, na nagtuturo na ang "pananampalataya at pagsisisi ay nagdudulot ng isang pagbabago ng puso."

"Habang binabasa ko ang mga salitang iyon, dumaloy ang mga luha sa aking pisngi. Pinatotohanan ng Espiritu na mahal ako ng aking Ama sa Langit at tutulungan Niya ako. Nadama ko na malulutas ito kung may sapat akong pananampalataya na kausapin ang aking bishop. Nang idulog ko ang aking mga kasalanan sa paanan ng Tagapagligtas, nakatanggap ako ng tunay na pagbabago ng puso."

### Paghahanap ng Kanyang Landas


Si Laura Swenson na taga Idaho, USA, ay umuwi isang araw na malungkot at luhaan. Wala pa siyang asawa, at ang mga plano niya para sa kolehiyo at ang pangarap niyang trabaho ay unti-unting gumuguho. "Naisip ko kung may pinatutunguhan nga ba ako," pagsulat niya.

"Nadama kong dapat kong basahin ang



*"Nalaman ko ang tungkol sa mga tao ni Haring Lamoni sa Alma 19:33, na ang 'mga puso ay nagbago; na wala na silang pagnanais pang gumawa ng masama.' Nagsimula akong magdasal para sa pagbabagong ito ng puso."*

MGA PAGLALARAWAN NI WELDEN C. ANDERSEN



### TULONG SA MGA PERSONAL NA PROBLEMA

"[Ang Aklat ni Mormon] ay makatutulong sa personal na mga problema sa tunay na paraan. Nais ba ninyong [maalis] ang isang masamang pag-uugali? Nais ba ninyong pagbutihin ang pakikitungo sa inyong mag-anak? Nais ba ninyong dagdagan ang inyong espirituwal na kakayahan? Basahin ang Aklat ni Mormon!"

**Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Isang Patotoo Tungkol sa Aklat ni Mormon," *Liahona,* Ene. 2000, 85.**

Aklat ni Mormon. Sa unang apat na talata ng 1 Nephi 18, natagpuan ko ang mga sagot sa aking mga alalahanin. Inilalarawan ng mga talatang ito ang sasakyang-dagat na binuo ni Nephi para madala ang kanyang pamilya sa lupang pangako. 'Kakaiba ang kayarian' nito at hindi binuo 'alinsunod sa pamamaraan ng tao'; kundi binuo ito alinsunod sa pamamaraang ipinakita ng Panginoon' (mga talata 1–2). Madalas sumangguni si Nephi sa Panginoon habang binubuo ang sasakyang-dagat. Nang matapos ang sasakyang-dagat, 'ito ay kasiya-siya, at ang pagkakagawa niyon ay lubhang mahusay' (talata 4).

"Napagtanto ko na ang sarili kong paglalakbay ay 'kakaiba ang kayarian.' Hindi ito ayon sa pamamaraan ng tao ngunit maihahatid ako nito sa kailangan kong puntahan kung hihingin ko ang patnubay ng Panginoon. Ang mga talatang ito ay isang tanglaw sa oras ng kadiliman. Ang problema ko ay hindi nalutas sa magdamag, ngunit napasaakin ang pananaw na kailangan ko. Napakaganda ngayon ng trabaho ko at hindi ko ito kailanman pinlano."

## Pagtuklas sa Isa Pang Tipan

Noong bata pa si Adrián Paz Zambrano ng Honduras nagtaka siya kung bakit ang lugar lamang sa paligid ng Jerusalem ang binabanggit ng Biblia at inisip niya kung dinalaw nga ni Jesucristo ang iba pang mga bansa.

"Pagkalipas ng ilang taon dalawang misyonero ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang dumating sa bahay ko," pagsulat ni Adrián. "Ipinakita nila sa akin ang Aklat ni Mormon at inanyayahan akong basahin ang 3 Nephi, na nagsasabi tungkol sa pagbisita ni Cristo sa mga lupain ng Amerika.

"Habang nagbabasa ako, naalala ko ang mga katanungan ko noong bata pa ako. Nahanap ko ang mga sagot. Dahil sa Aklat ni Mormon, nalaman ko na dinalaw ni Jesucristo ang mga lupain ng Amerika pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Napuspos ako ng kagalakan dahil nalaman ko na mahal ng Diyos ang lahat ng Kanyang mga anak saan man sila naroon o anuman ang kanilang kalagayan."

Magkasamang nagdasal si Adrián at ang kanyang asawa para malaman kung totoo ang Simbahan, at kapwa sila nakatanggap ng patotoo. Sila ay nabinyagan at nakumpirma, at pagkaraan ng isang taon ang kanilang pamilya ay ibinuklod sa templo.

## Pagsustento sa Kanyang Pamilya

Sa edad na 30, si Eric James ng New Mexico, USA, ay nasuring may sakit sa bato. Bilang bata pang ama, siya ay nanlumo at inisip kung matutustusan ba niya ang pangangailangan ng kanyang pamilya.

Nabasa niya sa Aklat ni Mormon na ganoon din ang naisip ni Nephi nang mabali ang kanyang busog na yari sa purong asero. Ngunit matapos gumawa ng busog na yari sa kahoy, muling natustusan ni Nephi ang pangangailangan ng kanyang pamilya. (Tingnan sa 1 Nephi 16:18–23, 30–32.)

"Ang salaysay tungkol kay Nephi ay pumuspos sa aking kaluluwa tulad ng matinding liwanag," sabi ni Eric. "Ang kalusugang natamasa ko noong wala pa akong sakit ay tulad ng busog ni Nephi na yari sa purong asero. Nang magkasakit ako, parang nabali ang aking busog. Ngunit natanto ko na biniyayaan ako ng Panginoon ng busog na yari sa kahoy sa anyo ng isang kidney transplant. Ang transplant ay magbibigay sa akin ng lakas upang mapangalagaan ang aking pamilya. Nagbigay ito sa akin ng pag-asa. Makalipas ang halos 10 taon, patuloy kong tinutustusan ang pangangailangan ng aking pamilya at ginawa ko ang lahat para mapaglingkuran ang Panginoon."

**Pagtuturo sa mga Bata na Sumunod**

Noong maliliit pa ang kanyang mga anak, si Juan Jose Resanovich ng Argentina ay bumabaling sa Aklat ni Mormon kapag mayroon siyang mga katanungan kung paano turuan at palakihin ang kanyang mga anak. "Sinasaliksik naming mag-asawa ang mga pahina nito upang makatanggap ng inspirasyon para sa aming mga anak, at palagi kaming nakahahanap ng mga sagot," pagsulat niya.

Tinuruan ng mga Resanoviches ang kanilang mga anak ng pagsunod sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng halimbawa ni Nephi sa 1 Nephi 3:5–6:

"Ang iyong mga kapatid ay bumubulung-bulong, sinasabing isang mahirap na bagay ang aking hinihingi sa kanila; subalit masdan, hindi ako ang humihingi sa kanila, kundi ito ay isang kautusan ng Panginoon.

"Kung gayon humayo, anak ko, at ikaw ay kakasihan ng Panginoon, sapagkat ikaw ay hindi bumubulung-bulong."

"Itinuro namin sa aming mga anak na iginalang ni Nephi ang kanyang mga magulang at ang mga bagay ng Diyos," pagsulat ni Juan. "Minithi namin bilang pamilya na aming tataglayin ang pagiging magalang at masunurin ni Nephi.

"Bawat isa sa aming mga anak ay nagmisyon. Hindi na namin kinailangang kumbinsihin pa sila na maglingkod. Sila'y naging mabubuting estudyante, mabubuting kaibigan, at mabubuting anak. Marami pang dapat pagbutihin ang aming pamilya, at ang Aklat ni Mormon ay napakalaking tulong sa pagkakamit ng aming mga mithiin."

**Pagtakas sa mga Gapos ng Adiksyon**

Habang nakikibaka sa adiksyon sa pagkain, si Susan Lunt ng Utah, USA, ay nagdasal na tulungan siya. Bumaling siya sa Aklat ni Mormon at nabasa niya na nakalag ni Nephi ang mga lubid na itinali ng kanyang mga kapatid sa kanyang mga kamay at paa:

"O Panginoon, alinsunod sa pananampalataya ko na nasa sa inyo, loobin ninyong maligtas ako . . . ; oo, maging bigyan ninyo ako ng lakas upang malagot ko ang mga lubid na ito na gumagapos sa akin.

"At ito ay nangyari na . . . ang mga lubid ay nakalag" (1 Nephi 7:17–18).

"Inilarawan ng talatang ito ang aking tunay na nadarama—habang nakatali sa mga lubid ng adiksyon," pagsulat ni Susan. "Ang nahahawakan o nakikitang mga lubid na nakagapos kay Nephi ay kaagad na nakalag nang hilingin niyang maligtas siya. Ang mga lubid na nakagapos sa akin ay hindi nahahawakan o nakikita at hindi sa isang iglap ko lamang nadaig ang aking adiksyon, kundi habang binabasa ko ang mga salitang iyon, nadama kong may nagbago sa aking kalooban. Nadama ko na para bang ang mga gapos sa palibot ng aking puso, isipan, at katawan ay nangakalag, at nalaman kong mapaglalabanan ko ang aking adiksyon."

Malaki ang naging pagbabago ni Susan at, dahil sa inspirasyong natagpuan niya sa Aklat ni Mormon, naalis niya ang iba pang mga pag-uugali na gumagapos sa kanya, kabilang na dito ang galit, pagkamakasarili, at kapalaluan. "Alam kong ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos," pagpapaliwanag niya, "at na ang mga sagot sa anumang katanungan sa buhay ay matatagpuan sa mga pahina ng aklat na ito." ■

**TALA**

1. M. Russell Ballard, sa "We Add Our Witness," *Tambuli,* Dis. 1989, 13.



## SINASAGOT NG AKLAT NI MORMON

- Ano ang susunod kong gagawin sa aking buhay? (Tingnan sa 1 Nephi 4:6; Alma 37:36.)
- Paano ko mapagbubuti ang pagsasama naming mag-asawa? (Tingnan sa 1 Nephi 5:1–9.)
- Bakit kailangan kong magkaroon ng journal? (Tingnan sa Jacob 1:2–4; Alma 37:2–4; Helaman 3:13–15.)
- Paano ako magiging mas mabuting kaibigan? (Tingnan sa Alma 15:18.)
- Paano ko magagampanan ang aking tungkulin? (Tingnan sa Alma 17:2–12.)
- Ano ang dapat kong ipagdasal? (Tingnan sa Alma 34:17–27.)
- Paano ako matutulungan ng Pagbabayad-sala na magsisi at magbago? (Tingnan sa Alma 36.)
- Ano ang dapat na maging reaksiyon ko kapag hindi mabait ang isang tao? (Tingnan sa Alma 60–62.)
- Paano ko mapoprotektahan ang aking pamilya mula sa kasamaan sa mundo? (Tingnan sa Helaman 5:12; Moroni 8:2–3.)
- Bakit ako dapat magsimba? (Tingnan sa Moroni 6:5–9.)

Mungkahi sa pag-aaral: Gumawa ng listahan ng sarili ninyong mga tanong at hanapin ang mga sagot habang mapanalangin ninyong pinag-aaralan ang mga banal na kasulatan.

KANAN: LARAWANG KUHA NI CHRISTINA SMITH

*Ang pagiging maalam ay maaaring magtulak sa atin na "unti-unting hindi na [manggilalas] sa isang palatandaan o isang kababalaghan mula sa langit."*







MGA LARAWANG KUHA NI ADAM C. OLSON, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD

**Ni Adam C. Olson**
Mga Magasin ng Simbahan

# PAGTUKLAS NA MULI SA KAMANGHA-MANGHANG BAGAY NG DAIGDIG

## . . . at Pag-iwas sa mga Panganib ng Kawalan ng Interes sa Bagay na Espirituwal

Sa tantiya ni Ciro Villavicencio sa unang tatlong taon niya bilang tour guide sa rehiyon ng Cusco sa Peru, halos 400 beses na siyang nakapaglibot ng mga turista sa Machu Picchu, ang bantog na "nawawalang lunsod" ng mga Inca. Ngunit, kahit maraming beses na niyang nabisita ang lugar—na kabilang sa iba't ibang listahan ng mga kamangha-manghang lugar sa daigdig—nananatili itong kamangha-mangha sa kanya.

"Laging may bago kang matututuhan," sabi niya. Ang maraming oras na pagsama sa grupo ng mga bisita sa buong Machu Picchu ay pangkaraniwan lang kay Ciro. Gayunman, nakita niya kung gaano kadaling mawala ang pagkamanghang iyon. Ang ilan sa kanyang mga kasamahan ay nakagagawa ng buong tour sa loob ng 45 minuto. "Nawalan na sila ng interes," sabi niya.

Si Ciro, na miyembro ng Chasqui Ward at high councilor sa Cusco Peru Inti Raymi Stake, ay naniniwala na ang pag-unawa sa kawalan ng interes ng kanyang mga kasamahan ay makatutulong sa mga miyembro na dagdagan ang interes sa isa pang kamanghang-manghang bagay ng daigdig—na napakahalaga—ang "kagila-gilalas at kamangha-manghang gawain" ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo (2 Nephi 25:17).

### Ang mga Panganib na Mawala ang Pagkamangha

Nang tuluyan nang iniwan ng mga Inca noong mga huling taon ng 1500s at nanatiling lingid sa kaalaman ng mga mananakop, ang liblib na lungsod na ito sa Peruvian Andes ay halos mawala na sa alaala ng lahat, maliban na lamang sa iilang tao. Sa pagsapit ng ika-20 siglo, ang pagkatuklas dito ng mga dayuhan ang dahilan para dagsain ito ng mga mananaliksik at turista.

Matapos ang ilang dekadang pag-aaral, "ipinalagay ng ilang tao na nakita na nila ang lahat ng maaaring makita sa Machu Picchu," sabi ni Ciro. "Kapag iniisip ng mga tao na natagpuan na ang lahat o kaya'y nagawa na ang lahat, nawawalan na sila ng interes o nawawalan na ng halaga ang ginawang pagsisikap dito."



*Sa patuloy na pag-aaral ng mga mananaliksik tungkol sa Machu Picchu, nabibiyayaan sila ng mga bagong natutuklasan at karagdagang kaalaman.*

Nag-aalala si Ciro na baka mangyari din ang ganoong sitwasyon sa Simbahan. Nasaksihan niya kung paanong dahil sa panahon at pagiging maalam ay maaaring madama ng ilang miyembro na "unti-unting hindi na [manggilalas] sa isang palatandaan o isang kababalaghan mula sa langit, hanggang sa sila ay magsimulang maging matitigas sa kanilang mga puso, at bulag sa kanilang mga pag-iisip, at [magsimulang] hindi paniwalaan ang lahat ng narinig nila at nakita" (3 Nephi 2:1).

Sa pagkawalang ito ng pagkamangha, maaaring matukso ang mga miyembro na paniwalaan ang mga kasinungalingan ni Satanas, tulad ng: Hindi mo kailangang makinig sa tagapagsalita; alam mo nang lahat iyan. Hindi mo kailangang pumunta sa Sunday School; narinig mo na ang lesson na iyan. Hindi mo kailangang mag-aral ng mga banal na kasulatan ngayon; wala namang bago doon.

"At sa gayon [naaangkin] ni Satanas ang mga puso ng mga tao" (3 Nephi 2:2).

Ang pagkadama ng matinding interes at pagkawala ng interes na matutuhan ang ebanghelyo ay pangkaraniwan na. Ngunit ang mga taong hinahayaang mawala ang interes sa espirituwal na pagkatuto at sa huli ay makasanayan na ito ay nanganganib na mawalan "maging [ng] mga yaong mayroon sila" sa espirituwal na kaalaman (2 Nephi 28:30; tingnan din sa Mateo 25:14–30).

## Muling Mamangha

Ang pag-unawa sa tatlong katotohanan ay nakatulong kay Ciro na mapanatili ang kagustuhang matuto sa kabila ng kawalang-interes ng marami

**1. Marami pa akong dapat malaman.**

Sa masigasig na pag-aaral niya ng ebanghelyo sa kanyang misyon at bilang institute teacher, natuklasan ni Ciro na laging mayroong matututuhan, ito man ay bagong alituntunin o bagong pagsasagawa ng isang alituntuning dati na niyang alam. Higit sa lahat, ang bagong espirituwal na kaalamang iyan ang madalas na kailangan niyang malaman para malampasan ang anumang hamon na kanyang kinakaharap—o haharapin.

"Bahagi ng hangaring matuto," sabi niya, "ay ang alalahaning laging may isang bagay na hindi ko alam na marahil ay kailangan kong malaman."

**2. Kailangan ko ang tulong ng Espiritu Santo para matutuhan ko ang kailangan kong matutuhan.**

Kapag hindi mo alam ang kailangan mong malaman, kailangan mo ng maalam na guro (tingnan sa Juan 14:26). Sa mag-isang pag-aaral ni Ciro ng mga banal na kasulatan o kaya'y kasama ang kanyang asawa o sa pagdalo niya sa mga klase at miting, palagi siyang napapaalalahanan na hindi mahalaga kung gaano na niya kadalas nabasa ang isang partikular na talata o narinig ang isang partikular na konsepto.

"Ang Espiritu ay makapagtuturo sa akin ng mga bagay na hindi ko kailanman naisip," sabi niya. "Ang Espiritu Santo ang guro."

**3. Dapat kong sikaping matuto.**

Upang matuto kailangang kumilos at hindi lamang makinig.[1] Kailangan nito ng hangarin, pagtutuon ng pansin, pakikibahagi, at pamumuhay ng mga alituntuning natutuhan (tingnan sa Alma 32:27).

"Responsibilidad kong matuto," sabi ni Ciro. "Hindi ako pipilitin ng Ama sa Langit na matutuhan ang anumang bagay."

## Biniyayaan ng Kamangha-manghang Bagay

Para kay Ciro, nananatiling kamangha-manghang lugar ang Machu Picchu sa daigdig

dahil sa patuloy na pag-aaral dito ng mga mananaliksik, nabibiyayaan sila ng mga bagong natutuklasan at dagdag na kaalaman.

Kahit nakalipas na ang isang siglong pag-aaral tungkol dito, nakatuklas pa rin ang mga arkeologo nito lamang nakalipas na ilang taon ng mga libingan, seramiks, at mga itinayong hagdan-hagdang bato, na nakaragdag sa nalalaman tungkol sa Machu Picchu at mga Inca.

Ganyan din sa pag-aaral ng ebanghelyo ni Jesucristo. "Laging may bagong natutuklasan sa ebanghelyo para sa mga nagsisikap matuto," sabi ni Ciro."


Tulad ng mga bagong tuklas sa Machu Picchu na nakabatay sa dati nang natuklasan, na lalong nagbibigay ng kaalaman sa mga mananaliksik, "siya na hindi magpapatigas ng kanyang puso, sa kanya ay ibibigay ang higit na malaking bahagi ng salita, hanggang sa ibigay sa kanya na malaman ang hiwaga ng Diyos, hanggang sa kanyang malamang ganap ang mga ito" (Alma 12:10; tingnan din sa D at T 50:24).

"Ang ebanghelyo ay tubig na buhay na patuloy sa pagdaloy na kailangan nating balik-balikan," sabi ni Ciro.

**Ang Kagila-gilalas na Kamangha-manghang Gawain**

Habang nakatanaw si Ciro mula sa itaas na bahagi ng Machu Picchu, iba't ibang grupo ng mga turista ang lumilibot sa mga sinaunang gusali. Para kay Ciro ang nakalulungkot na pagkawala ng interes ng ilan sa kanyang mga kasama ay may epekto hindi lamang sa kanila kundi maging sa mga taong makararanas pa sana ng kamangha-manghang bagay sa pamamagitan nila.

Ang palaging pananabik sa ebanghelyo ay hindi lamang magpapala sa indibiduwal kundi maging sa mga taong nakakasalamuha niya. "Ang pagbabagong ginagawa ng ebanghelyo sa buhay ng tao ay kamangha-mangha," sabi ni Ciro. "At ang mga nakararanas ng pagbabagong iyon ay maaaring makatulong din mismo sa buhay ng iba." ■





**TALA**

1. Tingnan sa David A. Bednar, "Paghangad na Matuto sa Pamamagitan ng Pananampalataya," *Liahona,* Sept. 2007, 17.

LARAWAN NG HAYOP © GETTY IMAGES; LARAWAN NG MGA BANAL NA KASULATAN NA KUHA NI CODY BELL

**MGA KABATAAN**



# Mahikayat na Basahin ang mga Banal na Kasulatan

Ni Wilfer Montes Leon

Kailangan nating ipagdasal na mahikayat tayong basahin ang mga banal na kasulatan at magabayan din ng Espiritu Santo. Kailangan nating malugod sa mga banal na kasulatan, ibig sabihin, masiyahan sa salita ng Diyos at damhin ang pagmamahal na ibinibigay Niya sa atin sa pamamagitan ng mensaheng laan nito. Hindi lang natin basta tinitingnan ang mga salita ng mga banal na kasulatan, kundi dapat nating matutuhang mahalin ang kagila-gilalas na ebanghelyong ito.

Sa tuwing sasaliksikin ninyo ang mga banal na kasulatan, nadaragdagan ang inyong natututuhan, at sa pamamagitan ng mga ito malalaman ninyo ang kalooban ng ating Ama sa Langit. Madalas Niyang sinasagot ang ating mga panalangin sa pamamagitan ng mga pamantayang aklat ng Simbahan. Kapag panatag tayo at nakapag-iisip ng magagandang bagay, malalaman natin na nagmumula ang mga ito sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng Espiritu Santo (tingnan sa D at T 8:1–3).





MGA PAGLALARAWAN NI DIANE HAYDEN



**Ni Elder D. Todd Christofferson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Pagkilala sa Tulong ng Diyos

## SA ATING MGA PAGPAPALA SA ARAW-ARAW

*Ang paghingi at pagtanggap ng "kakanin sa araw-araw" sa tulong ng Diyos ay mahalagang bahagi ng pagkatutong magtiwala sa Kanya at pagtitiis sa mga hamon ng buhay.*

Itinala ni Lucas na isa sa mga disipulo ng Panginoon ang humiling sa Kanya, "Panginoon, turuan mo kaming manalangin, na gaya naman ni Juan na nagturo sa kaniyang mga alagad" (Lucas 11:1). Si Jesus nga ay nagbigay ng huwaran para sa panalangin na nakilala bilang Panalangin ng Panginoon (tingnan sa Lucas 11:2–4; tingnan din sa Mateo 6:9–13).

Kasama sa Panalangin ng Panginoon ang pagsamong "Ibigay mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw" (Mateo 6:11; tingnan din sa Lucas 11:3). Lahat tayo ay may mga pangangailangan sa bawat araw na hinihiling natin sa ating Ama sa Langit. Para sa ilan, ito ay literal na pagkain—ang pagkaing kailangan para mabuhay sa araw na iyon. Maaari din itong maging espirituwal at pisikal na lakas para makayanan ang isa pang araw ng malubhang karamdaman o masakit at mabagal na pagpapagaling. Sa ibang mga sitwasyon maaaring ito ay hindi pisikal na pangangailangan, tulad ng isang bagay na nauugnay sa mga obligasyon o aktibidad ng isang tao sa araw na iyon—pagtuturo ng isang aralin o isang pagsusulit, halimbawa.

Itinuro ni Jesus sa atin, na Kanyang mga disipulo, na dapat tayong umasa sa Diyos bawat araw para sa ating kakainin—sa tulong at ikabubuhay—na kailangan natin sa araw na iyon. Ang paanyaya ng Panginoon na humingi sa ating Ama sa Langit ng ating kakainin sa araw-araw ay nagpapakita ng isang mapagmahal na Diyos, na nakakaalam maging sa kaliit-liitang pangangailangan ng Kanyang mga anak sa araw-araw at nasasabik na isa-isa silang tulungan. Sinabi Niya na makahihingi tayo nang may pananampalataya sa Katauhang iyon "na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya" (Santiago 1:5). Iyan, mangyari pa, ay nagbibigay ng malaking kapanatagan, ngunit may isang bagay na mas mahalaga kaysa pagtulong na makaraos sa araw-araw. Sa paghahangad at

pagtanggap natin ng espirituwal na pagkain sa araw-araw, nag-iibayo ang ating pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos at sa Kanyang Anak.

*Itinuro ni Jesus sa atin, na Kanyang mga disipulo, na dapat tayong umasa sa Diyos bawat araw para sa ating kakainin—sa tulong at ikabubuhay—na kailangan natin sa araw na iyon.*

### Pag-asa sa Diyos sa Araw-Araw

Matapos ang mahirap na paglalakbay mula sa Egipto, 40 taong namalagi sa ilang ang mga lipi ni Israel bago sila nakapasok sa lupang pangako. Kinailangang pakainin ang mahigit isang milyong kataong ito. Tiyak na ang bilang ng mga taong iyan sa isang lugar ay hindi mabubuhay nang matagal sa pangangaso, at ang paglipat-lipat nila ng tirahan ay hindi akma sa pagtatanim o pag-aalaga ng sapat na dami ng mga hayop. Nilutas ni Jehova ang problema sa pamamagitan ng mahimalang paglalaan ng kanilang kakainin sa araw-araw mula sa langit—ang manna. Sa pamamagitan ni Moises, inutusan ng Panginoon ang mga tao na mamulot ng sapat na manna sa bawat araw, maliban sa araw bago mag-Sabbath, kung kailan pupulot sila ng sasapat sa loob ng dalawang araw.

Sa kabila ng malinaw na tagubilin ni Moises, namulot ang ilan ng sobra sa kailangan para sa isang araw at itinago ang iba:

"At sinabi ni Moises sa kanila, Huwag magtira niyaon ang sinoman ng hanggang sa umaga.

"Gayon ma'y hindi sila nakinig kay Moises; kungdi ang iba sa kanila ay nagtira niyaon hanggang sa umaga, at inuod at bumaho" (Exodo 16:19–20).

Gayunman, tulad ng ipinangako, nang doble ang dami ng pinulot nilang manna sa ikaanim na araw, hindi ito nabulok (tingnan sa Exodo 16:24–26). Gayunman, may ilan pa ring hindi naniwala hangga't hindi nila nakikita, at naghanap sila ng mapupulot na manna sa araw ng Sabbath, ngunit "wala [silang] nasumpungan" (tingnan sa Exodo 16:27–29).

Sa paglalaan ng kakainin sa bawat araw, sinikap ni Jehova na turuan ng pananampalataya ang isang bansa na sa nagdaang 400 taon ay nakalimot sa pananampalataya ng kanilang mga ninuno. Itinuro Niya sa kanila na magtiwala sa Kanya. Ibig sabihin, ang mga anak ni Israel ay kinailangang umasa sa Kanya bawat araw at magtiwala na magkakaloob Siya ng sapat na pagkain para bukas *at* sa susunod pang mga araw. Sa gayong paraan hindi Siya malalayo nang husto sa kanilang puso't isipan kailanman.

Nang makaya nang tustusan ng mga lipi ni Israel ang kanilang sarili, inutusan silang gawin ito. Gayundin, kapag humingi tayo sa Diyos ng ating kakainin sa araw-araw—na tulungan tayo sa sandaling hindi natin kayang tustusan ang ating sarili—kailangan pa rin tayong masigasig na kumilos at tustusan ang ating pangangailangan sa abot ng ating makakaya.

### Pagtitiwala sa Panginoon

Bago ako tinawag bilang General Authority, naharap ako sa problema sa kabuhayan na tumagal nang ilang taon. Gumaan at bumigat ang kalubhaan at kahalagahan nito, ngunit hindi ito naglaho. May mga pagkakataong naging banta ang problemang ito sa kapakanan ng aking pamilya, at akala ko noon ay mauubos ang aming kabuhayan. Ipinagdasal kong magkaroon ng himala para makaraos kami. Bagaman maraming beses kong ipinagdasal iyon nang taos-puso at buong katapatan, ang sagot sa huli ay hindi. Sa huli, natuto akong manalanging tulad ng Tagapagligtas: "Gayon ma'y huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo" (Lucas 22:42). Humingi ako ng tulong sa Panginoon sa bawat munting hakbang hanggang sa huling desisyon.

May mga pagkakataon na wala na akong mapagkunan, na wala na akong malapitan at mahingan ng tulong para matugunan ang aming mga pangangailangan. Dahil wala nang ibang paraan, ilang beses akong lumuhod sa aking Ama sa Langit, at lumuluhang humingi sa Kanya ng tulong. At tinulungan

nga Niya ako. Kung minsan ito ay panatag na pakiramdam lang, isang katiyakan na maaayos ang lahat. Maaaring hindi ko makita kung paano o ano ang landas na tatahakin, ngunit ipinaalam Niya sa akin, nang tuwiran o di-tuwiran, na gagawa Siya ng paraan. Maaaring magbago ang mga sitwasyon, makaisip ng bagong ideya na makatutulong, biglaang magkaroon ng dagdag na kita o iba pang mapagkukunan sa tamang panahon. Kahit paano ay nagkaroon ng resolusyon.

Bagaman nahirapan ako noon, nagpapasalamat ako ngayon na walang agarang solusyon sa aking problema noon. Ang katotohanan na halos araw-araw akong napilitang humingi ng tulong sa Diyos sa maraming taon ay nagturo sa akin kung paano tunay na manalangin at masagot at nagturo sa akin sa praktikal na paraan na sumampalataya sa Diyos. Nakilala ko ang aking Tagapagligtas at ang aking Ama sa Langit sa paraan at antas na hindi sana nangyari o matatagalang mangyari. Nalaman ko na ang kakainin sa araw-araw ay napakahalaga. Natutuhan ko na ang manna ngayon ay maaaring magkatotoo na katulad ng manna sa kasaysayan ng Biblia. Natuto akong magtiwala sa Panginoon nang buong-puso. Natuto akong sumunod sa Kanya sa araw-araw.

**Paglutas sa mga Problema**

Ang paghingi ng ating kakainin sa araw-araw sa halip na lingguhan, buwanan, o taunan ay isang paraan din para magtuon

*Sa paglalaan ng kakainin sa bawat araw, sinikap ni Jehova na turuan ng pananampalataya ang isang bansa na sa nagdaang 400 taon ay nakalimot sa pananampalataya ng kanilang mga ninuno. Itinuro Niya sa kanila na magtiwala sa Kanya.*



tayo sa mas maliliit at mas madaling lutasing problema. Upang malutas ang isang malaking problema, kailangan natin itong lutasin nang paunti-unti sa araw-araw. Kung minsan isang araw lang ang kaya natin—o bahagi lamang ng isang araw—sa isang pagkakataon.

Noong 1950s nakaraos ang aking ina sa operasyon sa kanser, na sinundan ng napakaraming masasakit na radiation treatment. Naalala niya na tinuruan siya ng kanyang ina ng isang bagay noong panahong iyon na nakatulong sa kanya simula noon:

"Ang sama talaga ng pakiramdam ko at hinang-hina ako, at sinabi ko sa kanya isang araw, 'Hay, Inay, hindi ko na po kaya ang 16 pang radiation treatment.'

"Sabi niya, 'Kaya mo bang magpunta ngayon?'

"'Opo.'

"'Anak, iyan lang ang kailangan mong gawin ngayon.'


"Maraming beses itong nakatulong sa akin kapag naaalala kong isa-isang harapin ang bawat araw o bagay."

Magagabayan tayo ng Espiritu kung kailan tayo susulong at paano haharapin ang isang araw, ang sandaling ito.

### Pag-abot sa Ating Potensyal

Ang paghingi at pagtanggap ng "kakanin sa araw-araw" sa tulong ng Diyos ay mahalagang bahagi ng pagkatutong magtiwala sa Kanya at tiisin ang mga hamon sa buhay. Kailangan din natin ng espirituwal na pagkain sa araw-araw upang maabot ang dapat

*Kailangan din natin ng espirituwal na pagkain sa araw-araw upang maabot ang dapat nating kahinatnan. Ang magsisi, magbago, at kalaunan ay maabot "[ang] sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo" ay dahan-dahang proseso.*



nating kahinatnan. Ang magsisi, magbago, at kalaunan ay maabot "[ang] sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo" (Mga Taga Efeso 4:13) ay dahan-dahang proseso. Ang pagdagdag ng bago at mabuting paguugali sa ating pagkatao o pagwawaksi sa masasamang pag-uugali o adiksyon ay kadalasang nangangahulugan ng pagsisikap ngayon na susundan ng bukas at ng isa pang bukas, marahil ng maraming araw, maging ng mga buwan at taon, hanggang sa magtagumpay tayo. Ngunit magagawa natin ito dahil makahihingi tayo sa Diyos ng ating kakainin sa araw-araw, ng tulong na kailangan natin sa bawat araw.

Si Pangulong N. Eldon Tanner (1898–1982), Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ay nagsabi: "[Kapag] pinag-iisipan natin ang kahalagahan ng desisyon na magpakabuti pa, magpasiya [tayong] disiplinahin ang ating sarili upang maingat na piliin ang mga bagay na ating gagawin, timbangin ang layunin sa paggawa nito, at mangako na tuparin ang mga ito at huwag hayaan ang anumang balakid na pumigil sa atin. Paalalahanan ang ating sarili sa pag-uumpisa ng bawat araw na gagawin natin ang isang bagay na ipinangako para lamang sa araw na iyon."[1]

Itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol kamakailan na ang palagian at araw-araw na mga simpleng gawain tulad ng pagdarasal ng pamilya, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at home evening ay mahalaga sa tagumpay ng mga pamilya. "Hahantong sa makabuluhang espirituwal na mga bunga ang palagian nating paggawa ng tila maliliit na bagay," wika niya.[2]

Ganito ang payo ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994), nang magsalita siya tungkol sa pagsisisi: "Dapat tayong mag-ingat, sa paghahangad nating higit na maging [katulad ni Cristo], upang hindi tayo manghina at mawalan ng pag-asa. Ang pagiging katulad ni Cristo ay panghabambuhay na pagsisikap at kadalasan ay kinapapalooban ng mabagal at halos hindi napapansing pag-unlad at pagbabago."[3]

### Paghingi ng Tulong sa Panginoon sa Paglilingkod

Alalahanin na hindi lamang sarili natin ang dapat nating isipin kapag humingi tayo ng espirituwal na pagkain sa araw-araw. Kung gusto nating maging higit na katulad ng Guro, Siya na naparito "hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod" (Marcos 10:45), hihingin natin ang Kanyang tulong sa paglilingkod sa ating kapwa sa araw-araw.

Ipinamumuhay ni Pangulong Thomas S. Monson ang alituntuning ito nang higit kaysa sinumang kilala ko. Laging nasa puso niya ang panalangin na ihayag ng Diyos ang mga kailangan at paraan para matulungan niya ang mga nasa paligid niya anumang araw o oras. Isang halimbawa noong bishop pa siya ang nagpapakita ng katotohanan na kung minsan kahit ang munting pagsisikap, sa patnubay ng Espiritu, ay malaki ang ibinubunga.

"Ang isang taong natulungan ni [Pangulong Monson] ay si Harold Gallacher. Ang kanyang asawa at mga anak ay aktibo sa Simbahan, ngunit hindi si Harold. Tinanong ng kanyang anak na si Sharon si Bishop Monson kung puwedeng 'may gawin' siya para maibalik sa pagiging aktibo ang kanyang ama. Bilang bishop, isang araw ay nakadama siya ng inspirasyon na bisitahin si Harold. Matindi ang sikat ng araw nang kumatok siya sa screen door ni Harold. Nakikita ng bishop si Harold na nakaupo, naninigarilyo at nagbabasa ng diyaryo. 'Sino iyan?' tanong ni Harold, na hindi man lang tumingin.

"'Ang bishop mo,' sagot ni Tom. 'Narito ako para makausap ka at hikayatin kang magpunta kasama ng iyong pamilya sa ating mga miting.'

"'Hindi pwede, marami akong ginagawa,' ang walang pakialam na sagot nito. Hindi man lang siya tumingin. Pinasalamatan siya ni Tom sa pakikinig sa kanya at umalis na sa pintuan. Lumipat ang pamilya na hindi

*Kung gusto nating maging higit na katulad ng Guro, Siya na naparito "hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod," hihingin natin ang Kanyang tulong sa paglilingkod sa ating kapwa sa bawat araw.*

kailanman nakapagsimba si Harold.

"Pagkaraan ng ilang taon . . . tinawagan ni Brother Gallacher ang tanggapan ni Elder Thomas S. Monson at hiniling na magkita sila.

". . . Nang magkita ang dalawa kalaunan, nagyakap sila. Sabi ni Harold, 'Naparito ako para humingi ng paumanhin nang hindi ako tumayo at hindi kita papasukin noong tag-init na iyon maraming taon na ang nakararaan.' Itinanong sa kanya ni Elder Monson kung aktibo na siya sa Simbahan. Matipid ang ngiting sumagot si Harold: 'Ako ngayon ang pangalawang tagapayo sa aming ward bishopric. Ang paanyaya mong magsimba, at ang pag-ayaw ko, ay lagi kong naaalala kaya nagpasiya akong kumilos na.'"[4]

**Pagpapasiya sa Araw-Araw**

Ang pag-iisip tungkol sa kakainin natin sa araw-araw ay nagbibigay-kaalaman sa atin ng bawat detalye ng ating buhay, ng kahalagahan ng maliliit na bagay na ginagawa natin sa maghapon. Itinuturo ng karanasan na sa buhay may-asawa, halimbawa, mas malaki ang nagagawa ng patuloy na daloy ng simpleng kabaitan, pagtulong, at pagpansin para manatiling mainit ang pagmamahalan at mapangalagaan ang relasyon kaysa paminsan-minsang kabaitan o pagbibigay ng mamahaling regalo.

Gayundin, sa araw-araw na pagpapasiya ay mahahadlangan natin ang pagpasok ng ilang mapanlinlang na impluwensya sa

*"Ako ang tinapay na buhay na bumabang galing sa langit: kung ang sinoman ay kumain ng tinapay na ito, siya'y mabubuhay magpakailan man: oo at ang tinapay na aking ibibigay ay ang aking laman, sa ikabubuhay ng sanglibutan."*



ating buhay at pagiging bahagi nito ng ating pagkatao. Sa isang di-pormal na pag-uusap namin ni Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ilang taon na ang nakararaan, napansin namin na makakaiwas ang isang tao sa halos lahat ng pornograpiya sa pamamagitan lamang ng mabubuting desisyon o pasiya. Karaniwan ito ay disiplina lamang sa sarili na huwag puntahan ang malamang na kinaroroonan ng pornograpiya—pisikal man o sa Internet. Gayunpaman, alam namin na dahil lubhang laganap na ang pornograpiya, maaaring bigla na lamang malantad sa pornograpiya ang isang taong abala sa kanyang gawain. "Tama," pagpuna ni Elder Maxwell, "pero maaari niya itong talikuran kaagad. Hindi niya ito kailangang anyayahang pumasok at manatili."

Gayon din sa iba pang nakapipinsalang impluwensya at pag-uugali. Ang pasiya natin sa bawat araw na iwasan sa simula pa lamang ang ganitong mga bagay ay maaaring maging proteksiyon upang hindi tayo magising na lamang balang-araw sa katotohanan na dahil sa pagpapabaya, nag-ugat na ang ilang kasamaan o kahinaan sa ating kaluluwa.

Ang totoo, maraming mahahalagang bagay sa isang araw. Maging ang temporal at paulit-ulit na gawain ay maaaring maging maliliit ngunit mahahalagang hakbang na sa paglipas ng panahon ay magdudulot ng disiplina at pag-uugali at kaayusang kailangan para magkatotoo ang ating mga plano at pangarap. Samakatwid, sa paghiling ninyo sa panalangin ng kakainin sa araw-araw, pag-isipang mabuti ang inyong mga pangangailangan—kapwa ang wala sa inyo at ang dapat ninyong protektahan. Sa paghiga ninyo, isipin ang mga tagumpay at kabiguan sa araw na iyon at kung ano ang gagawin para maging mas maganda ang bukas. At pasalamatan ang inyong Ama sa Langit para sa manna na inilagay Niya sa inyong daraanan na nagpalakas sa inyo sa maghapong iyon. Ang mga pagninilay ay magpapaibayo ng inyong pananampalataya sa Kanya habang nakikita ninyo na tinulungan Niya kayong tiisin ang ilang bagay at mapagbago ang iba. Magagalak kayo sa isa pang araw, sa isa pang hakbang tungo sa buhay na walang-hanggan.

### Pag-alaala sa Tinapay ng Kabuhayan

Higit sa lahat, alalahanin na kasama natin Siya na sagisag at simbolo ng manna, ang Manunubos.

"Ako ang tinapay ng kabuhayan.

"Nagsikain ang inyong mga magulang ng mana sa ilang, at sila'y nangamatay.

"Ito ang tinapay na bumababang galing sa langit, upang ang taong makakain, ay huwag mamatay.

"Ako ang tinapay na buhay na bumabang galing sa langit: kung ang sinoman ay kumain ng tinapay na ito, siya'y mabubuhay magpakailan man: oo at ang tinapay na aking ibibigay ay ang aking laman, sa ikabubuhay ng sanglibutan" (Juan 6:48–51).

Pinatotohanan ko na tunay na buhay ang Tinapay ng Kabuhayan na si Jesucristo, at ang walang hanggang kapangyarihan at saklaw ng Kanyang Pagbabayad-sala. Sa huli, ang Kanyang Pagbabayad-sala at Kanyang biyaya ang ating pagkain sa araw-araw. Dapat natin Siyang hanapin araw-araw, gawin ang Kanyang kalooban bawat araw, upang tayo ay maging kaisa sa Kanya na tulad Niya sa Ama (tingnan sa Juan 17:20–23). Sa paggawa nito, nawa'y ipagkaloob ng ating Ama sa Langit ng ating kakainin sa araw-araw. ■


*Mula sa mensahe sa Church Educational System fireside na ibinigay noong Enero 9, 2011. Para sa buong teksto sa Ingles, bumisita sa speeches.byu.edu.*


*Sa huli, ang Pagbabayad-sala at biyaya ng Tagapagligtas ang ating pagkain sa araw-araw.*

**MGA TALA**

1. N. Eldon Tanner, "Sa Araw na Ito Gagawin Ko . . . ," *Liahona,* Mar. 2003, 27–28.
2. David A. Bednar, "Mas Masigasig at Mapagmalasakit sa Tahanan," *Liahona,* Nob. 2009, 20.
3. Ezra Taft Benson, "A Mighty Change of Heart," *Tambuli,* Mar. 1990, 7.
4. Heidi S. Swinton, *To the Rescue: The Biography of Thomas S. Monson* (2010), 160–61.





# NAMUHAY SIYA AYON SA KANYANG ITINURO

*Ang mga karanasan sa buhay ni Pangulong George Albert Smith ay nagpapakita na hindi lamang niya pinaniwalaan ang ebanghelyo . . . ipinamumuhay pa niya ito.*

**Ni Ted Barnes**
Curriculum Department

Bago natapos ang isang napakaabalang araw, naupo si John A. Widtsoe sa kanyang tanggapan, "na pagod na pagod matapos magtrabaho sa maghapon." Naharap siya sa isang matinding problema, at nadama niya ang bigat ng kanyang mga responsibilidad. "Pagod ako noon," sabi niya.

"Noon din ay may kumatok sa pintuan, at pumasok si George Albert Smith. Sabi niya, 'Papauwi na ako mula sa maghapong pagtatrabaho. Naisip kita at ang mga problemang kailangan mong lutasin. Pumasok ako para panatagin ka at basbasan.'


". . . Hinding-hindi ko iyon malilimutan. Nag-usap kami sandali; naghiwalay kami, at umuwi na siya. Sumigla ang puso ko. Nawala ang pagod ko."

Sa paggunita sa karanasang ito pagkaraan ng maraming taon bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, sinabi ni Elder Widtsoe (1872–1952): "Ganyan si George Albert Smith. . . . Ibinigay niya ang sarili niyang oras, ang sarili niyang lakas."[1]

Naniwala si George Albert Smith (1870–1951), na naglingkod bilang ikawalong Pangulo ng Simbahan, mula 1945 hanggang 1951, na kung talagang may patotoo tayo sa ebanghelyo ni Jesucristo, makikita ito sa ating buhay—lalo na sa pakikitungo natin sa isa't isa. "Pamumuhay nang matwid sa tuwina," pagtuturo niya, "ang pinakamatibay na patotoong maipapakita natin na totoo ang gawaing ito."[2]

Sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith,* ang kurikulum ng Melchizedek Priesthood at Relief Society para sa 2012, napakabisang inilalahad ang patotoo ni Pangulong Smith—kapwa sa pamamagitan ng kanyang mga turo at sa pamamagitan ng mga kuwento mula sa kanyang buhay. Ang sumusunod ay ilang halimbawa ng mga kuwento at turong ito.

LARAWANG IPININTA NI JOHN HAFEN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM



## Ang Bisa ng Kabaitan

Isang araw ng tag-init, ilang trabahador ang nagkukumpuni sa kalye sa labas ng tahanan ni Pangulong Smith. Nang tumindi ang trabaho at uminit ang araw, nagsimulang magmura at magsalita ng masasama ang mga trabahador. Hindi nagtagal ay lumapit ang isa sa mga kapitbahay at pinagalitan ang mga trabahador sa kanilang masamang pananalita, at sinabing nakatira sa malapit si George Albert Smith. Hindi ito pinansin ng mga trabahador at lalo pang nagmura.

Samantala, naghanda ng isang pitsel ng lemonada si Pangulong Smith sa kanyang kusina. Inilabas niya ito sa isang tray na may ilang baso at sinabi sa mga trabahador, "Mga kaibigan, mukhang naiinitan at pagod na kayo. Bakit hindi muna kayo maupo sa ilalim ng mga puno ko at uminom ng malamig na inumin?"

Mapagpakumbaba at mapagpasalamat na tinanggap ng mga trabahador ang kanyang alok, at pagkatapos nilang magpahinga ay tinapos nila ang kanilang trabaho nang tahimik at may paggalang.[3]

Ang mga karanasang katulad nito ay nagpapakita ng paniniwala ni George Albert Smith na kaya nating "harapin ang ating mga problema nang may pagmamahal at kabaitan sa lahat."[4] "May mga taong magkakamali," sabi niya. "Mayroon sa atin na naliligaw ng landas, ngunit sila ay mga anak ng ating Panginoon at mahal niya sila. Binigyan niya tayo ng karapatang pakitunguhan sila nang may kabaitan at pagmamahal at tiyaga at hangaring pagpalain sila, ilayo sila sa mga kamaliang ginagawa nila. Wala akong pribilehiyong [humusga]. . . . Ngunit pribilehiyo ko, kung makita ko silang gumagawa ng mali, na ibalik sila sa anumang paraan, kung maaari, sa landas tungo sa buhay na walang-hanggan sa kahariang Selestiyal."[5]

"Napakalaking kagalakan, kapanatagan, at kasiyahan ang madaragdag sa buhay ng ating mga kapitbahay at kaibigan sa pamamagitan ng kabaitan. Gustung-gusto kong isulat ang salitang iyan sa malalaking titik at ipaglantaran. Kabaitan ang kapangyarihang bigay sa atin ng Diyos upang palambutin ang mga puso at pasunurin ang matitigas ang ulo."[6]

## Pagbabahagi ng Ebanghelyo

Para kay Pangulong Smith ang pagbabahagi ng ebanghelyo ang "pinakamagandang gawin."[7] Kinilala at ikinagalak niya ang kabutihang nakita niya sa ibang mga simbahan, ngunit alam niya na kakaiba at mahalaga ang iniaalok ng ipinanumbalik na ebanghelyo sa sangkatauhan.

Minsan noong naglilingkod pa siya bilang mission president, may isang lalaking nagsabi sa kanya, "Batay sa nalalaman ko, ang simbahan ninyo ay kasimbuti lang ng ibang simbahan."

"Palagay ko inakala niya na malaking papuri iyon sa atin," sabi ni Pangulong Smith. "Pero sabi ko sa kanya: 'Kung hindi mas mahalaga sa mga anak ng tao ang Simbahang ito na kinakatawan ko kaysa iba pang simbahan, nagkamali ako sa tungkulin ko rito.'"[8]

Ang isang dahilan kaya napakahalaga ng ating mensahe, pagtuturo ni Pangulong Smith, ay ang katotohanan na "ang mga Banal sa mga Huling Araw lamang ang tanging maytaglay ng awtoridad ng ating Ama sa Langit na mangasiwa sa mga ordenansa ng Ebanghelyo. Kailangan tayo ng mundo."[9]


Dahil dito, gusto ni Pangulong Smith na madama ng mga Banal sa mga Huling Araw ang "marubdob at masigasig na hangaring ibahagi sa lahat ng anak ng ating Ama ang mabubuting bagay na bukas-palad niyang ipinagkaloob sa atin."[10]

"Kung minsan," sabi niya, "pakiramdam ko ay hindi sapat ang pag-unawa natin sa kahalagahan [ng ebanghelyo], kaya hindi natin ito itinuturo nang may karampatang kasigasigan."[11]

Namasdan ng isang malapit na kaibigan kung paano nagpakita si Pangulong Smith ng "kasigasigan" sa pagbabahagi ng ebanghelyo: "Sa ilang pagkakataon nagkaroon ako ng pribilehiyong makasama sa paglalakbay sakay ng tren si Pangulong Smith. Sa bawat pagkakataon naobserbahan ko na kapag umandar na ang tren, kumukuha siya ng ilang gospel tract mula sa kanyang bag, inilalagay ito sa kanyang bulsa, at lumilibot siya sa mga pasahero. Sa kanyang magiliw at nakalulugod na paraan maya-maya ay makikipagkilala na siya sa kapwa pasahero, at hindi magtatagal ay maririnig ko na siyang nagkukuwento tungkol sa pagtatatag ni Propetang Joseph Smith sa Simbahan o

KALIWA: LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

paglalakbay ng mga Banal mula sa Nauvoo at ang mga pagsubok at hirap na dinanas nila sa pagtawid sa kapatagan papuntang Utah o kaya'y nagpapaliwanag tungkol sa ilang mga alituntunin ng ebanghelyo sa kanyang bagong kaibigan. Isa-isa niyang kinakausap ang bawat pasahero hanggang sa matapos ang biyahe. Sa buong panahon na magkasama kami ni Pangulong Smith, na umabot nang mahigit apatnapung taon, nalaman ko na saanman siya naroon, siya, una sa lahat ay isang misyonero para sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."[12]



***Ipinapakita ni Pangulong Smith ang Aklat ni Mormon kina Many Turquoise (kaliwa) at Manuelito Begay.***

### Pagtuturo sa Ating mga Anak

Taimtim na sinunod ng mag-asawang George Albert Smith at Lucy ang banal na utos na "palakihin ang [kanilang] mga anak sa liwanag at katotohanan" (D at T 93:40). Ikinuwento ng kanilang anak na si Edith ang isang pagkakataon na sinamantala ng kanyang ama ang isang pagkakataong makapagturo. Sumakay siya ng tren pauwi mula sa pag-aaral ng piyano, at nalimutan ng konduktor na kunin ang kanyang pamasahe. "Nilampasan niya ako," pagkukuwento niya, "at nakarating ako sa pupuntahan ko na hawak pa rin ang pamasahe ko, at aaminin ko na ikinatuwa ko na nalibre ako sa pamasahe.

". . . Masaya akong tumakbo kay Itay para sabihin ang maganda kong kapalaran. Nakinig siya sa kuwento ko nang buong tiyaga. Nagsisimula na akong mag-isip na napakaganda ng nangyari sa akin. . . .

"Nang matapos ang kuwento ko, sabi ni Itay, 'Pero, anak, kahit hindi ito alam ng konduktor, alam mo at alam ko at alam din ng Ama sa Langit. Kaya, tatlo pa rin tayong dapat masiyahan na makitang nagbabayad ka nang buo sa serbisyong tinanggap mo.' "

Bumalik si Edith sa kanto at binayaran ang kanyang pamasahe. Sabi niya kalaunan, "Talagang nagpapasalamat ako sa isang Ama na sapat ang karunungan para ituro sa akin ang pagkakamali ko, dahil kung nakaligtaan [o pinalampas] niya ito, iisipin ko na sang-ayon siya rito."[13]

Itinuro ni Pangulong Smith sa mga miyembro ng Simbahan na ang pagmamahal ay may kapangyarihang bigyang-inspirasyon ang ating mga anak na mamuhay nang matwid: "Turuan ang inyong mga anak na sundin ang batas ng kalinisan ng puri. Punuin sila ng pagmamahal, upang hindi sila magkaroon ng anumang hangarin na matukso sa kasamaang nakapalibot sa kanila."[14]

"Tungkulin natin—pribilehiyo pala natin at tungkulin na maglaan ng sapat na oras para pangalagaan ang ating mga anak at mahalin sila at kamtin ang kanilang pagmamahal para magalak silang makinig sa ating payo at pangaral."[15]

### Mga Walang-Hanggang Mag-anak

Mga 40 taon nang kasal sina George Albert at Lucy Smith nang magsimulang humina ang kalusugan ni Lucy. Bagaman nag-alala siya tungkol dito at sinikap na panatagin si Lucy hangga't kaya niya, madalas ay malayo sa tahanan si Pangulong Smith dahil sa kanyang mga tungkulin bilang General Authority. Isang araw matapos magsalita si Pangulong Smith sa isang burol, may nag-abot sa kanya ng isang maikling sulat na nagsasabing umuwi na siya kaagad. Kalaunan ay isinulat niya sa kanyang journal:

"Agad kong nilisan ang kapilya ngunit nalagutan na ng hininga ang Pinakamamahal kong asawa bago ako dumating sa aming tahanan. Pumanaw siya habang nagsasalita ako sa burol. Nawalan ako ng tapat na asawa at alam kong malulungkot ako dahil wala siya."

*Para kay Pangulong Smith ang pagbabahagi ng ebanghelyo ang "pinakamagandang gawin" dahil "mga Banal sa mga Huling Araw lamang ang tanging maytaglay ng awtoridad ng ating Ama sa Langit na mangasiwa sa mga ordenansa ng Ebanghelyo. Kailangan tayo ng mundo."*



“Kahit lubhang namighati ang aking pamilya,” pagsulat niya, “napanatag kami sa katiyakan na muli namin siyang makakapiling kung mananatili kaming tapat. . . . Napakabait ng Panginoon at inalis niya ang bawat sakit na dulot ng kamatayan, na labis kong pinasasalamatan.”[16]

Humugot ng lakas at kapanatagan si Pangulong Smith sa kanyang patotoo sa plano ng kaligtasan at sa mga ordenansa sa templo na nagbubuklod sa mga pamilya sa kawalang-hanggan. Itinuro niya:

“Ang katiyakan na ang ating kaugnayan dito bilang mga magulang at mga anak, bilang mga mag-asawa ay magpapatuloy hanggang sa langit, at na ito ay simula lamang ng isang dakila at maluwalhating kaharian na itinakda ng ating Ama na manahin natin sa kabilang-buhay, ay pinupuspos tayo ng pag-asa at galak.

“Kung iisipin ko, gaya ng iniisip ng marami, na ngayong wala na ang pinakamamahal kong asawa at mga magulang, nawala na sila sa akin at hindi ko na sila makikita kailanman, pagkakaitan ako nito ng isa sa mga pinakamalaking kagalakan ko sa buhay: ang isipin ko na muli ko silang makikita, at sasalubungin nila ako at mamahalin, at pasasalamatan ko sila sa kaibuturan ng aking puso para sa lahat ng bagay na nagawa nila para sa akin.”[17]

“Kapag natanto natin na ang kamatayan ay isa lamang sa mga hakbang na gagawin ng mga anak ng Diyos sa buong kawalang-hanggan, at iyon ay ayon sa kanyang plano, inaalis nito ang tibo ng kamatayan at inihaharap tayo sa katotohanan ng buhay na walang-hanggan. Maraming pamilya ang pansamantala nang nagpaalam sa kanilang mga minamahal. Kapag may namamatay, nababagabag tayo, kung tutulutan natin, at sa gayon ay naghahatid ito ng kapighatian sa ating buhay. Ngunit kung mabubuksan ang ating espirituwal na mga mata at makikita natin, mapapanatag tayo, natitiyak ko, sa ating makikita. Hindi hinahayaan ng Panginoon na mawalan tayo ng pag-asa. Sa kabilang banda binigyan niya tayo ng buong katiyakan ng walang-hanggang kaligayahan, kung tatanggapin natin ang kanyang payo at gabay habang narito tayo sa mundo.

“Hindi ito isang pangarap na walang-kabuluhan. Totoo ang mga ito.”[18]

**Pagmamahal at Paglilingkod**

Marahil ay kilalang-kilala si Pangulong Smith sa pagmamahal na ipinakita niya sa iba. Naniwala siya




*Itaas: Si Pangulong Smith kasama ang kanyang anak na si George Albert Smith Jr. Itaas: Itinampok sa isang isyu ng magasin na Time noong 1947 ang isang artikulo tungkol kay Pangulong Smith at sa Simbahan.*

na pag-ibig ang tunay na diwa ng ebanghelyo. Sinabi niya sa mga Banal, "Kung ang ebanghelyo ni Jesucristo, na ibinigay sa inyo, ay hindi nagtanim ng ganyang pagmamahal sa inyong puso para sa inyong kapwa, sinasabi ko sa inyo na hindi pa ninyo natatamasa ang kabuuan ng napakagandang kaloob na iyan na sumapit sa mundo nang itatag ang Simbahang ito." [19]

Bilang Pangulo ng Simbahan, pinagpala ni Pangulong Smith ang buhay ng libu-libo sa pamamagitan ng mga gawain at proyektong ginawa niya sa iba't ibang panig ng daigdig. Magkagayunman, may panahon pa rin siya para sa mas maliliit at personal na paglilingkod. Isinulat ng isa sa kanyang mga kasamahan, si Elder Richard L. Evans (1906–71) ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Karaniwan siyang nakikita, bago at matapos ang oras ng trabaho, na naglalakad sa mga pasilyo ng ospital, dumadalaw sa bawat silid, nagbabasbas, nagpapalakas ng loob, at nagpapasaya dahil sa di-inaasahang pagdalaw niya sa mga lugar na iyon kung saan lubos at mapagpasalamat na tinatanggap ang kanyang nakaaaliw at nakapapanatag na presensya. . . . Ugali na niyang magpunta saanman niya madama na makakatulong siya at makapagpapalakas ng loob." [20]

Ibinahagi ni Pangulong Thomas S. Monson ang halimbawang ito ng pagmamahal ni Pangulong Smith: "Isang umaga ng taglamig, inalis ng mga tagalinis ng kalsada [sa Salt Lake City] ang malalaking tipak ng yelo sa mga kanal. Ang mga regular na tauhan ay tinulungan ng mga temporaryong manggagawa na lubhang nangangailangan ng trabaho. Ang isa sa kanila ay manipis na sweater lamang ang suot at ginaw na ginaw. Isang [balingkinitang] lalaking ayos na ayos ang balbas ang naparaan sa kanila at tinanong ang manggagawa, 'Kailangan mo ng mas makapal na sweater sa ganito [kalamig] na umaga. Nasaan ang pangginaw mo?' Sumagot ang lalaki na wala siyang maisuot na pangginaw. Hinubad ng bisita ang sarili nitong pangginaw, iniabot ito sa lalaki at sinabing, 'Sa iyo na ang pangginaw na ito. Makapal na lana ito at hindi ka giginawin. Diyan lang ako nagtatrabaho sa tapat.' Ang kalsada ay South Temple. Ang mabuting Samaritanong naglakad nang walang pangginaw papasok sa Church Administration Building sa kanyang pang-araw-araw na trabaho ay si Pangulong George Albert Smith ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ipinakita ng kanyang pagiging bukas-palad ang kanyang maawaing puso. Tunay ngang siya ay tagapagbantay sa kanyang kapatid." [21]

## Ang mga Detalye ng Buhay sa Araw-araw

Nagbabahagi man ng kanyang pananampalataya sa kapwa pasahero sa tren o nagbibigay ng kanyang pangginaw sa isang trabahador sa malamig na kalye, palaging nagpapatotoo si Pangulong George Albert Smith sa pamamagitan ng kanyang mga gawa at maging sa kanyang mga turo. Ang mahalagang tema sa buong *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith* ay na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay dapat magkaroon ng malaking epekto sa ating buhay.

Tulad ng sabi ng isang nagmamasid kay Pangulong Smith: "Ang kanyang relihiyon ay hindi doktrinang puro salita lamang. Hindi ito teoriya. Para sa kanya higit pa ito sa isang magandang plano lamang na dapat hangaan. Ito ay higit pa sa isang pilosopiya ng buhay. Sa isang praktikal na taong katulad niya, relihiyon ang diwang namamayani sa buhay ng isang tao, sa paggawa niya ng mga bagay-bagay, kahit sa pagbigkas lang ng isang mabuting salita o pagbibigay ng isang baso ng malamig na tubig. Dapat niyang ipamuhay ang kanyang relihiyon. Dapat itong makita sa lahat ng aspeto ng buhay sa araw-araw." [22]

Ibinuod ni Pangulong J. Reuben Clark Jr. (1871–1961), isa sa kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan, ang buhay ni Pangulong Smith sa mga salitang ito: "Isa siya sa iilang taong masasabi ninyo na ipinamumuhay niya ang kanyang itinuturo." [23] ■


**MGA TALA**

1. John A. Widtsoe, sa Conference Report, Abr. 1951, 99; tingnan din sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith* (2011), xlii.
2. *Mga Turo: George Albert Smith,* 10.
3. Tingnan sa *Mga Turo: George Albert Smith,* 247–248.
4. *Mga Turo: George Albert Smith,* 247.
5. *Mga Turo: George Albert Smith,* 252.
6. *Mga Turo: George Albert Smith,* 252.
7. *Mga Turo: George Albert Smith,* 137.
8. *Mga Turo: George Albert Smith,* 168.
9. *Mga Turo: George Albert Smith,* 138.
10. *Mga Turo: George Albert Smith,* 142.
11. *Mga Turo: George Albert Smith,* 166.
12. Preston Nibley, sa *Mga Turo: George Albert Smith,* 135.
13. Tingnan sa *Mga Turo: George Albert Smith,* 260.
14. *Mga Turo: George Albert Smith,* 266.
15. *Mga Turo: George Albert Smith,* 253.
16. Tingnan sa *Mga Turo: George Albert Smith,* xxx.
17. *Mga Turo: George Albert Smith,* 92.
18. *Mga Turo: George Albert Smith,* 84–85.
19. *Mga Turo: George Albert Smith,* 15.
20. Richard L. Evans, sa *Mga Turo: George Albert Smith,* 13–14.
21. Thomas S. Monson, sa *Mga Turo: George Albert Smith,* 14.
22. Bryant S. Hinckley, sa *Mga Turo: George Albert Smith,* 3.
23. J. Reuben Clark Jr., sa *Mga Turo: George Albert Smith,* 3.


KALIWA: LARAWAN NI PANGULONG SMITH AT NG KANYANG ANAK SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

# MGA BATERYA AT HAGUPIT NG HANGIN



Isang araw pagkatapos ng iskedyul ko sa Idaho Falls Idaho Temple, nagboluntaryo akong ihatid ang dalawang miyembro sa kanilang sasakyan, na nakaparada sa highway malapit sa timog na bahagi ng Idaho Falls, Idaho, USA. Isang matulunging mag-asawa ang huminto sa napakalamig na araw na iyon ng Disyembre kaya tuluyang nakarating sina Brother Thompson at Brother Clark sa templo.

Alam ni Brother Thompson na kailangan na ng kotse niya ng bagong baterya. Sinamahan ko siyang bumili ng baterya sa kalapit na automotive shop, at dahil may mga kagamitan ako sa sasakyan, sinabi kong ako na ang magpapalit niyon.

Mabuti na lang at nakapagdala ako ng bagong guwantes at pangginaw. Itinaas ko ang hood ng sasakyan, at naghanda nang alisin ang lumang baterya at palitan ng bago.

Para mapalitan ang baterya, kailangang alisin ko at ilipat ang ilang piyesa ng sasakyan, kasama na ang windshield at imbakan ng tubig. Nalaman ko na hindi sukat ang mga kagamitan ko sa lahat ng mga roskas at halos hindi na maipihit ang maraming turnilyo. Gumamit ako ng iba't ibang kagamitan at sinubukan ang iba't ibang puwesto, pero hindi pa rin natanggal ang mga turnilyo. Nasa 5 degrees Fahrenheit (-15°C) na ang temperatura sa labas, at dahil sa paghaging ng maliliit na trak ay lalong naging napakalamig ng hangin. Pinanghinaan na ako ng loob.

Bumaling ako sa tanging mahihingan ko ng tulong. Nagdasal ako nang taimtim, ipinaliwanag sa Ama sa Langit ang kailangan ko at hiniling na paluwagin niya ang mga roskas at turnilyo at tulungan ako kung paano iyon gawin. Matapos akong manalangin, dinampot kong muli ang plays [pliers] at hinawakan ang matigas na turnilyo. Maluwag na ito! Tahimik at taimtim na nagpapasalamat, tinanggal ko ang turnilyo at nagpatuloy.

Maya-maya nakita ko ang isa pang roskas na matigas na nakakabit sa mas malalim na bahagi ng sasakyan. Natigilan akong muli, kaya nagdasal pa ako nang mas taimtim nang may mas malaking tiwala. Sa pagkakataong ito ipinaisip sa akin na alisin ang mga turnilyo sa ilalim at pagkatapos ay pihitin ang kinakapitan ng baterya, na ginawa ko naman. Madaling natanggal ang matigas na turnilyo. Ilang sandali pa, natanggal ko na ang lumang baterya.

Inilagay ko ang bagong baterya at gamit ang namamanhid na mga daliri ay maingat kong ibinalik ang lahat ng piyesa. Pagkatapos ay ikinabit kong muli ang mga kable. Ipinihit ni Brother Thompson ang susi at napangiti nang husto nang umandar ang makina. Buong pasasalamat kong isinara ang hood. Halos isang oras akong nasa labas, at manhid na ang mga binti ko at paa habang pahapay akong pumasok sa aking sasakyan.

Sinundan ko sina Brother Thompson at Brother Clark hanggang paguwi para masigurong maayos silang

MGA PAGLALARAWAN NI G. BJORN THORKELSON



***Gumamit ako ng iba't ibang kagamitan at sinubukan ang iba't ibang puwesto, pero hindi pa rin natanggal ang turnilyo. Pinanghinaan na ako ng loob.***

nakarating. Habang nagmamaneho, napakaginhawa ng init mula sa heater ng aking sasakyan habang unti-unti nang nainitan ang mga pa'a't binti ko. Pinasalamatan ko nang lubos ang Ama sa Langit sa Kanyang pagtulong sa akin. Ipinaalam din sa akin na sinagot Niya ang panalangin ng mga kapatid na ito sa pamamagitan ng pagpapadala sa akin bilang Kanyang tagapaglingkod. Sa Kanyang napakagandang paraan tinugon Niya ang kanilang pangangailangan at muling pinagtibay ang aking pananampalataya. ■

C. Lee Bendixsen, Idaho, USA

# ISANG MAHALAGANG PAG-AARI

Dati akong nagtatrabaho sa isang customer service call center kung saan imposibleng palaging magsama-sama ang mga empleyado. Nagpasiya ang aming supervisor na magkaroon ang buong grupo ng salu-salo sa pananghalian isang araw ng Sabado upang mabigyan kami ng pagkakataong magkakila-kilala. Sinabihan niya kaming magdala ng ilang bagay na mahalaga sa amin at ipaliwanag kung bakit iyon mahalaga.

Habang pinag-iisipan ko ang kanyang kahilingan, natanto kong pagkakataon na ito upang ituro sa mga kasama ko sa trabaho ang tungkol sa ebanghelyo. Dahil maselang paksa ang relihiyon, alam kong kailangan kong maging maingat hinggil sa bagay na aking dadalhin at kung paano ko ipaliliwanag ang kahalagahan nito sa akin.

Nang sumapit na ang araw ng pananghalian, nasiyahan kaming lahat na makilala ang isa't isa. Pagkatapos ng tanghalian sinimulan na ng aming supervisor ang aming aktibiti sa pamamagitan ng pagpapakita ng bagay na mahalaga sa kanya—isang photo album ng pamilya. Sinabi niya sa amin ang hirap na dinanas niya nang makipaghiwalay siya sa kanyang asawa, ang pagiging single mother, at pagsisimulang muli.

Pagkatapos ng iba, ako naman ang nagbahagi. Sinabi ko sa mga ka-trabaho ko na ang sa akin naman ay isang bagay na dala-dala ko araw-araw: ang aking singsing na PAT. Sinabi ko sa kanila na ang ibig sabihin ng mga letra ay "Piliin ang Tama" at ang singsing ay nagpapaalala sa akin na palaging sundin ang mga utos ng Diyos. Nagtanong ang ilang tao tungkol sa Simbahan at sa mga pinaniniwalaan ng mga Banal sa mga Huling Araw, na nagbigay sa akin ng pagkakataon na sabihin sa kanila ang kahalagahan ng mga pamilya sa plano ng ating Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak, na ang mga pamilya ay maaaring maging walang-hanggan, at mayroon tayong Tagapagligtas na nag-alay ng Kanyang buhay para sa atin. Nagbahagi rin ako ng ilang karanasan mula sa aking misyon. Habang nagsasalita ako, nadama ko, at gayon din ng aking mga ka-trabaho, ang Espiritu.


Pagkatapos ng araw na iyon, may ilan pang nagtanong tungkol sa ebanghelyo, at inanyayahan ko ang ilan sa kanila na sumama sa Simbahan. Kalaunan ay lumipat na ako ng trabaho at hindi ko na nalaman kung mayroon sa kanila na naging interesado na matuto pa, ngunit maganda ang aking naging pakiramdam dahil alam kong nasabi ko sa kanila na ang totoong Simbahan ni Jesucristo ay nasa lupa at ang Ama sa Langit ay mayroong plano ng kaligayahan para sa Kanyang mga anak.

Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, tayo ay may responsibilidad na ibahagi ang ebanghelyo. Sa pamamagitan ng maliliit at simpleng bagay tulad ng singsing na PAT, maaari tayong makapagturo ng mga dakilang aral na makatutulong sa kaligtasan ng ating mga kapatid. ■

Rafael Barrios, Santa Fe, Argentina

***Dahil maselang paksa ang relihiyon, alam kong kailangan kong maging maingat hinggil sa bagay na ibabahagi ko.***





***Nang maupo ako sa sopa, na lungkot na lungkot, ang aming dalawang taong gulang na anak na lalaki ay lumapit sa kumot na walang laman at bumulong, "Hello, bunso."***

# BASAHIN ANG IYONG AKLAT NI MORMON

Dapat sana'y puspos kami ng kagalakan, ngunit mabigat ang aming mga puso at wala kaming nakamtan. Si Debra Caelia Carter ay isinilang sa takdang araw, Abril 26, 2010, ngunit wala siyang buhay.

Habang naglalakad kami papasok sa aming tahanan, dala-dala ko ang munting kulay-rosas na kumot na ginamit namin sa pagkarga at pagyakap kay Debra sa ospital. Nang maupo ako sa sopa, na lungkot na lungkot, ang aming dalawang taong gulang na anak na lalaki ay lumapit sa kumot na walang laman at bumulong, "Hello, bunso. Mahal kita."

Dumaloy ang mga luha sa aking pisngi, at lumingon ako palayo. Paglingon ko, nakita ko ang mga salita ng isang poster mula sa magasin na *Friend* na nakasabit sa dingding: "Isang dasal lamang ang layo ng ating Ama sa Langit, at ang Espiritu Santo ay isang bulong lamang ang layo."[1]

Sinimulan kong ibuhos ang nilalaman ng aking puso sa Diyos sa pamamagitan ng tahimik at taimtim na panalangin. Nang gawin ko ito, nadama kong bumulong ang Espiritu Santo, "Basahin mo ulit ang iyong Aklat ni Mormon." Katatapos ko lamang basahin ito, ngunit malinaw ang aking nadama at nahiwatigan.

Paggising ko nang maaga kinabukasan, sinimulan kong basahin ang Aklat ni Mormon. Gumamit ako ng mga lapis at marker para i-highlight ang bawat talatang tungkol sa pananampalataya, panalangin, pag-asa, mga katangian ni Jesucristo, pangangaral ng ebanghelyo, at pakikinig sa tinig ng Panginoon. Alam ko na kailangan kong gawin ang ginawa nina Nephi, Enos, Moroni, at iba pang mga propeta sa Aklat ni Mormon nang dumanas sila ng mga pagsubok. At kailangan ko itong gawin nang may gayon ding pagmamahal sa Tagapagligtas na pumuspos sa kanilang buhay sa panahon ng paghihirap.

Sa araw-araw na personal na pag-aaral na ito ng banal na kasulatan, nadama ko ang mapagmahal na yakap ng Panginoon, at nadama ko ang kapangyarihan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo para sa lahat. Nangusap sa akin ang Espiritu, nabalot ako ng kapayapaan, at sinagot ang aking taimtim na mga panalangin. Ang pagninilay sa mga salitang nabasa ko ay nagbigay sa akin ng lakas sa aking pagdadalamhati.

Isang araw pinuspos ako ng kaligayahan ng Espiritu habang binabasa ko ang mga salitang ito:

"Mahal ko ang maliliit na bata nang ganap na pag-ibig; at silang lahat ay magkakatulad at mga kabahagi sa kaligtasan. . . .

"Ang maliliit na bata . . . ay buhay na lahat sa [Diyos] dahil sa kanyang awa. . . .

"Sapagkat masdan, *ang lahat ng maliit na bata ay buhay kay Cristo"* (Moroni 8:17, 19, 22; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Nadama ko na para bang nakikita ko ang aking anak na *buhay* kay Cristo—nakangiti at masaya at yakap Niya. Mula nang sandaling iyon nadama ko ang lakas na magtiis, at nakadama ako ng bagong pag-asa sa aking kaluluwa para sa aking pamilya. Alam ko na kung hahawak kami nang mahigpit sa Pagbabayad-sala, sa mga banal na kasulatan, sa mga salita ng mga buhay na propeta, at sa isa't isa sa pamamagitan ng aming mga tipan sa templo, kami ay muling magkakasama bilang isang pamilya magpakailanman.

Mahal ko ang Aklat ni Mormon, na malinaw na nagpapatotoo kay Jesucristo, sa ginawa at ginagawa Niya para sa atin, at kung ano ang kailangan nating gawin upang maging katulad Niya. Ang Aklat ni Mormon ay naghahatid ng liwanag sa aking buhay at pinupuspos nito ang aking puso ng pag-asa kay Cristo. ■

Jewelene Carter, Virginia, USA

**TALA**

1. Mula sa Elaine S. Dalton, "Sa Lahat ng Panahon, sa Lahat ng Bagay, at sa Lahat ng Lugar," *Liahona,* Mayo 2008, 118.

# ANG SAPATOS NI ITAY

Ilang taon na ang nakalilipas habang tinutulungan ng aking mga magulang ang Relief Society na ayusin ang ilang damit, sapatos, at iba pang mga kagamitan upang ibigay sa mga nangangailangan, napansin ng tatay ko ang isang pares ng maayos na sapatos sa gitna ng mga nakatambak na kagamitan. Nang sandaling iyon ay nakadama siya ng malakas na impresyon na itabi ang sapatos.

Tumawa si Inay at sinabing, "Tatlong size ang liit sa iyo ng sapatos na ito. Ni hindi nga ito magkakasya sa iyo!"

Gayunman nagpumilit pa rin si Itay. Matapos ang ilang pagbibiro ng kababaihan, sa wakas ay pinayagan na rin nilang kunin niya ang sapatos.

Pagkadating niya sa bahay, nilinis niya ito, pinasakan ng diyaryo, at inilagay sa isang kahon sa ibabaw ng kanyang kabinet. Sinabihan kaming huwag gagalawin ang kahon. Sa loob ng limang taon ay nanatili ito sa lugar ding iyon.

Isang araw may bagong lipat na pamilya sa katabing bahay namin. May dalawa silang anak at isang anim na buwang gulang na sanggol. Kaagad na naging mga kaibigan namin ng kapatid kong babae ang dalawa nilang anak na babae, na mga kaedad din namin. Ibinahagi namin sa mga bago naming kaibigan ang natututuhan namin sa simbahan, at niyaya namin silang sumama sa Primary. Tuwang-tuwa sila at sabik na malaman pa ang tungkol sa mga ibinahagi namin sa kanila.

Nang makauwi na mula sa Primary, hindi sila tumigil sa pagkukuwento sa kanilang mga magulang tungkol sa Simbahan. Pagkatapos ay inanyayahan ng aming mga magulang ang buong pamilya na pakinggan ang itinuturo ng mga misyonero at magsimba. Malugod nila itong tinanggap. Gustung-gusto nila ang mga lesson, at sabik kaming makasama sila sa pagsisimba.


Ngunit nang sumapit ang Sabado, parang malungkot ang kanilang mga anak na babae. Nang tanungin namin kung ano ang problema, sinabi nila na ayaw na ng mga magulang nila na magpunta sa simbahan.

Nalungkot kami at hiniling namin kay Itay na kausapin ang kanilang mga magulang. Nang sabihin niya sa kanila ang tungkol sa mga pagpapalang dulot ng pagsisimba, sumagot ang ama, "Oo, alam ko ang lahat ng ito. Ang problema ay matagal na akong hindi nagsusuot ng ibang sapatos maliban sa sneakers ko, at alam kong dapat nakabihis kami nang maayos sa pagpunta sa mga miting ng Simbahan."

Nang sandaling iyon ay tumingin si Itay kay Inay. Alam na ni Inay ang gagawin. Ang sapatos na nasa kahon sa ibabaw ng kabinet ni Itay ay kasyang-kasya sa tatay ng aming mga kaibigan, at nakapagsimba ang buong pamilya. Napakagandang Linggo niyon para sa kanila at sa amin. Hindi nagtagal sila ay naging mga miyembro ng Simbahan, at ngayon sila ay isang magandang pamilyang walang-hanggan.

Alam kong nakatanggap si Itay ng patnubay mula sa Espiritu Santo na itabi ang sapatos na iyon. Bunga niyon, palagi kong hinahangad ang Kanyang patnubay sa paghahanap ng mga pamilyang handang makinig sa ebanghelyo. Alam kong may inihahanda Siyang mga pamilya, at alam kong kailangan natin silang hanapin at dalhin kay Cristo. ■

Priscilla Costa Xavier, São Paulo, Brazil



***Nakadama si Itay ng matinding impresyon na itabi ang sapatos kahit na natawa si Inay at sinabing, "Tatlong size ang liit sa iyo ng sapatos na ito."***

# TUMINGALA SA LANGIT

*Ang hamon sa ating lahat ngayon ay huwag tumingin sa paligid para makita kung ano ang palagay ng iba sa pamumuhay natin kundi tumingala sa langit para malaman kung ano ang nakikita sa atin ng Ama sa Langit.*



MGA PAGLALARAWAN NI MATTHEW REIER

Ni Elder
Carl B. Cook
Ng Pitumpu



Noong binata pa ako tinawag ako na magmisyon sa Hamburg, Germany. Sa Language Training Mission—ang sinundan ng ngayo'y missionary training center—nahirapan akong pag-aralan ang wika. Paglipas ng dalawang linggo, napansin ko na mas mabilis matuto ang ibang kasama ko sa district. Samantalang nakaabot na sila sa mas mahihirap na salita, ang aking *die*s, *der*s, at *das* es ay parang walang mararating.

Nag-alala na ako—at pinanghinaan ng loob. Paano ako makapagmimisyon nang maayos kung hindi ko kayang makipag-usap sa mga taong tuturuan ko?

Nagdasal ako para humingi ng tulong at humingi ng priesthood blessing, na nakapagpanatag sa akin. Pero patuloy pa rin akong nahirapan, at isang araw lalong nadagdagan ang pag-aalala ko. Habang naglalakad kami ng kompanyon ko sa pasilyo, huminto ako sa tapat ng lagayan ng mga panlinis. Nagpahintay ako sandali sa kompanyon ko. Sumiksik ako sa munting silid na iyon at lumuhod sa panlampaso. Nagsumamo ako sa Ama sa Langit na tulungan ako.

Sinagot ng Panginoon ang panalanging iyon. Pumasok sa isipan ko ang mga salitang ito: "Hindi kita tinawag para magpakadalubhasa sa wikang Aleman. Tinawag kita para maglingkod ka nang iyong buong puso, isipan, at lakas."

Kaagad kong naisip, "*kaya kong gawin iyan*. Kaya kong maglingkod nang buong puso, isipan, at lakas. Kung iyan ang dahilan ng pagtawag sa akin ng Panginoon, *kaya kong gawin iyan*." Tumayo ako na magaan na ang pakiramdam.

Magmula nang sandaling iyon, nabago na ang pamantayan ko sa aking progreso. Hindi ko na sinusukat ang aking progreso at tagumpay batay sa progreso ng kompanyon ko o ng ibang miyembro sa district. Sa halip, nagtuon ako sa sasabihin ng Panginoon sa ginagawa ko. Sa halip na tumingin sa tagiliran ko para ikumpara ang aking sarili sa iba, tumingala ako, sabi nga, para malaman kung ano ang iniisip *Niya* sa aking mga ginagawa.

Hindi ko alam kung natutuhan ko nang mas mabilis ang wika simula noon, pero hindi ko na naramdaman ang mga dati kong inaaalala. Alam ko kung ano ang gustong ipagawa sa akin ng Panginoon, at nasasaakin na kung gagawin ko iyon.

Sinimulan kong humingi ng payo sa aking Ama sa Langit sa umaga, na sinasabi sa Kanya na hindi ko alam kung ano ang mangyayari sa akin sa maghapon pero gagawin ko ang lahat ng aking makakaya. "Anuman po ang matututuhan ko, itulot po Ninyong matutuhan ko iyon," ang panalangin ko, "pero kahit anuman ang mangyari, ibibigay ko po sa Inyo ang buong kakayahan ko ngayon."

Sa gabi, nagdarasal akong muli para ireport ang lahat ng pinag-aralan ko at ginawa. Sinasabi ko sa aking Ama sa Langit ang mga pagsisikap ko at ang mga tagumpay ko. Nagsimula akong bumaling sa Kanya—hindi sa iba o ni sa sarili ko—para alamin ang aking progreso.

Ang aral na iyan na natutuhan ko sa munting silid na iyon na



lagayan ng panlinis mahigit 35 taon na ang nakararaan ay nanatili sa buong buhay ko, sa mga tungkulin at gawaing iniatas sa akin. Sa tuwing may ipinagagawa sa akin na parang hindi sapat ang kakayahan ko upang magawa ito, inaalala ko ang karanasang iyon at sinasabi sa sarili ko, "Sandali. Sino ang tumawag sa iyo? Sino ang pinaglilingkuran mo? Sino ang gusto mong pasayahin?"

Ang mundong ginagalawan natin ngayon ay may iba't ibang uri ng pamantayan—karamihan sa mga ito ay hindi angkop sa atin. Palagay ko ang gayong mga pamantayan ay lalong nakapipinsala sa mga dalaga't binata. Pumapasok ka sa paaralan at nakakakuha ng grado, ngunit hindi nakikita riyan ang iba pang nararanasan mo sa iba mo pang klase o ang nangyayari sa pamilya mo o sa buhay mo. Kung minsan hinuhusgahan tayo batay sa hitsura natin o kaya'y sa klase ng sasakyang minamaneho natin. Maaaring sinusukat natin ang halaga ng ating sarili batay sa dami ng mga kaibigang naglalagay ng mensahe sa ating webpage. Nag-aalala tayo sa sasabihin ng iba tungkol sa kadeyt natin o sa iisipin ng tao kapag nag-asawa tayo nang hindi pa tayo tapos sa pag-aaral. Madaling matukso na piliting kamtin ang papuri ng iba, ngunit hindi natin mapagkakatiwalaan ang pamantayan ng mundo; ang mundo ay mabilis pumuri at mabilis ding humusga.

Palagay ko ang hamon sa ating lahat ngayon—marahil lalo na sa mga kabataan—ay ang sikaping huwag tumingin sa paligid para makita kung ano ang palagay ng iba sa pamumuhay natin kundi tumingala sa langit para malaman kung ano ang nakikita sa atin ng Ama sa Langit. Siya ay hindi tumitingin sa panlabas na anyo kundi sa puso (tingnan sa 1 Samuel 16:7). At alam Niya, nang higit kaninuman, ang kailangan ng bawat isa sa atin.

Kung gayon, paano tayo "titingala sa langit"? Narito ang ilang alituntuning makatutulong.

### Kumuha ng Espirituwal na Lakas

Makakakuha tayo ng espirituwal na lakas na kailangan natin sa paggawa ng desisyon kapag sinisimulan natin ang bawat araw sa personal na panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Kasama sa panalanging iyan ang hiling na masunod natin ang plano ng Diyos para sa atin. Bagaman hindi natin nakikita ang buong plano, maaari nating hilinging masunod natin ang bahagi ng plano na darating sa araw na iyon. Kung masunurin tayo, makikita natin ang mga ibubunga ng pagpili nating sundin Siya. Makakakilos tayo ayon sa ipinadama sa atin. At magagawa natin ang mahihirap na bagay at magawa ito, sa tamang dahilan, anuman ang kinakailangan.

### Manatiling Masunurin sa Tagubiling Natatanggap Ninyo

Maaari tayong "tumingala sa langit" sa pamamagitan ng palaging pagsunod sa mga tagubiling natatanggap natin mula sa mapagmahal na Ama sa Langit sa personal na paghahayag. Kung minsan hihimukin tayo ng iba na huwag sundin ang natatanggap natin, at kahit maganda ang kanilang mga intensyon, dapat nating sundin ang nadarama natin.

Kaming mag-asawa ay may anak na full time missionary sa Spain. Nagtapos ng high school ang anak naming iyon sa New Zealand, habang naglilingkod ako bilang mission president. Noong siya ay 21 anyos na, sabi niya, "Itay, Inay, palagay ko dapat po akong magmisyon." Natuwa naman

***Maaari tayong "tumingala sa langit" sa pamamagitan ng palaging pagsunod sa mga tagubiling natatanggap natin mula sa mapagmahal na Ama sa Langit sa personal na paghahayag.***



kami sa matwid na desisyong ito, ngunit dahil isang sakripisyo na ang malayo siya sa mga kaibigan at pamilya noong tinedyer pa siya, sinabi ko sa kanya, “Nakapagmisyon ka na.”

Ngumiti siya at sinabi, “Hindi po, Itay, *kayo* ang nakapagmisyon. Ngayon *ako* naman po ang aalis para maglingkod sa Panginoon.”

“OK,” at ngumiti ako. “Magmisyon ka. Sundin mo ang nadarama mo.”

Ngayon ay napakasaya ko na hindi lamang niya pinaglilingkuran ang kanyang Ama sa Langit at Kanyang mga anak sa Spain kundi sinusunod din niya ang ipinadama sa kanya. Ni hindi niya ako hinayaan—bilang kanyang nagmamalasakit na magulang—na kumbinsihin siyang gawin ang anuman maliban sa bagay na alam niyang akma sa kanya at sa plano ng Ama sa Langit para sa kanya.

### Huwag Matakot Kumilos

Dahil mahalagang malaman ang plano ng Ama sa Langit para sa ating buhay, kung minsan ay masyado nating inaalam ang bawat detalye, mula simula hanggang katapusan, at dahil doon ay natatakot tayong kumilos. Huwag mahulog sa patibong na ito. Pumili nang tama gamit ang pinakamahusay ninyong pagpapasiya at magpatuloy sa buhay. Nabibiyayaan tayo habang nagpapasiya tayo. Huwag matakot magpasiya dahil sa takot ninyong magkamali. Huwag matakot na sumubok ng mga bagong bagay. Sa paggawa nito, magagalak kayo sa paglalakbay sa buhay.


### Manatili sa Iyong Tungkulin

Noong nakatira pa ang pamilya namin sa New Zealand, kung minsan ay nahihirapan kami sa dami ng mga pagsubok na nararanasan ng mga investigator, bagong miyembro, misyonero, at iba pa. Madalas nagdarasal kami para makatanggap ng sagot—at umaasang matatanggap namin iyon *kaagad!*

Kailangan nating lahat ng tulong. At kung minsan ang solusyong hinahanap natin ay *talagang* mabilis na dumarating. Ngunit kung minsan dumarating ito sa mga paraang hindi natin inaasahan. O kaya'y dumarating ito nang mas matagal kaysa inaasahan natin. At paminsan-minsan, para bang, hindi na ito dumarating.

Sa gayong mga pagkakataon, “manatili sa iyong tungkulin” hanggang sa magpadala ng tulong ang Panginoon gaano man iyon katagal. Ngunit ang pananatili sa iyong tungkulin ay hindi nangangahulugan na hindi ka na kikilos. Tulad nang binanggit ko, huwag matakot kumilos. Ipagpatuloy ang paggawa ng mabuti. Patuloy na sundin ang mga kautusan. Ipagpatuloy ang pagdarasal at pagaaral at paggawa nang buong husay hanggang sa makatanggap kayo ng karagdagang tagubilin. Huwag iwan ang inyong tungkulin. Sa Kanyang panahon itutulot ng Panginoon na magkatugma-tugma ang lahat ng bagay para sa inyong ikabubuti.

Ang “pagtingala sa langit” ay nagpala sa aking buhay nang maraming beses matapos ang karanasan kong iyon sa Language Training Mission. Tulad nang paliwanag ni Mormon sa Helaman 3:27, “Ang Panginoon ay maawain sa lahat ng yaon na, sa katapatan ng kanilang mga puso, ay nananawagan sa kanyang banal na pangalan.” Nadama at naranasan ko ang Kanyang awa at pagmamahal. Alam kong ang Kanyang awa ay darating sa ating lahat kapag tayo ay naniniwala at nananawagan sa Kanyang pangalan. ■



### ASAMING MAPUNTA SA LANGIT

“Ang pagpunta sa langit ay dapat panghabambuhay nating mithiin. May ilang taong hangal na tinatalikuran ang karunungan ng Diyos at sinusundan ang pang-aakit ng pabagu-bagong estilo, ng mapanuksong huwad na kabantugan, at ng panandaliang kasiyahan. Natutulad ang kanilang asal sa kaawa-awang karanasan ni Esau, na ipinagpalit ang kanyang pagkapanganay sa pagkain.


“At ano ang mga ibinubunga ng gayong gawain? Ako ay nagpapatotoo sa inyo ngayon na ang paglayo sa Diyos ay humahantong sa paglabag ng mga tipan, pagkasira ng mga pangarap, at pagkabigo. Ang mga kumunoy na iyon ang isinasamo kong iwasan ninyo. Kayo ay mula sa marangal na angkan. Ang buhay na walang-hanggan sa kaharian ng ating Ama ang inyong mithiin.

“Ang gayong mithiin ay hindi natatamo sa minsanang pagsisikap kundi ito ay bunga ng habambuhay na pamumuhay nang matwid, ng pagpili nang tama, maging ng katapatan sa layunin at matataas na pamantayan.

“Sa gitna ng kaguluhan ng ating panahon, ng pagkakaiba-iba ng opinyon, at ligalig ng araw-araw na pamumuhay, ang di natitinag na pananampalataya ang magsisilbing angkla ng ating buhay.”

**Pangulong Thomas S. Monson, “Guideposts for Life's Journey” (Brigham Young University devotional address, Nob. 13, 2007), 3, speeches .byu.edu.**

# Tuwirang **Sagot**



## Bakit napakatindi ng **panghihikayat** sa mga binata **na magmisyon?** Hindi ba sariling desisyon nila iyon?

Ang sariling desisyon na dapat gawin ng bawat binata ay kung gagampanan niya o hindi ang kanyang tungkulin sa priesthood na magmisyon. Tulad ng sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: “Lahat ng karapat-dapat, may-kakayahang maglingkod na kabataang lalaki ay maghanda na magmisyon. Ang gawaing misyonero ay isang tungkulin sa priesthood—isang obligasyon na inaasahan ng Panginoon sa atin na nabiyayaan nang lubos. Mga kabataan, hinihikayat ko kayong maghandang maglingkod bilang misyonero” (“Sa Pagkikita Nating Muli,” *Liahona,* Nob. 2010, 5–6).

Ang paghahanda para sa misyon ay bahagi ng karanasan ng isang binata sa Aaronic Priesthood. Tungkulin niya ito, at dapat niyang madama ang lubos na kahalagahan ng tungkuling iyan. Mangyari pa, hindi siya dapat magmisyon dahil lamang sa ito ay inaasahan o dahil napipilitan siya; dapat siyang maglingkod dahil nais niyang ibahagi sa iba ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.

Ngunit kapag nanalangin siya tungkol sa pagmimisyon, dapat niyang alalahanin na nang tanggapin niya ang priesthood, tinanggap na niya ang sagradong responsibilidad na siya ay “magbababala, magpapaliwanag, manghihikayat, at magtuturo, at mag-aanyaya sa lahat na lumapit kay Cristo” (D at T 20:59), kabilang na ang paglilingkod bilang full-time missionary. Kung hindi makapaglingkod ang mga binata dahil sa mahinang kalusugan o kapansanan, makatwiran na hindi sila magmisyon. ■



## May mga **anghel ba na tagapagbantay?** Mayroon bang nagbabantay sa akin?

Ang katagang “anghel na tagapagbantay” ay hindi ginamit sa mga banal na kasulatan, sa halip, ang mga anghel ay binabanggit na “[nag] lilingkod” (tingnan sa Omni 1:25; Moroni 7:22–29). “Ang mga anghel ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo” (2 Nephi 32:3) at karaniwang kabahagi sa misyon ng Espiritu Santo na aluin, gabayan, pangalagaan ang matatapat, at ihayag at pagtibayin ang katotohanan. Sa gayon, ang Espiritu Santo ay maituturing na anghel na tagapagbantay.

Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Mula pa sa simula hanggang sa sumunod na mga dispensasyon, gumamit ng mga anghel ang Diyos . . . para iparating ang Kanyang pagmamahal at pag-aalala sa Kanyang mga anak. . . . Nakikita man o hindi *lagi* silang naririyan” (“Ang Ministeryo ng mga Anghel,” *Liahona,* Nob. 2008, 29).

Hindi inihayag ng Panginoon kung may anghel na nakatalagang magbantay sa isang tao, ngunit makatitiyak kayo na makadarama kayo ng pangangalaga at kaaliwan mula sa langit.

Kung mananampalataya kayo, mapapasainyo ang tulong ng Diyos, kasama na riyan ang mga anghel na ipinadadala upang palakasin at panatagin kayo at bigyan kayo ng tapang na gawin ang tama. ■

PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY; DETALYE MULA SA *LUBOS KANG PINAGPALA SA LAHAT NG BABAE,* NI WALTER RANE © IRI

---

## Ano ang palagay o pananaw ng Simbahan tungkol sa homoseksuwalidad? OK lang bang **makipagkaibigan** sa mga taong **may damdaming homoseksuwal?**

Hindi sang-ayon ang Simbahan sa homoseksuwal na pag-uugali, at inuunawa at iginagalang natin ang mga taong naaakit sa kapwa lalaki o kapwa babae.

Kung may kakilala kayo na naaakit sa kapwa nila lalaki o babae, sundin ang gayon ding mga alituntuning ginagawa ninyo sa iba ninyong mga pakikipagkaibigan: “Piliing mabuti ang inyong mga kaibigan. Malaki ang magiging impluwensya nila sa inyong pag-iisip at pagkilos, at maging sa kahihinatnan ng inyong pagkatao. Pumili ng mga kaibigang kapareho ninyo ang mga pinahahalagahan upang mapalakas at mahikayat ninyo ang isa’t isa na ipamuhay ang mataas na pamantayan. Ang tunay na kaibigan ay hihikayatin kayong magpakahusay. . . . Pakitunguhan ang lahat nang may kabaitan at paggalang” (*Para sa Lakas ng mga Kabataan* [buklet, 2002], 12).

Itinuturo ng Simbahan na ang kasarian ng tao ay may layunin sa plano ng Ama sa Langit. Para maging masaya tayo at maisakatuparan natin ang layuning iyon, inutusan tayong ipamuhay ang batas ng kalinisang-puri. Ang homoseksuwal na pag-uugali ay salungat sa layuning iyon at labag sa mga utos ng Diyos.

Gayunman, kung naaakit ang isang tao sa kapwa niya lalaki o babae at hindi siya nagpatangay sa damdaming iyon, hindi siya nagkasala. Isa lang ang pamantayan ng Simbahan sa moralidad para sa lahat, kahit kanino pa naaakit ang isang tao. Hindi kukunsintihin ng Panginoon o ng Kanyang Simbahan ang anumang asal na labag sa Kanyang mga batas. Muli, kinasusuklaman natin ang imoral na pag-uugali, hindi ang tao. ■

*Para sa iba pang impormasyon tungkol sa paksang ito, basahin sa Elder Jeffrey R. Holland, “Pagtulong sa mga Taong may Problema sa Pagkaakit sa Kapwa Nila Lalaki o Kapwa Nila Babae,”* Liahona, *Okt. 2007, 40.*



**Ni Elder Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol



# PAGTUPAD NG MGA TIPAN

## ISANG MENSAHE PARA SA MGA MAGMIMISYON

*Ang susi sa gawaing ito ay nasa pagtupad ng ating mga tipan. Wala nang iba pang paraan upang makamtan at maipakita ang mga kapangyarihan ng kabanalan.*

Magsasalita ako sa inyo tungkol sa malaking kahalagahan ng pagtupad ng mga tipan—ang pagtupad ko sa aking mga tipan at ang pagtupad ninyo sa inyong mga tipan. Bagama't talagang bahagi nito ang pagsunod, ang paksang ito ay mas malawak kaysa pagtalakay tungkol sa pagsunod. At ito ay napakapersonal na paksa.

Sa isang banda ito ang pinakamahalagang bagay na mapag-uusapan natin sa plano ng ebanghelyo, dahil tanging ang mga gumagawa ng mga tipan at tumutupad ng mga tipan ang maaaring makatanggap ng pinakamataas na mga pagpapala ng kahariang selestiyal. Oo, kapag pinag-uusapan natin ang

tungkol sa pagtupad ng tipan, pinag-uusapan natin ang puso at pinakadiwa ng ating layunin sa mortalidad.

### Pagtatatag ng Kaharian sa Pamamagitan ng Bawat Tipan

Ang tipan ay isang may bisang espirituwal na kasunduan, isang taimtim na pangako sa Diyos na ating Ama na mamumuhay at mag-iisip at kikilos tayo sa isang partikular na paraan—ang pamamaraan ng Kanyang Anak, ang Panginoong Jesucristo. Bilang kapalit, ipinapangako sa atin ng Ama, Anak, at Espiritu Santo ang ganap na kaluwalhatian ng buhay na walang-hanggan.

Para sa akin, nakakatuwa na ang mga tipan ay personal na ginagawa ng bawat isa sa atin. Mayroong tipan sa binyag at kumpirmasyon, na siyang nagpasimula sa pagtahak natin sa landas tungo sa buhay na walang-hanggan. Ang mga ordenansang iyon ay isinasagawa sa bawat tao, sa bawat isa, kahit gaano pa karami ang tatanggap sa mga ito.

Mayroong tipan sa pagtanggap ng mga kalalakihan sa priesthood. Ang paggawad ng priesthood ay palaging paisa-isang ibinibigay.

Ang pinakamataas na mga tipan na magagawa natin ay nasa loob ng templo. Doon natin ginagawa ang ating pinakataimtim na mga pangako sa ating Ama sa Langit at doon Niya lubos na ipinaaalam sa atin ang tunay na kahulugan ng Kanyang mga pangako sa atin. Minsan pa, ito ay mga karanasan ng bawat isa, kahit na nagpupunta tayo sa templo upang mabuklod sa iba pang mga indibiduwal.


Sa ganyang paraan itinatayo ang kaharian ng Diyos—isa-isang ibinibigay ang tipan sa bawat tao, lahat ng ating paglalakbay sa buhay na ito ay humahantong sa mga tipan ng banal na templo.

### Ang Ginagampanan ng mga Tipan sa Templo

Napakahalagang maunawaan ninyo na ang pagpunta sa templo para sa sarili ninyong endowment, kabilang na ang banal na mga ordenansa na maghahanda sa inyo para sa endowment na iyon ay mahalagang bahagi ng inyong paghahanda sa misyon at pangakong magmisyon.

Sa pagpunta ninyo sa templo, mauunawaan ninyo ang kahalagahan ng mga tipan sa templo, ang hindi mapaghihiwalay na pagkakaugnay ng inyong endowment doon at ng inyong tagumpay bilang misyonero.

Sa katunayan, ang salitang *endowment* ay nagpapahiwatig ng diwa ng mahalagang pagkakaugnay na iyon. Ang endowment ay isang kaloob. Ang salitang-ugat nito





MGA PAGLALARAWAN NINA MATTHEW REIER AT CHRISTINA SMITH

ay gaya ng *dowry,* na isang espesyal na regalo para makapagsimula ang bagong kasal sa kanilang buhay mag-asawa. Noong ako pa ang pangulo ng Brigham Young University, nag-ukol ako ng panahon sa pagsisikap na dagdagan ang pondo ng unibersidad, ang kabang-yaman ng mga donasyong bigay ng mabubuting tao.

Ganyan ang ginagawa ng Diyos sa atin sa tuwing nakikipagtipan tayo sa Kanya. Siya ay *nagkakaloob* sa atin. Nangangako tayong gagawin ang ilang bagay, batay sa ordenansa, at nangangako Siya ng mga espesyal na kaloob bilang kapalit—napakagagandang kaloob, hindi mabigkas na mga kaloob, halos hindi maunawaang mga kaloob. Kaya't sinasabi ko sa inyo gaya ng pagsasabi ko sa sarili ko—kung talagang gusto nating magtagumpay sa ating mga tungkulin, kung gusto nating makamtan ang bawat tulong at bawat benepisyo at bawat pagpapala mula sa Ama, kung gusto nating mabuksan ang pintuan ng langit sa atin upang matanggap ang mga kapangyarihan ng kabanalan, kailangan nating tupdin ang ating mga tipan!

Alam ninyong hindi ninyo magagawa ang gawaing ito nang mag-isa. Kailangan natin ang tulong ng langit; kailangang mapasaatin ang *mga kaloob* ng Diyos. Itinuro Niya ito sa simula pa lamang ng gawain sa dispensasyong ito. Sa pagtuturo tungkol sa "pagkatubos ng Sion," sinabi ng Panginoon:

"Nang sila sa kanilang sarili ay maging handa, at ang aking mga tao ay maturuan nang mas ganap, at magkaroon ng karanasan, at makaalam nang mas ganap hinggil sa kanilang tungkulin, at ang mga bagay na aking hinihingi sa kanilang mga kamay.

"At ito ay hindi maaaring maisakatuparan hanggang sa ang aking mga elder ay mapagkalooban ng kapangyarihan mula sa itaas.

"Dahil masdan, ako ay naghanda ng dakilang kaloob at pagpapala na ibubuhos sa kanila, yayamang sila ay matapat at magpapatuloy sa pagpapakumbaba sa aking harapan" (D at T 105:10–12).


Napakabigat ng gawaing ito at napakatindi ng pagsalungat dito ng kalaban kung kaya't kailangan natin ang bawat banal na kapangyarihan upang mapaigi ang ating pagsisikap at patuloy na maisulong ang Simbahan. Ang susi diyan para sa bawat isa sa atin ay ang tipan na ginagawa natin sa loob ng templo—ang pangako nating sumunod at magsakripisyo, na ibigay ang lahat sa Ama, at ang Kanyang pangako na bibigyan tayo ng "dakilang kaloob."

### Mga Tipan at ang Gawain ng Panginoon

Tinutulungan ba kayo nito na makita kung gaano kahalaga ang ating personal, at indibiduwal na mga pangako sa kabuuan at kadakilaan ng gawain? Tulad ng lahat ng iba pang bagay sa plano ng kaligtasan, ang tagumpay ng lahat ng mga elder at sister sa buong mundo ay nakikita sa bawat misyonaryo.

Hindi tayo gumagawa ng mga tipan bilang isang buong ward o stake. Sa halip, gumagawa tayo ng mga tipan bilang si Brother Brown o si Brother Burns, si Sister Jones o si Sister Jensen. Ang susi sa gawaing ito ay ang pagtupad ng mga tipan ng bawat isa.

Hindi ko alam kung saang misyon kayo maglilingkod, pero hindi ako naniniwala na gumawa ang ating Ama sa Langit ng anumang partikular na mga pangako sa kabuuan ng misyon kung saan kayo maglilingkod. Ang nalalaman ko ay gumawa Siya ng mga dakilang pangako sa bawat isa sa inyo.



Kapag ang buong misyon ay nagkaisa sa pamamagitan ng matibay na integridad ng bawat misyonero, ng pagtupad ng tipan ng bawat misyonero, doon tayo nakapagpapalipat ng mga bundok. Kapag may gayong pagkakaisa at kapangyarihan, na kaloob mula sa langit, sa bawat indibiduwal na nasa misyon, walang anumang maaaring "pumigil sa pagsulong ng gawain." Sa ganitong paraan ang "katotohanan ng Diyos ay magpapatuloy nang may kagitingan, pagkamaharlika, at may kalayaan."[1]

Taglay natin ang kumpiyansang iyon kapag walang mahinang kawing sa tanikala, kapag walang bitak ang baluti. Ang pakikipaglaban sa kasamaan at kamalian ang paraan para makamtan ang bawat tagumpay ng ebanghelyo—sa pamamagitan ng pagtupad sa bawat tipan ng bawat tao, at ng bawat misyonero.

Kaya nga sinabi ng Panginoon sa mga lider ng Simbahan noong una, "Inyong ipangangako ang inyong sarili na kumilos nang buong kabanalan sa harapan ko—na yayamang ginagawa ninyo ito, ang kaluwalhatian ay idaragdag sa kahariang inyong natanggap" (D at T 43:9–10).

Ang salitang iyan ay tumutukoy sa tipan. Iyan mismo ang ginagawa natin sa ating pagpunta sa templo—ipinapangako ang ating sarili sa Panginoon at sa isa't isa at sa gayong kalakasan ay "kumilos nang buong kabanalan." Bunga nito, napapasaatin at sa ating gawain ang kapangyarihan at kaluwalhatian. Sa gayon mismong konteksto ng pagtupad ng tipan ay sinabi ng Panginoon, "Ako, ang Panginoon, ay nakatali kapag ginawa ninyo ang aking sinabi; subalit kapag hindi ninyo ginawa ang aking sinabi, kayo ay walang pangako" (D at T 82:10).

Magtiwala kayo sa akin. Ang susi sa gawaing ito ay nasa pagtupad ng ating mga tipan. Walang ibang paraan upang makamtan at maipakita natin ang mga kapangyarihan ng kabanalan. Nasa inyo ang salita ng Panginoon tungkol sa paksang iyan.

Pupunta kayo sa templo para maihanda kayo para sa inyong misyon. Tuparin ninyo ang bawat isa sa mga tipang ginawa ninyo roon. Ang mga iyon ay napakapersonal, napakasagradong mga pangako na ginagawa ng bawat isa sa atin sa ating Ama sa Langit.

### Isang Tipan na Magpatotoo

Habang itinatanong ko ito sa inyo, gusto kong malaman ninyo na gagawin ko rin ito. Tutuparin ko rin ang aking mga tipan. Isa sa mga tipang iyon ay maging, bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, isang natatanging saksi "ng pangalan ni Cristo sa buong daigdig" (D at T 107:23). Sa pagtupad ng aking mga tipan, hindi ko lamang pinatototohanan sa inyo ngayon ang tungkol sa Panginoong Jesucristo at Siya na ipinako sa krus, kundi ako ay isang saksi na—tinawag, inorden, inatasang ihatid ang patotoong iyan sa daigdig. Mga minamahal kong batang kaibigan, masaya ako na makasama kayo sa paglilingkod na ito.

Alam kong ang Diyos ay buhay, na Siya ang literal nating Ama sa Langit, at na tutuparin Niya ang Kanyang mga pangako sa atin magpakailanman. Alam kong si Jesus ang Cristo, ang Bugtong na Anak ng Ama sa laman, at ang Tagapagligtas ng sanlibutan. Alam kong Siya ay nagdusa, nagtigis ng dugo, at namatay upang magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan.

Alam kong nagpakita ang Ama at ang Anak sa batang propetang si Joseph Smith, ang dakilang propetang nagpasimula sa dispensasyong ito, na nagtigis din ng kanyang dugo bilang patotoo sa kanyang tungkulin, ang pinakadakilang simbolo ng katapatan ng isang tao sa kanyang mga tipan. Alam kong ang mga susing taglay ng propeta ay patuloy na naipasa sa 15 pang kalalakihan hanggang sa panahong ito na nasa kamay at taglay na ang mga ito ng propetang si Pangulong Thomas S. Monson, ang namumunong mataas na saserdote ng Diyos ngayon sa lupa.

Ang gawaing ito ay totoo. Ang mga pahayag na ito ay totoo. Alam ko ang mga ito hindi dahil sa sinabi ito sa akin ng iba pang taong nabuhay sa mundong ito. Nalaman ko ang mga ito sa pamamagitan ng mga pagpapahiwatig ng Banal na Espiritu, na gumagabay sa aking buhay at nagbibigay-kahulugan sa aking patotoo at nagsugo sa akin—sa inyo—na maging isang natatanging saksi ng Manunubos ng daigdig. ■

*Mula sa isang mensahe sa missionary satellite broadcast na ibinigay noong Abril 25, 1997.*



**TALA**

1. Joseph Smith, sa *History of the Church,* 4:540.





# MGA KABATAANG BABAE, BUMANGON AT MAGLIWANAG!

**NG YOUNG WOMEN GENERAL PRESIDENCY**

Ang tema ng Mutual sa taong ito ay ang panawagan sa inyo na maging pinuno. Ito ay panawagan sa inyo na mamuno sa kadalisayan, kahinhinan, at kabanalan. Ito ay panawagang baguhin ang daigdig!

Noong kayo ay naging bahagi ng organisasyon ng Young Women, binigyan kayo ng ginto-at-puting kuwintas na sulo na isusuot ninyo bilang paalala na bilang kabataang babae sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kayo ay maninindigan sa katotohanan at kabutihan at babangon at magliliwanag sa sanlibutan. Ibig sabihin magiging tapat kayo sa inyong banal na pagkatao bilang minamahal na anak ng Diyos. Ibig sabihin sisikapin ninyong tumayo bilang saksi Niya at ng Tagapagligtas "sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar" (Mosias 18:9).



Umaasa kami na isusuot ninyo sa taong ito ang inyong kuwintas na sulo nang buong pagmamalaki para ipaalala sa inyong sarili na kayo ay halimbawa sa mga tao sa paligid ninyo. Kayo ay "magliliwanag" kapag kayo ay **nanalangin** araw-araw, **nagbasa** ng Aklat ni Mormon, **sumunod** sa mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* at **ngumiti**. Alam namin na kapag sinunod ninyo ang mga utos at ipinamuhay ang mga pamantayang matatagpuan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* kayo ay magagalak at magiging karapat-dapat sa patnubay ng Espiritu Santo. Ang patnubay na ito ay magbibigay sa inyo ng kakayahang magpasiya na tutulong sa inyo na maging marapat na tumanggap ng temple recommend.

Bilang Young Women general presidency, pinatototohanan namin na kapag ginawa ninyo ang mga bagay na ito, ang Tagapagligtas ang tatanglaw sa inyong landas. Ipinangako Niya sa inyo, "Ako rin ang magiging tanglaw ninyo . . . ; at ihahanda ko ang landas na inyong tatahakin, kung mangyayaring inyong susundin ang mga kautusan ko; . . . at malalaman ninyo na sa pamamagitan ko kayo ay naakay" (1 Nephi 17:13). ■




# 2012 TEMA NG MUTWAL

*"Bumangon at magliwanag, nang ang inyong liwanag ay maging isang sagisag sa mga bansa" (D at T 115:5).*





***Itaas: Elaine S. Dalton (gitna), pangulo; Mary N. Cook (kaliwa), unang tagapayo; at Ann M. Dibb (kanan), pangalawang tagapayo. Itaas: David L. Beck (gitna), pangulo; Larry M. Gibson (kaliwa), unang tagapayo; at Adrián Ochoa (kanan), pangalawang tagapayo.***



# MAGING MABUTING HALIMBAWA

## NG YOUNG MEN GENERAL PRESIDENCY

Mga kabataang lalaki ng Simbahan—mga deacon, teacher, at priest ng maringal na Aaronic Priesthood—tinaglay ninyo ang pangalan ng Tagapagligtas; hawak ninyo ang Kanyang banal na priesthood; tinawag kayong gawin ang Kanyang gawain at tulungan ang lahat ng nakakakilala sa inyo. Panahon na para gampanan ang mga tungkulin ninyo sa priesthood at "magliwanag" bilang "sagisag sa mga bansa" (D at T 115:5).

Panahon na para "lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit" (Mateo 5:16). Si Jesucristo ang perpektong halimbawa. Sikaping kilalanin Siya, sundin Siya, at maging higit na katulad Niya sa pamamagitan ng pagsunod Kanyang mga utos at sa mga pamantayan ng Simbahan na inilalarawan sa Para sa Lakas ng mga Kabataan. Sa paggawa ninyo nito, kayo ay magiging nagliliwanag na espirituwal na lakas sa mga nakapaligid sa inyo.

Sinabi ng Panginoon, "Maging malinis kayo na nagdadala ng mga sisidlan ng Panginoon" (D at T 133:5). Ang kalinisan ng inyong pagkatao ang magtutulot sa inyo na magbigay ng natatanging liwanag sa mga miyembro ng inyong ward o branch habang karapat-dapat ninyong kinakatawan ang Tagapagligtas sa pangangasiwa sa sagradong sakrament bawat Linggo.

Asamin at samantalahin araw-araw ang mga pagkakataong mapaglingkuran ang inyong mga pamilya, kaibigan, miyembro ng korum, at iba pa. Kayo ay magiging masayang tagapagdala ng liwanag sa kanila at sa mga taong tahimik na nakamasid sa inyo.

Magliwanag na taglay ang tapat na pakikipagkaibigan at kabaitan sa lahat. Ibahagi ang magagandang pagpapalang dulot ng mga aktibidad sa Simbahan at mga turo ng ebanghelyo sa inyong mga kaibigan. Maging matapang at anyayahan silang lumapit sa Liwanag at Buhay ng Daigdig—maging si Jesucristo.

Mahal namin kayo. Ipinagdarasal namin kayo. Pinatototohanan namin na mahal kayo ng Panginoon at kailangan Niya kayo para tumulong sa pagtatayo ng Kanyang kaharian. Panahon na para kayo ay "bumangon at magliwanag" bilang mga mayhawak ng Kanyang banal na priesthood. Sa pagganap ninyo sa priesthood na ito at sa pagtupad ng inyong tungkulin sa Diyos, ang inyong liwanag ay magiging "sagisag sa mga bansa." ■








MGA PAGLALARAWAN NINA MATTHEW REIER, CHRISTINA SMITH, AT CRAIG DIMOND; RETRATO NG YOUNG WOMEN GENERAL PRESIDENCY © BUSATH PHOTOGRAPHY

# MAGLIWANAG

May liwanag sa bawat isa sa atin. Ibahagi ito.

(Tingnan sa D at T 115:5.)



LARAWANG KUHA NI CODY BELL


# Doktrina at mga Tipan 115:5

*Inutusan tayo ng Panginoon na bumangon at magliwanag.*

**Sinasabi Ko sa Inyong Lahat**

Sa paghahayag na ito noong 1838, nagbilin ang Panginoon hinggil sa pagtatayo ng isang templo sa Far West, Missouri, gayundin sa iba pang mga aspeto ng pagtatatag ng Sion. Pinangalanan Niya rin ang Kanyang Simbahan sa mga huling araw: Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Bagaman ang paghahayag na ito ay ibinigay sa mga pinuno ng Simbahan noong panahong iyon, ang utos na "bumangon at magliwanag" ay para sa ating lahat ngayon.

**Bumangon at Magliwanag**



"May dakilang gawain ang Panginoon para sa bawat isa sa inyo. 'Bumangon at magliwanag, nang ang inyong liwanag ay maging isang sagisag sa mga bansa' (D at T 115:5). Kayo ay Kanyang pinagkakatiwalaan, at tinatawag at inaasahang higit na manindigan at magliwanag sa mahirap ngunit kamangha-manghang panahong ito."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Your Right to Choose the Right," *New Era*, Ago. 2005, 8.**


**Inyong Liwanag**

Paano kayo magliliwanag? Isipin ang mga ideyang ito at isulat ang ilang sarili ninyong ideya sa inyong journal.

- Maging mabait, bukas-palad, at mapagpakumbaba.
- Manindigan para sa at ipamuhay ang mga pamantayan ng Simbahan.
- Ngumiti at ipakita ang galak sa pamumuhay sa ebanghelyo.
- Ibahagi ang ebanghelyo sa inyong mga kaibigan.
- Magpatotoo tungkol sa katotohanan.

han ni Jesucristo ng mga Banal
sa mga Huling Araw.
5 Katotohanang sinasabi ko
sa inyong lahat: [a]Bumangon at
magliwanag, nang ang inyong
liwanag ay maging isang [b]sagi-
sag sa mga bansa;
6 At nang ang [a]pagtitipong
sama-sama sa lupain ng [b]Sion, at
sa kanyang mga [c]istaka, ay maa-

**Mga Bansa**




"Ngayon ay nagtitipon ang mga tao ng Panginoon 'mula sa mga bansa' sa mga kongregasyon at stake ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na nakakalat sa lahat ng bansa. . . . Nananawagan ang Panginoon na maging mga ilaw tayo ng kabutihan na gagabay sa mga naghahangad ng kaligtasan at mga pagpapala ng Sion."

**Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Sa Sion ay Magsitungo," *Liahona*, Nob. 2008, 37.**

**Watawat**

*Watawat*—isang bagay, karaniwan ay isang bandila, na nakasabit sa dulo ng isang poste at ginagamit na simbolo o sagisag. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:9.



"Ang mga tagapagdala ng mga watawat ay nagmamartsa sa unahan ng isang mabuting layon. Sila ay sagisag ng bagay na mabuti at marangal. Madalas ay may hawak silang mga bandila o iba pang mga simbolong nagpapahayag ng pagkakakilanlan, layunin, at pagkakaisa. . . .

"Dahil tayo ang Kanyang mga tagapagdala ng watawat, tutulungan natin ang matatapat ang puso na matagpuan si Jesus. Hindi tayo nagwawagayway ng mga watawat. . . . Sa halip, bilang mga tagapagdala ng watawat para kay Cristo Jesus, handa at mapagpasalamat nating tinataglay ang Kanyang sagradong pangalan sa ating sarili. Nakikiisa tayo sa Kanyang layunin sa pamamagitan ng tipan."

**Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Standards of the Lord's Standard Bearers," *Ensign*, Ago. 1991, 7.**

*Paunawa ng patnugot: Ang pahinang ito ay hindi nilayong magbigay ng ganap na paliwanag sa piniling talata ng banal na kasulatan, kundi bilang panimula lamang para sa sarili ninyong pag-aaral.*

BACKGROUND NA KUHA NI DINA BEYLIS

# PAREHONG SINAGOT NG **DIYOS** ANG MGA DALANGIN

**Ni Carlos Iván Garmendía Pacheco**

Noong naglilingkod ako bilang misyonero sa Durango, Mexico, hinamon ng aming mission president ang aming mission na subukan ang isang "linggo ng sakripisyo." Inatasan niya kami na dagdagan ang pagsisikap kaysa rati sa pamamagitan ng mas masigasig na pagtatrabaho at pagtatakda ng mga partikular na mithiin sa buong linggo. Nanalig kami ng kompanyon ko na kung magsasakripisyo kami sa ganitong paraan, pagpapalain kami ng Panginoon at makakahanap kami ng maraming matuturuan.

Gayunman, sa buong linggo ng sakripisyo, hindi kami gaanong nagtagumpay. Wala kaming nakitang pamilyang tuturuan, at nabigo kami.

Isang umaga nang sumunod na linggo, tiningnan namin ng kompanyon ko ang isang mapa ng aming area. Napakalaki ng area namin, pero nadama namin na kailangan naming pumunta sa pinakadulo nito.

Pagdating namin doon, nagdasal kami at nagtanong sa Ama sa Langit kung aling kalye at bahay ang pupuntahan namin. Nang matapos kami, lumingon kami para tingnan ang lahat ng kalye. Nakita namin ang isang bakod sa malapit at sumilip sa ibabaw nito. Nakita namin ang isang babaeng nakaupo at nakapikit, at



may hawak na walis.

Sabi ng kompanyon ko, "Hello!" at nang marinig kami ng babae, tumayo siya at nagpatuloy sa pagwawalis na parang walang nangyari. Pagkatapos ay sinabi namin sa kanya na mga misyonero kami mula sa Simbahan ni Jesucristo at may mensahe kami para sa kanya. Pinatuloy niya kami, at nagkaroon kami ng napakaespirituwal na talakayan. Ikinuwento namin sa kanya ang tungkol kay Joseph Smith at kung paano siya nagpunta sa kakayuhan para manalangin upang malaman ang katotohanan, at bilang sagot sa kanyang panalangin, nagpakita sa kanya ang Diyos Ama at si Jesucristo.

Sumabad siya at sinabing, "Totoo iyan. Alam ko na sinasagot ng Diyos ang ating mga dalangin. Nang kausapin ninyo ako, nagdarasal ako at humihiling sa Panginoon na magsugo ng isang taong makaaakay sa akin patungo sa Kanyang landas, at agad kayong dumating."

Nadama namin ang Espiritu, at nagpatotoo kami na isinugo kami ng Diyos sa kanya at na ipinagdasal din naming malaman noon kung sino sa Kanyang mga anak ang nangangailangan ng aming tulong. Hindi naglaon at nabinyagan si Sister Rufina. Nang sumunod na mga linggo, nabinyagan ang kanyang mga anak, apo, at maging ang ilan sa kanyang mga kapitbahay—20 silang lahat na nabinyagan sa bahaging iyon ng aming area. Inakay kami ng Panginoon kay Sister Rufina, at siya ang naging daan upang maibahagi ang ebanghelyo sa kanyang pamilya at mga kapitbahay.

Alam ko na pagpapalain tayo ng Ama sa Langit kung hihilingin natin sa Kanya, ngunit iyon ay matapos Niyang subukan ang ating pananampalataya. Nagpapasalamat ako na naging kasangkapan kaming magkompanyon sa mga kamay ng Panginoon at nakakita kami ng mga taong handang makinig sa mensahe ng ebanghelyo. Alam ko na mahal tayo ng Diyos at gagabayan tayo kung hihilingin natin. ■


PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH

# MAGING MATAPAT

**Ni Elder Gérald Caussé**
Ng Pitumpu



PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER



Noong ako ay nasa edad na 20s, kinailangan kong kumuha ng napakahirap na eksamen para makapasok sa kilalang business school sa France. Maraming oras ang ginugugol ko sa pag-aaral araw-araw sa loob ng dalawang taon. Pero lagi akong nagsisimba at dumadalo sa institute at ginagampanan ang mga tungkulin ko sa Simbahan.

Pinakamahirap na bahagi ng eksamen ang interbyu. Nainterbyu na akong minsan sa isang eskwelahan, at nang nalaman nila na miyembro ako ng Simbahan, hindi ako tinanggap.

Pagkatapos ay kumuha ako ng eksamen sa eskwelahang pinakagusto kong pasukan. Sa gitna ng interbyu, tinanong sa akin kung ano ang ginagawa ko kapag hindi ako nag-aaral. Alam ko na ang tanong na iyon ang magpapasiya kung tatanggapin ako o hindi. Pero nagpasiya ako kaagad na maging tapat sa aking mga prinsipyo.

Sabi ko, "Miyembro ako ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw," at pagkatapos ay 15 minuto kong ipinaliwanag ang ginagawa ko sa Simbahan.

Sabi ng direktor ng eskwelahan, "Alam mo, natutuwa ako at sinabi mo ito. Noong estudyante pa ako, nag-aral ako sa Estados Unidos, at ang isa sa matatalik kong kaibigan ay Mormon. Napakahusay niya at napakabait. Para sa akin napakabubuting tao ng mga Mormon."

Nakahinga ako nang maluwag! Isa ako sa mga unang tinanggap ng eskwelahang ito noong taong iyon.

May dalawang aral sa kuwentong ito. Una, hindi natin dapat maliitin ang impluwensyang magagawa natin sa iba. Pangalawa, dapat ay lagi tayong tapat sa ating mga prinsipyo. Gawin ninyo ang lahat ng inyong makakaya, at tutulungan kayo ng Panginoon sa iba pa. ■

# Mga Bato, Palaso, at

*"Ang Espiritu ng Panginoon ay nasa kanya, kung kaya hindi [nila] siya matamaan" (Helaman 16:2).*



**Ni David L. Frischknecht**
Curriculum Department
Batay sa tunay na buhay

Ang paglalakad pauwi galing sa paaralan ay kadalasang pangkaraniwan lamang. Kung minsan iniisip ko ang homework sa math, minsan ay iniisip ko ang ginawa namin sa gym class, at kung minsan naman ay naglalakad ako nang walang gaanong iniisip.

Ngunit kaiba ang araw na ito. Hindi ako mapakali. Tanaw ko sa unahan ang dalawa sa mga batang kalaro ko kung minsan—sina Josh at Marcus—sa paggawa ng mga snowball at nakaturo sila sa akin.

"Hoy, David, halika!" hiyaw ni Josh, na tumatawa. "May ipapakita kami sa iyo."

Tumawa rin si Marcus.

Parehong mas matanda nang isang taon sina Josh at Marcus sa akin, at malakas silang bumato. Alam ko na sandali na lang at magsisimula na silang magbato ng mga snowball sa daanan ko. Kahit kadalasan ay mabait sila sa akin, naisip ko na baka siniksikan pa nila ng yelo ang mga snowball.

Nag-isip ako kung paano mapipigil ang paglusob nila.

Tumakbo patawid ng kalsada para maiwasan sila? Hindi, pagtatawanan nila ako at babansagan ng kung anu-ano.

Tumakbo nang matulin hanggang sa malagpasan ko sila? Hindi, mas mabilis silang tumakbo kaysa sa akin at aabutan nila ako kaagad.

Batuhin din sila ng snowball? Hindi magandang ideya, kung iisipin na dalawa sila at nag-iisa lang ako. Lamang din sila sa akin dahil nasa itaas sila ng burol, at wala akong mapagtataguan sa ibaba.

Nagpasiya akong gawin ang tanging bagay na makabuluhan—mahinahon silang lagpasan at hayaang magliparan ang mga snowball.

PAGLALARAWAN NI KEVIN KEELE

# Snowball



Habang palapit ako sa burol, may naisip ako. Naalala ko si Samuel, ang Lamanita, na nangaral ng ebanghelyo habang nakatayo sa ibabaw ng isang pader. Nang hindi magustuhan ng mga tao ang kanyang sinabi, siya ay kanilang pinagbabato at pinana.

Alam ko na pinrotektahan ng Panginoon si Samuel para hindi tamaan ng mga bato at palaso. Marahil ay hindi Niya patatamain sa akin ang mga snowball.

Nagdasal ako sa aking isipan, at hiniling sa Ama sa Langit na huwag akong tamaan ng mga snowball. Alam ko na kailangan kong maging matapang at hindi mag-alinlangan—gaya ni Samuel. Nang marating ko ang burol, tiwala ako na hindi ako masasaktan.

Tulad ng inaasahan ko, nagliparan ang mga snowball. Dalawang snowball ang humaging sa ulunan ko nang napakalapit kaya naramdaman ko ang lamig nito. Ang ilan sa mga snowball ay humaging sa mga braso ko, at ang ilan ay bumagsak sa paanan ko, pero wala ni isang tumama sa akin. Wala ni isa!

Patuloy sa pagbato ang mga bata hanggang sa hindi na nila ako maabot, pero alam kong ligtas ako. Hindi na gaanong nakakakaba ang nalabi kong paglakad pauwi—at talagang napakasaya ko. Pinrotektahan akong kagaya ni Samuel, ang Lamanita. Alam ko na nabiyayaan ako ng pagdarasal at pagsampalataya sa Panginoon. ■



"Pinatototohanan ko na nagiging makahulugan ang panalangin kapag humihingi tayo nang may pananampalataya at kumikilos."

**Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Humingi nang May Pananampalataya," *Liahona*, Mayo 2008, 96.**

# PAGPAPAKABUSOG
## sa Aklat ni Mormon

Maraming bata sa panahon ng Aklat ni Mormon ang nakakita kay Jesucristo at nakarinig sa Kanyang mga salita. Sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon bawat linggo sa taong ito, kayo rin ay masisiyahan sa “[pagpapaka]busog sa salita ni Cristo” (2 Nephi 31:20).

Magpatulong sa isang nakatatanda sa pag-aalis ng mga staple at pagtatanggal nitong pahinang kukulayan. Pagkatapos ninyong magbasa sa bawat linggo, kulayan ang lahat ng puwang kasama ang numero ng linggong iyon. Para sa mga mungkahi kung ano ang babasahin sa bawat linggo, tingnan sa pahina 62. Maaari kayong magbasa nang mag-isa o kasama ang inyong pamilya.





MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER



**Lingguhang Mungkahi sa Pagbabasa ng “Pagpapakabusog sa Aklat ni Mormon” (tingnan sa mga pahina 60–61)**


| LINGGO | BABASAHIN |
|---|---|
| 1 | Pambungad sa Aklat ni Mormon |
| 2 | 1 Nephi 1:1–3, 18–20; 2:2–4; 3:2–7; 4:1–18 |
| 3 | 1 Nephi 8:2, 5–33 |
| 4 | 1 Nephi 16:9–10, 16–19, 23, 26, 28–32; Alma 37:38–46 |
| 5 | 1 Nephi 17:8–11, 16–19, 49–55; 18:1–4 |
| 6 | 2 Nephi 2:11–13, 22–27; 4:15–16; 31:5–8, 17–21 |
| 7 | 2 Nephi 32:3–9; Jacob 7:1–20 |
| 8 | Enos 1:1–13 |
| 9 | Mosias 1:9–10, 18; 2:1–2, 5–8, 16–19; 3:17, 19; 4:9–10; 5:15 |
| 10 | Mosias 11:1–2, 20, 27–29; 12:1, 9, 14, 17–19, 35–36; 13:15–24 |
| 11 | Mosias 17:1–12, 20 |
| 12 | Mosias 18:1–17 |
| 13 | Mosias 21:1–15, 23–24 |
| 14 | Mosias 21:29–35; 22 |
| 15 | Mosias 23:1–7, 19–26, 36–39 |
| 16 | Mosias 24:8–25; 25:1, 14–19 |
| 17 | Mosias 27:6–24; Alma 36:11–12, 16–24 |
| 18 | Mosias 27:32–37; 28:1–9 |
| 19 | Alma 1:2–15; 2:1–9 |
| 20 | Alma 2:10–18, 29–31; 5:1, 19, 26–27, 33 |
| 21 | Alma 6:7–8; 7:9–12; 8:1–22 |
| 22 | Alma 8:23–32; 9:1–8, 14–15 |
| 23 | Alma 10:27–32; 11:21–46 |
| 24 | Alma 12:1–7; 14:1–17 |
| 25 | Alma 14:18–29; 15:1–13 |
| 26 | Alma 17:1–3, 12–13, 17–39 |
| 27 | Alma 18:1–4, 8–35 |
| 28 | Alma 18:40–43; 19:1–2, 8–15, 18–19, 22–33 |
| 29 | Alma 20:1–28 |
| 30 | Alma 23:6–7, 16–18; 24:1–7, 16–27; 27:2–5, 14, 27–29 |
| 31 | Alma 30:6–9, 12–14, 31–32, 35–39, 43–45, 49–50, 55–59 |
| 32 | Alma 31:1, 5–7, 12–21, 37–38; 32:1, 5–6 |
| 33 | Alma 32:26–43 |
| 34 | Alma 37:3, 6, 8–11, 14–15; 43:1–9, 16–17, 43–47; 44:16–20 |
| 35 | Alma 46:1–5, 11–16, 19–20; 48:7–13, 22–23; 49:25–26, 28 |
| 36 | Alma 50:25–36; 51:5–6, 11, 13–16, 20–22 |
| 37 | Alma 53:10–21; 56:2–11, 43–48, 55–56 |
| 38 | Helaman 2:2–11; 5:4–13 |
| 39 | Helaman 5:20–50 |
| 40 | Helaman 6:18–23; 7:6–13, 26–29; 8:1, 4, 10, 25–28 |
| 41 | Helaman 9:1–24 |
| 42 | Helaman 9:25–39; 10:1–6 |
| 43 | Helaman 13:1–7; 14:2–8; 16:1–3; 3 Nephi 1:4–9 |
| 44 | 3 Nephi 1:10–15, 21–23; 2:1–2; 8:2–7, 23; 9:1–2, 18–22 |
| 45 | 3 Nephi 11:1–17, 23–26 |
| 46 | 3 Nephi 17:1–24 |
| 47 | 3 Nephi 18:1–9, 19–21, 24, 35–39 |
| 48 | 3 Nephi 19:11–26; 20:1; 27:1–8 |
| 49 | 3 Nephi 28:1–9; 4 Nephi 1:1, 15, 23–26; Mormon 1:1, 11–17 |
| 50 | Mormon 2:1–2, 9, 23–24, 26–27; 3:2–3, 16–22 |
| 51 | Eter 1:1, 33; 2:5, 16–25; 3:1, 4–14 |
| 52 | Moroni 10:3–23 |





# PAANO KO MAKAKAMTAN ANG AKING **MGA MITHIIN?**

*Nagbahagi si Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol ng ilang ideya tungkol sa paksang ito.*



Kailangan nating manampalataya. Kailangan nating manampalataya sa Diyos. Kailangan nating manampalataya sa Panginoong Jesucristo. At, ah, kailangang-kailangan nating magtiwala sa ating sarili.

Kapag nagtakda kayo ng mithiin at nangakong disiplinahin ang inyong sarili para marating ang mithiing iyon, mawawala ang karamihan sa mga problema ninyo sa buhay. Gamitin ang inyong lakas sa paggawa ng mga bagay na magdudulot ng kaibhan.

Kung matwid ang inyong mga mithiin, sikaping makamit ang mga ito.

Dapat ninyong hangaring magkaroon ng kakayahang magtakda ng karapat-dapat at makatotohanang mga mithiin.

*Mula sa "Do Things That Make a Difference,"* Ensign, *Hunyo 1983, 69, 71, 72.*

KANAN: PAGLALARAWAN NI DILEEN MARSH

Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito upang marami pang matutuhan tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.

# Ang KALAYAAN ay Kaloob na Pumili para sa Ating Sarili



"Maligayang kaarawan, Juliana!" sabi ni Itay. Inabutan niya si Juliana ng isang kahong nakabalot sa makintab na papel at nakatali ng laso.

Ngumiti si Juliana. Sabik siyang tumanggap ng regalo mula sa kanyang ama at hindi na makapaghintay na mabuksan ang kahon.

Nasasabik ba kayong gaya ni Juliana kapag nakakatanggap kayo ng regalo? Binigyan ng Ama sa Langit ng mahalagang regalo ang bawat isa sa atin. Ito ay tinatawag na kalayaan. Ang kalayaan ay kakayahang magpasiya para sa ating sarili.

Bago tayo pumarito sa lupa, ayaw ni Satanas na magkaroon ng layang magpasiya ang sinuman. Nais niya tayong piliting pumarito sa lupa at gawin ang gusto niyang ipagawa sa atin. Ngunit alam ng Ama sa Langit na mahalagang magpasiya tayo para sa ating sarili. Sa bawat tamang pasiyang ginagawa natin, higit tayong napapalapit sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Gusto Nila tayong gumawa ng mga tamang pasiya para makapiling natin Silang muli.

Ngayong taon sa Primary matututuhan natin kung paano gamitin ang ating kalayaan sa PAT—piliin ang tama! ■




## Mga Awit at Banal na Kasulatan

- "Bilang Anak ng Diyos," *2012 Outline para sa Oras ng Pagbabahagi,* 28
- 2 Nephi 2:27

## Ikaw Lang



Isang gabi, pag-isipan ang mga pasiyang ginawa ninyo sa buong maghapon. Magdrowing ng isang larawan, sumulat ng tula, o kumatha ng awitin tungkol sa isa sa mabubuting pasiyang ginawa ninyo.



## Larong PAT

Malalaro ninyo ito sa pamilya upang matuto pa tungkol sa kalayaang pumili. Gupitin ang hugis na cube, at idikit ito sa makapal na papel. Itupi ang cube tulad ng ipinakita sa itaas, idikit ang mga tab sa tamang lugar, at patuyuin ang inyong cube.

Umupo kayo ng inyong pamilya nang pabilog. Ipagulong sa isang tao ang cube at ipabasa ang nakasulat sa ibabaw. Pag-usapan ang iba't ibang pasiyang magagawa sa sitwasyong iyon. Ano ang maaaring mangyari sa bawat pasiya? Ipasa ang cube sa susunod na magpapagulong nito.

Umupo sa tabi mo ang bago mong kaklase.

Ano ang gagawin mo?

Gustong makipaglaro ang nakababata mong kapatid na babae sa iyo at sa mga kaibigan mo.

Ano ang gagawin mo?

Nagtatanong si Jeremy kung puwede niyang kopyahin ang homework mo.

Ano ang gagawin mo?

Inimbitahan ka ni Martin na manood ng sine sa Linggo.

Ano ang gagawin mo?

May nananakot kay Leah sa eskuwelahan.

Ano ang gagawin mo?

Sinusungitan ka ng kapatid mong lalaki.

Ano ang gagawin mo?

MGA PAGLALARAWAN NI MARYN ROOS

# Ang Aklat ni Mormon ay Nagtuturo Tungkol kay Jesucristo

Ni Diane L. Mangum

Ang Lumang Tipan ay nagkukuwento sa atin ng tungkol kay Jesucristo bago Siya namuhay sa mundo. Tinawag Siyang Jehova. Ang Lumang Tipan ay nagkukuwento tungkol sa mga taong sumunod kay Jehova.

Ang Bagong Tipan ay aklat ng banal na kasulatan na nagkukuwento sa atin tungkol sa buhay ni Jesus sa lupa. Isinulat ng Kanyang mga disipulo ang tungkol sa Kanyang buhay at mga turo.

Nakita ng kapatid ni Jared si Jesucristo.



Nangusap ang tinig ng Panginoon sa isipan ni Enos nang siya ay manalangin.




Ang Aklat ni Mormon ay nagtuturo din tungkol kay Jesucristo at sa mga taong sumunod sa Kanya.

Ang Aklat ni Mormon ay nagsimula sa Jerusalem noong panahon ng Lumang Tipan, mga 600 taon bago isinilang si Jesus. Ikinukuwento nito kung paano nilisan ni Lehi at ng kanyang pamilya ang Jerusalem at inakay sila patungo sa isang lupang pangako, sa ibayong dagat sa lupain ng Amerika.

Itinuro ng mga propeta sa Aklat ni Mormon na si Jesus ay paparito sa mundo. Itinuro din nila na ang pagsisisi at pagsunod kay Jesucristo ay magdudulot ng kaligayahan.


Matapos ipako sa krus si Jesus at mabuhay na mag-uli sa Jerusalem, dinalaw Niya ang lupain ng Amerika upang turuan ang mga tao. Nagturo Siya tungkol sa binyag, sakramento, at kung paano mahalin ang kapwa. Itinatag Niya ang isang

KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NI ROBERT T. BARRETT; KANAN: MGA PAGLALARAWAN NINA PAUL MANN AT GARY KAPP



Nakita ni Lehi si Jesucristo sa isang panaginip o pangitain.

Tinuruan ni Haring Benjamin ang mga tao tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesus.



simbahan na may labindalawang Apostol. Tinipon Niya ang mga bata at binasbasan sila, tulad ng ginawa Niya noon sa Bagong Tipan.

Tulad ng mga propeta sa Biblia, ibinahagi ng mga propeta sa Aklat ni Mormon ang kanilang patotoo tungkol kay Jesucristo.

Ang huling propeta sa Aklat ni Mormon ay si Moroni, na nabuhay noong mga 400 taon matapos dalawin ni Jesus ang lupain ng Amerika. Bago siya pumanaw, isinulat ni Moroni na malalaman ng sinumang babasa ng Aklat ni Mormon na totoo ito kung siya ay magdarasal nang may pananampalataya. Inanyayahan ni Moroni ang lahat na "lumapit kay Cristo" (Moroni 10:32).

Ang mga bata ngayon ay maaari ding manalangin para makatanggap ng patunay na ang Aklat ni Mormon ay totoo at na si Jesucristo ang kanilang Tagapagligtas. ■

# PAKIKIPAGKAIBIGAN
## SA IBAYONG DAGAT NG
# PASIPIKO




Ni Jane Hansen Lassetter

Nang naghahandang magpunta sa Tonga ang ilang nursing student mula sa Brigham Young University, naisip nila na masaya kung magiging magkakaibigan ang mga bata mula sa Utah at Tonga.

Kaya't hiniling ng mga estudyante sa mga bata sa Primary sa Oak Hills Ninth Ward sa Provo, Utah, na magdrowing ng mga larawan para sa mga bata sa Tonga. Kinunan din nila ng retrato ang mga bata.

Pagdating nila sa Tonga, tumulong ang mga nursing student sa oras ng pagbabahagi sa Neiafu Third Ward. Binigyan nila ang bawat bata ng isang drowing at larawan mula sa isang bata sa Utah. Natuwa ang mga bata na malaman ang tungkol sa kanilang mga bagong kaibigan sa Utah.


Nagdrowing sila ng mga larawan para sa mga bata sa Utah. Sumulat ang ilan sa kanila tungkol sa kanilang sarili at sa buhay sa Tonga. Ang ilang mensahe ay isinulat sa Ingles at ang iba ay sa Tongan. Isinalin ng kanilang Primary president sa Ingles ang mga mensaheng nasa wikang Tongan. Kinunan ng retrato ng mga nursing student ang mga bata.

Isang batang lalaki ang sumulat, "Naglalaro ako ng rugby, at napakainit dito sa Tonga." Isinulat ng isang batang babae, "Gusto ko ang retrato mo. Napakaganda mo. Mahilig akong kumanta, kagaya mo." Sumulat naman ang isa pang bata tungkol sa Primary at nagpahayag ng pagmamahal: "Ang lesson namin ngayon ay tungkol sa mga propeta. Mahal na mahal kita!" ■





MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI JANE HANSEN LASSETTER



# **Nariyan** Siya

**Ni Rosemary M. Wixom**
Primary General President

*"Ibinuhos namin ang aming mga kaluluwa sa panalangin sa Diyos, upang palakasin niya kami" (Alma 58:10).*

Noong 11 taong gulang ang isa sa mga anak naming lalaki, nagising siya na napakasakit ng kanyang ulo. Noong una akala ko ayaw lang niyang pumasok sa eskuwela, pero agad kong nalaman na mataas ang lagnat niya. Dinala ko siya sa doktor, at hindi nagtagal ay sumugod na kami sa ospital. Doon ay natuklasan na may spinal meningitis siya, isang malubhang karamdaman.

Nang lumala ang kanyang kalagayan, nagsimula na siyang magkombulsyon. Pinalabas ako ng doktor sa silid. Habang lumalakad ako sa pasilyo, natakot ako at nagsimula akong umiyak. Isang babaeng hindi ko kilala ang umakbay sa akin. Nanalangin ako nang malakas na tulungan ng Ama sa Langit ang aking anak at sana maging maayos ang lahat. Naaalala ko na nakadama ako ng malaking kapayapaan.

Inoperahan ang anak ko at nagpagaling sa loob ng maraming linggo. Siya ngayon ay malusog na, may-asawa, at ama ng dalawang magagandang batang babae. Ang karanasang ito ay napakagandang halimbawa sa akin ng kapangyarihan ng panalangin.

May isang awitin sa Primary na pinamagatang "Panalangin ng Isang Bata." May tanong doon na, "Ama sa Langit, kayo ba'y nar'yan? Dalangin ba ng musmos, pinakikinggan?" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 6).

At tiyak ang sagot: oo, dinirinig Niya.

Kung iniisip ninyo kung buhay nga ba ang Ama sa Langit, panahon na para lumuhod at magtanong, "Ama sa Langit, kayo ba'y nar'yan? Talaga bang nakapiling ko Kayo bago ako bumaba sa lupa? Makakabalik ba akong muli sa piling Ninyo?"

Sasagutin Niya ang inyong dalangin. Ipapaalam Niya sa inyo na nariyan Siya. Hindi kayo nag-iisa kailanman. Kailangan natin Siya oras-oras, at nariyan Siya para sa atin. ■



PAGLALARAWAN NI KEITH LARSON

# Ang Tamang Damit

**Ni Sarah Chow**
Batay sa tunay na buhay

*"Ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya"* (I Kay Timoteo 4:12).






MGA PAGLALARAWAN NI JAKE PARKER

# Maaari Akong Maging Missionary Ngayon!


**Nina Hikari Loftus at Hilary Watkins Lemon**

Sinisikap ni Anna na sundin ang mga halimbawa ng mga missionary. Sundin ang mga tagubilin sa ibaba upang makagawa siya ng mga desisyon na tutulong sa kanya na maging misyonera ngayon.

**Mga Kailangan Ninyo:** isang dais [dice] o anim na piraso ng papel na may bilang na 1 hanggang 6 na nakalagay sa isang maliit na supot; isang barya, tuyong bean, o iba pang maliliit na bagay para sa bawat tao.

**Paano Maglaro:** Bawat manlalaro ay pipili ng isang maliit na bagay na gagamitin bilang pamato. Magpalitan sa paghagis ng dais o sa pagbunot ng numero mula sa supot, at igalaw pasulong ang inyong pamato ayon sa bilang na lumabas sa dais o sa nabunot na numero sa supot. Kung mapunta kayo sa puwang na nagsasaad ng isang bagay na gagawin ng misyonero, sumulong ng isa pang hakbang. Magsalitan hanggang sa makarating ang lahat sa finish line, kung saan naghihintay ang mga missionary! ■


MGA PAGLALARAWAN NI JAKE PARKER



## MGA TULONG PARA SA MGA MAGULANG

Kausapin ang inyong mga anak tungkol sa kung paano nagpapakita ang disenteng pananamit ng paggalang sa Ama sa Langit at sa kanilang sarili. Itanong sa kanila kung bakit sa palagay nila disenteng manamit ang mga misyonero.

Isiping ibahagi sa inyong mga anak ang inyong patotoo tungkol sa gawaing misyonero. Maaari ninyong ibahagi kung paano kayo naging miyembro, ikuwento ang karanasan ninyo sa gawaing misyonero, o pag-usapan kung bakit mahalaga sa inyo ang gawaing misyonero.



# **Mga Balita** sa Simbahan

*Para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan bisitahin ang news.lds.org.*

## Inihahanda ng mga Young Adult Center ang Bagong Henerasyon

**Ni Stephanie Jean Johnson**
Mga Magasin ng Simbahan

Ang mga center ng Simbahan para sa mga young adult ay hindi lamang nagpoprotekta sa bagong henerasyon mula sa mga tukso ng mundo—inihahanda rin nito ang kasalukuyan at magiging mga pinuno ng Simbahan na magpapabago sa mundo.

Bilang mga ekstensyon ng institute program, ang mga center para sa mga young adult—na nagsimula sa Europa—ay nagbukas ng mga klase sa relihiyon at ng lugar na mapagtitipunan ng mga young adult para sa mga aktibidad mula sa pagluluto ng pagkain hanggang sa paggawa ng homework, paglalaro ng Ping-Pong, at pagbabahagi ng ebanghelyo.

### Pagpapaunlad ng Simbahan sa pamamagitan ng mga Young Adult

Sa pagtatapos ng taong 2003, ang inisyatibo sa mga center para sa mga young adult ay sinimulan sa pagbubukas ng apat na center sa Copenhagen, Denmark; at Berlin, Hamburg, at Leipzig, Germany. Hinikayat pa ni Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol na palawakin ang inisyatibo nang tawagin siya ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) na mangulo sa Europe Central Area noong 2004.

Ayon kay Erik Psota, ang kasalukuyang associate area director ng mga seminary at institute sa Europa, marami sa mga lider ng priesthood ngayon sa Europa ang wala pang 30 anyos noong panahong iyon.

"Ang espirituwal na impresyong natanggap ni Elder Perry na mangyayari ang pag-unlad ng Simbahan sa Europa sa pamamagitan ng mga taong edad 18 hanggang 30 ay tumimo sa mga young adult at lider ng priesthood sa lahat ng antas sa Europa," sabi ni Brother Psota. Ang impresyong iyon ni Elder Perry ay mahalaga pa rin sa mga young adult ngayon, sabi pa niya, "dahil naipapaunawa nito sa kanila ang responsibilidad nilang paunlarin ang Simbahan."

Ngayon, mahigit 140 na ang mga center sa Europa, at may itinatayo pang 30. Lahat ng ito ay inihahanda ang bagong henerasyon na ipalaganap ang ebanghelyo sa mundo.

### Pagtatatag ng Kaharian at mga Pagkakaibigan sa Norway

Ang young adult center sa Oslo, Norway, ay isa lamang sa maraming center kung saan natututuhan ng mga young adult kung paano itatatag ang kaharian. Halimbawa ay si Mathilde Guillaumet ng France. Sinimulang turuan ng mga misyonero si Sister Guillaumet sa isang center sa Paris noong 2009 matapos siyang anyayahan ng kanyang kaibigan na mag-aral pa tungkol sa ebanghelyo.

Bininyagan si Sister Guillaumet noong 2010 at pagkatapos ay nanirahan siya sa Norway nang isang taon, kung saan patuloy na nakatulong ang center doon para sa mga young adult sa paglakas ng kanyang patotoo.

"Parang pangalawang tahanan ko na ang center. Talagang mas masaya rito kaysa sa dormitoryo ko," sabi ni Sister Guillaumet. "Ang missionary couple ng center ay parang mga magulang ko na—mabubuting tao sila na malalapitan at mahihingan ng payo. Sa Paris at sa Oslo, napuntahan at nakausap ko na ang missionary couple tungkol sa ebanghelyo, na hindi ko magagawa sa bahay, dahil ako lang ang miyembro sa aking pamilya."

Si Sam Basnet, na nabinyagan noong 2009, ay nag-iisa ring miyembro sa kanyang pamilya. Ang paggawa ng gawaing misyonero sa Oslo center ay nakatulong sa kanya na maibahagi ang ebanghelyo sa kanyang mga kamag-anak nang umuwi siya at bisitahin niya sila sa Nepal. Ikinuwento niya sa kanila ang tungkol sa priesthood at Aklat ni Mormon, dahil nakatulong na siya sa mga misyonero sa pagtuturo sa ibang tao ng gayon ding mga alituntunin sa Oslo.

"Gusto ng pamilya ko na madama nila ang nadama ko," sabi ni Brother Basnet. "Nakita nila ang kaibhan ng 'Sam-noon' sa 'Sam-ngayon.' Noon, wala

© 2008 ROBERT CASEY



*Ang mga center para sa mga young adult ay isang lugar kung saan makapaghahanda ang bagong henerasyon na impluwensyahan ang mundo ng mensahe ng ebanghelyo.*

na akong pag-asa. Hindi positibo ang isipan ko. Matapos akong binyagan, madalas akong pumunta sa center at lahat ay gumanda sa pananaw ko."

Hindi lamang si Brother Basnet ang napasigla at nahikayat ng Espiritu na nasa center. Ginugol ni Benjamin Kerr ng Scotland ang nakaraang dalawang tag-init sa pagtatrabaho sa Oslo at itinuturing ang center na isang lugar na nagpapaalala sa kanya kung ano ang talagang mahalaga.

"Ang center ang kanlungan ko mula sa mundo," sabi ni Brother Kerr. "Talagang nakadarama ako ng kapayapaan, ng kaligtasan, kapag naroon ako. Palagay ko ilan sa mga karanasang lubos na nakahikayat sa akin ay ang makaupo sa center, lalo na sa family home evening, at matalakay ang mga bagay na talagang pinoproblema namin, na para sa amin ay mahirap. Ipinaalala sa akin ng mga karanasang ito ang kahalagahan ng mga simpleng alituntunin ng ebanghelyo."

## Pagpapalakas sa mga Young Adult at Pinuno sa Hinaharap

Ang mga center para sa mga young adult ay hindi lamang tumutulong sa mga kabataan na mapalakas ang kanilang mga kaibigan at pamilya sa ebanghelyo. Naghahanda sila ng mga pinuno. Ang mga young single adult ay naghahalinhinan sa paglilingkod sa mga leadership council sa mga center at nagpaplano ng iba't ibang aktibidad at klase.

Ang gayong karanasan ay nagbigay kay Barbara Matovu, na nagmula sa Uganda ngunit ngayon ay mamamayan na ng Norway, "ng oportunidad na madama ang pagmamahal ng Diyos para sa lahat ng Kanyang anak," sabi niya. "Pinalakas nito ang aking patotoo tungkol sa organisasyon ng Simbahan. Itinuro din nito sa akin na ang kaharian ng Diyos ay hindi kayang itatag ng isang tao lamang, kundi ng maraming taong nagkakaisa."

Habang tumatanggap ng training ang mga young adult upang makapaglingkod sa mga katungkulan sa Simbahan sa hinaharap, nagtatamo rin sila ng karanasan na tutulong sa kanila na maging mabubuting asawa at magulang. Sila ay magiging handang baguhin ang mundo hindi lamang sa lipunang ginagalawan nila kundi maging sa tahanan.

"Ang mga alituntunin sa pamumuno na natutuhan sa isang young single adult council ay iyon ding mga alituntuning mapapakinabangan nang husto ng mga young single adult bilang mga magulang—pagtitiyaga, pakikipag-ugnayan, pagbibigay ng patnubay at pagtutulot sa mga tao na gamitin ang kanilang kalayaang isagawa ang isang atas, at pagsunod sa mga panghihikayat ng Espiritu," sabi ni Gerald Sorensen, na naglilingkod, kasama ang kanyang asawang si Nancy, sa center sa Trondheim, Norway.

Patuloy na lalabanan ng mga center para sa mga young adult ang tumitinding kasalanan sa mundo sa pamamagitan ng pagsisikap na tiyaking mas mabilis na maihanda ang mga magiging pinuno ng Simbahan.

"Pumupunta ang mga young adult sa mga center hindi lamang para magtamo ng kaalaman kundi maipamuhay din ang mga alituntunin ng pagbabahagi ng ebanghelyo at paglilingkod sa kanilang mga kaibigang hindi miyembro," sabi ni Brother Psota. "Tinutulungan ng mga center ang bago at handang-handang henerasyon upang mapaglingkuran ang Panginoon nang may sigla at pananaw na pang-walang-hanggan." ■

# Lumahok ang mga Miyembro sa United Kingdom, Brazil sa mga Araw ng Paglilingkod

Mula nang anyayahan ng Unang Panguluhan ang lahat ng miyembro ng Simbahan noong Abril na lumahok sa isang araw ng paglilingkod sa darating na taon, marami nang miyembro sa iba't ibang panig ng mundo ang tumutugon. Sa dalawang bansa—ang United Kingdom at Brazil—lumahok ang mga yunit sa pakikiisa sa iba pang mga miyembro sa kani-kanilang bansa.

## United Kingdom

Noong Lunes, Setyembre 5, 2011, nagpulong ang mga miyembro mula sa 11 stake sa buong Inglatera, kasama si Area President Erich W. Kopischke ng Pitumpu, para sa isang proyekto ng Helping Hands sa Tottenham Marshes.

Ginunita sa kaganapang ito hindi lamang ang ika-75 anibersaryo ng programang pangkapakanan ng Simbahan kundi maging ang opisyal na muling paglulunsad ng 2011 Capital Clean-Up Campaign sa London. Sa loob ng limang oras, ang mga miyembro—sa pakikipag-ugnayan sa tanggapan ng mayor—ay nagbunot ng damo, nag-ayos ng halamanan, nagsibak ng kahoy, nagputol ng madawag na halaman, at nagpulot ng mga basura sa Lee Valley Park.

Sa araw ding iyon sumali ang mga miyembro sa iba pang mga lugar sa London sa mga proyekto ng Helping Hands sa Haven House Children's Hospice at Richard House Children's Hospice.

Sa Richard House, ang 18 miyembro ng Stratford Ward ay nagpintura ng isang opisina, nagbunot ng mga damo, nagputol ng mga halaman, nagwalis sa bakuran, at nagkumpuni ng mga kasangkapan. Ito ang unang pakikipag-ugnayan ng hospicio sa Simbahan, sabi ni Charlotte Illera, project manager para sa proyektong paglilingkod sa Richard House.

"Naantig ako sa ipinakitang paggawa ng mga boluntaryo nang may sigla at saya," wika niya. "Maging ang simpleng pagwawalis ay napakahusay na nagawa."

Nitong nakaraang ilang buwan, ang mga miyembro ng Simbahan sa Great Britain at Northern Ireland ay

***Mahigit 11 stake mula sa England ang nagtipun-tipon noong Setyembre 5, 2011, upang magsagawa ng proyektong paglilingkod sa tatlong iba't ibang lugar sa loob at paligid ng London.***

LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI LINDSEY PHILLIPS



nag-organisa at lumalahok sa maraming proyektong paglilingkod sa buong bansa.

**Brazil**

Noong Hulyo 30, 2011, natampok ang dilaw na vest sa daan-daang proyektong paglilingkod sa buong Brazil sa pagdiriwang ng ika-12 anibersaryo ng Mormon Helping Hands, isang programa ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na layong maglingkod sa komunidad at tumulong sa mga biktima ng kalamidad.

Ang Mormon Helping Hands (*Mãos que Ajudam*) ay nagmula talaga sa Brazil para maging pamilyar ang mga kaibigan at kapitbahay sa pagkakawanggawa ng Simbahan. Ito ngayon ay naging mahalagang taunang kaganapan.

Ang araw ng paglilingkod sa taong ito ay napuno ng kantahan, tawanan, at palakpakan habang ang 120,000 kalalakihan, kababaihan, at mga bata ay nagwalis sa kalsada, naglinis ng mga paaralan, nagkumpuni ng mga gusali, nagpaganda ng mga parke, at nakilahok sa iba pang mga proyektong paglilingkod sa pinakamalaki at mataong bansa sa Latin America. Nakipagtulungan ang mga miyembro ng Simbahan sa mga mamamayan ng komunidad sa paglilingkod na pakikinabangan ng lahat.

Sa Belo Horizonte, Recife, at Bahia, mahigit 6,000 boluntaryo ang tumulong sa paglaban sa dengue fever. Sa Rio de Janeiro, nilinis ng mga boluntaryo ang mga pampublikong paaralan at day care center. Sa Porto Alegre, 1,500 boluntaryo ang naglinis ng mga paaralan, at nakibahagi ang ilan sa mga lektyur sa pag-iwas sa droga.

Sa loob ng dalawang buwan bago sumapit ang araw ng paglilingkod, mahigit 500 boluntaryo ang nangalap ng pagkain, na ibinigay sa 175 pamilyang nangangailangan sa São Jose noong Hulyo 30.

Ang mga miyembro ng Simbahan sa Blumenau ay nagbigay ng humigit-kumulang sa 300 libra (136 kg) ng pagkain sa *Casa de Apoio às Crianças Portadoras de Mielomeningocele e Neoplasia* (House in Support of Children with Spina Bifida and Neoplasia). Nagturo din ang mga boluntaryo ng mga pangunahing alituntunin sa pag-iimbak ng pagkain sa institusyon.

"Ang mga paraang natutuhan namin ay makakatulong sa aming pag-iimbak ng pagkain, yamang maraming nabubulok na pagkain sa mahalumigmig na kapaligiran," sabi ng social worker na si Adriane J. Backes Ruoff. ■

***Paalala ng Editor:*** *Ibahagi ang inyong karanasan sa Araw ng Paglilingkod sa LDS.org/service/welfare-75th-anniversary.*

UPDATE

Ang dapat mabasang credit para sa larawan sa pahina 73 ng *Liahona* noong Oktubre 2011 ay "Larawang kuha ni Megan Tolman." ■

# Ipinahayag ang Tema ng Mutwal sa Taong 2012: "Bumangon at Magliwanag"

Ang Tema ng Mutwal para sa 2012 ay "Bumangon at magliwanag, nang ang inyong liwanag ay maging isang sagisag sa mga bansa" (D at T 115:5).

Ang banal na kasulatang ito, na bahagi ng paghahayag kay Propetang Joseph Smith sa Far West, Missouri, USA, noong 1838, ay ibinigay sa mga nangungulong opisyal ng Simbahan noon, ngunit bilang tema ng Mutual angkop din ito sa mga kabataang edad 12 hanggang 18 sa buong Simbahan.

Ang tema ay maaaring gamitin upang mapagyaman ang mga opening exercise sa Mutual, bilang paksa para sa mga mensaheng ibibigay ng mga kabataan sa sacrament meeting, at bilang tuon sa mga aktibidad ng mga kabataan tulad ng camp, kumperensya ng mga kabataan, at debosyonal. Maaari din ito gamiting tuon ng mga espesyal na kulturang pagtatanghal at iba pang sayaw, musika, at dula-dulaan.

Iminumungkahi ng mga pinuno ng Simbahan na ipabatid ng mga lokal na lider ng mga kabataan ang tema gamit ang DVD na, *Strength of Youth Media 2012: Arise and Shine Forth,* na ipadadala sa mga yunit sa Nobyembre 2011.

Ang DVD na ito ay maidaragdag sa mga pulong ng korum, klase, kumperensya ng mga kabataan, at iba pang mga aktibidad ng mga kabataan sa buong taon at makukuha sa wikang Cantonese, English, French, German, Italian, Japanese, Korean, Mandarin, Portuguese, Russian, at Spanish.

Ang mga karagdagang suportang materyal ay makukuha sa mga magasing *Liahona* at *New Era* at sa LDS.org sa pagsisimula ng 2012. ■

# Palalagyan ng Internet ang mga Meetinghouse sa Buong Mundo

Planong palagyan ng Simbahan ng high-speed Internet, na may optional wireless access, ang 85 porsiyento ng mga meetinghouse sa buong mundo.

Maa-access ng mga miyembro ang employment site ng Simbahan at makakabahagi sila sa gawain sa family history mula sa kanilang mga meetinghouse; mapapamahalaan ng mga pinuno ng Simbahan ang mga talaan, maisusumite ang mga aplikasyon para sa misyon, at makakabahagi sila sa mga brodkast sa pagsasanay sa pamumuno; at magagamit naman ng mga guro ang online media na gawa ng Simbahan bilang suplemento sa kanilang mga aralin. ■

# Tumulong ang Simbahan sa Naganap na Taggutom sa East Africa

Sa mahigit 11.5 milyong katao sa Eastern Africa na nangangailangan ng agarang tulong bunga ng matinding tagtuyot, nakipagtulungan ang Simbahan sa iba't ibang organisasyon para mamigay ng mga pagkain, gamot, panglinis, at makakanlungan.

Ang mga miyembrong gustong tumulong ay maaaring mag-ambag sa pondong pangkawanggawa. ■

# Nakaragdag ang Bagong Missionary In-field Training sa Mararanasan sa MTC

Isang programang sinimulan noong Agosto 2011 ang magdaragdag ng 12 linggong training sa mga misyonerong kaaalis pa lamang sa missionary training center.

Ipinaliwanag ni Richard Heaton, director ng Provo MTC, na ang in-field training ay hindi isang bagong programa, kundi karagdagan sa natatanggap na training ng mga misyonero sa MTC.

"Ang manwal na *The First 12 Weeks* ay itinuturo ang mga trainer at kanilang bagong kompanyon sa mga alituntunin sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* na kailangang-kailangan nila sa kanilang unang 12 linggo," wika niya. "Ito ay mapang magtuturo kung paano . . . maging mas mahusay na mga lingkod ng Panginoon nang mas mabilis hangga't maaari."

Sinimulan ng mga mission president na ipagamit ang in-field training material para sa mga bagong misyonero—na kinapapalooban ng tatlong training document at mga video segment na pag-aaralan ng bagong misyonero—kaagad. ■

*Basahin pa ang mga kuwentong ito—at marami pang iba—sa news.lds.org.*





***Ang San Salvador El Salvador Temple ang ika-135 nagagamit na templo ng Simbahan sa buong mundo at ang ikaapat na templo sa Central America.***

### Inilaan ang San Salvador Temple

Inilaan ang San Salvador El Salvador Temple noong Linggo, Agosto 21, 2011, ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan. Ito ang ikaapat na templo ng Simbahan sa Central America at ang ika-135 sa buong mundo.

Dumalo ang mga 16,000 katao sa dalawang kultural na pagdiriwang noong Sabado, Agosto 20, na muling naglalahad ng mayamang kasaysayan ng lugar sa pamamagitan ng awit at sayaw.

### Inaanyayahan ng Create.LDS.org ang mga Miyembro na Mag-ambag ng mga Audio File

Inaanyayahan ng Simbahan ang mga miyembro na magsumite ng high-quality music at iba pang mga audio file sa create.lds.org para magamit sa Mormon Channel Radio at sa iba pang mga media na gawa ng Simbahan. Mababasa ng mga miyembro ang detalyadong paanyaya sa news.lds.org (magsaliksik gamit ang keyword na "create.lds.org") at makapagsusumite sa create.lds.org.

### Makukuha Online ang 2012 Oras ng Pagbabahagi

Ibinalita ng Primary general presidency na ang tema sa oras ng pagbabahagi para sa 2012 ay "Piliin ang Tama." Maa-access ng mga primary presidency ang outline sa ilalim ng **"Primary"** sa bahaging **Serving in the Church** ng **LDS.org**.

Dati-rati ay tig-10 kopya ng outline ang ipinamamahagi sa mga yunit tuwing Hulyo, pero dahil sa makukuha na ito online ihihinto ang pagpapadala sa Hulyo at tig-3 kopya na lang ang ipadadala sa bawat yunit sa taunang pag-oorder ng materyal para sa kurikulum. ■

### Isang Mabisang Kasangkapan

Palagi akong nagsususkribi sa *Liahona,* pero noong hindi na ako gaanong aktibo hindi ko na ito madalas basahin. Isang araw naglilinis ako ng kabinet at nakita ko ang ilang lumang-lumang kopya. Nang tingnan ko ang mga ito, natuon ang pansin ko sa isang kuwento. Ito ay tungkol sa isang miyembrong babae na hindi gaanong aktibo nang ilang taon at walang balak bumalik sa simbahan. Ngunit tinawag siyang maglingkod ng isang bishop na nabigyang-inspirasyon, at tinalikuran niya ang masasama niyang gawi at bumalik. Napakalaki ng epekto ng kuwentong ito sa akin—ito ang naging unang hakbang sa pagbabalik ko sa Simbahan. Ngayon, ilang taon na ang nakalipas, ang *Liahona* ay isang mabisang kasangkapan sa aming tahanan. Ang mga payo, gabay, at patotoo sa magasin ay tumutulong sa amin sa araw-araw.

**Moema Lima Salles Broedel, Brazil**

### Mga Kuwento para sa mga Bata—at Matatanda

Ako ay may maliit na anak, at tuwing gabi bago matulog gusto kong binabasa sa kanya ang mga kuwentong pambata mula sa *Liahona*. Ito ay isa ring pagpapala sa akin, sapagkat natututuhan ko ang tungkol kay Jesucristo, kay Propetang Joseph Smith, ang tungkol sa pagpipitagan, panalangin, at marami pang ibang bagay. Galingan pa ninyo!

**Silvia Ruiz de Muñoz, Ecuador**

*Mangyaring ipadala ang inyong komentaryo o mga mungkahi sa liahona@ldschurch.org. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.* ■



*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na maaaring gamitin para sa family home evening. Narito ang ilang halimbawa.*

**"Pagkilala sa Tulong ng Diyos sa Ating mga Pagpapala sa Araw-araw,"** pahina 24: Isiping basahin ang Panalangin ng Panginoon (tingnan sa Mateo 6:9–13) at itanong sa inyong pamilya kung ano sa palagay nila ang ibig sabihin ng "ibigay mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw." Pagkatapos ay ibuod ang unang bahagi ng artikulo, kung saan tinalakay ni Elder Christofferson ang tungkol sa "kakanin sa araw-araw." Pag-isipang idagdag ang inyong patotoo na si Jesucristo ang Tinapay ng Kabuhayan.

**"George Albert Smith: Ipinamuhay ang Kanyang Itinuro,"** pahina 32: Si Pangulong George Albert Smith ay "naniniwala na kung tayo ay tunay na may patotoo sa ebanghelyo ni Jesucristo, mababanaag ito sa ating buhay." Pag-aralan ang artikulo kasama ang inyong pamilya. Maaari na ninyo ngayong itanong sa inyong pamilya ang natutuhan nila mula sa halimbawa ni Pangulong Smith sa pagiging mabait sa kapwa. Itanong kung paano sila magpapakita ng higit na kabaitan.

**"Tumingala sa Langit,"** pahina 42: Isiping ibahagi ang karanasan ni Elder Cook noong siya ay bata pang misyonero at ibuod ang natirang bahagi ng artikulo. Tanungin ang mga kapamilya kung paano sila makatutuon sa palagay ng Ama sa Langit sa kanila sa halip na kung ano ang iniisip ng ibang tao sa kanila. Maaari ninyong tapusin ito sa pagbasa ng I Samuel 16:7.

**"Pagtupad sa mga Tipan,"** pahina 48: Kung may isa sa inyong pamilya na naghahandang magmisyon, maaari ninyong basahin ang buong artikulo at maghanda ng listahan ng mahahalagang ideya na ginawa ni Elder Holland. Bigyang-diin ang pahayag na "Ang susi sa gawaing ito ay pagtupad sa ating mga tipan." Repasuhin kung ano ang kahulugan ng tipan at tanungin ang mga bata kung paano sila maghahanda ngayon na gumawa ng mga tipan.

**"Nariyan Siya,"** pahina 69: Isiping ipakanta ang "Panalangin ng Isang Bata" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 12). Basahin ang karanasan ni Sister Wixom sa pagdarasal, at hikayatin ang pamilya na ibahagi ang karanasan nila noong nanalangin sila nang personal. Maitatanong ninyo, "May naiisip ba kayong pagkakataon na napanatag kayo dahil nagdasal kayo?" Magtapos sa pagpapatotoo tungkol sa panalangin. ■

### Isang Masayang Aktibidad, Isang Mensaheng Pang-Walang-Hanggan

Nooong tinedyer ako hindi ko gaanong gusto na makibahagi sa family home evening. Inisip ko na may mas mahalaga pa akong gagawin.

Isang gabi ng Lunes, matapos ang ilang nakakainip na FHE, pinunasan ni Inay ang mesa sa kusina at naglagay ng maliit na cherry pie sa harapan ng bawat isa sa amin. Naghagilap ako ng tinidor—pero wala ni isa! Ipinaliwanag ni Inay na magpapaligsahan kami sa pagkain ng pie, pero hindi kami gagamit ng tinidor o ng aming kamay. Ang mananalo ay magkakaroon ng karapatang magyabang.

Kinain namin ito nang mabilis sa abot ng aming makakaya. Di-nagtagal napuno ng cherry pie ang mesa, ang aming mukha, at pati ang aming buhok. Hindi ko maalala kung sino ang nanalo, ngunit naaalala kong tawa ako nang tawa at masayang-masaya sa aking pamilya. Hindi ko iyon kaagad natatanto ng gabing iyon, ngunit ngayon ay pinasasalamatan ko ang pagkakaroon ng ligtas at mapagmahal na tahanan at mga taong nangangalaga sa akin.

Sigurado ako na kumanta kami at nagkaroon ng aralin ng gabing iyon, at na maraming oras ang ginugol ni Inay sa paghahanda at paglilinis. Ngunit nagpapasalamat ako sa isang aktibidad na nagturo ng isang mensahe tungkol sa kahalagahan ng mga pamilya na kinakailangan ko—noon at hanggang ngayon. ■

**Heather Mockler Teuscher, California, USA**

# PAGKATUTO MULA SA DALUBHASA

**Ni George C. Robinson**


Dahil ako ay isang surgeon, madalas akong tanungin kung paano ako nagkaroon ng gayong skills o kasanayan. Akala ng ilan dadalo lang sa klase ang isang tao, manonood ng operasyon, at pababayaan nang mag-opera pagkatapos. May nakakatawa pa ngang kasabihan sa training: tingnan ang isa [ang operasyon], gawin ang isa, turuan ang isa. Gayunman, napakalayo nito sa katotohanan.

Natamo ko ang aking skill o kasanayan at kaalaman sa propesyon sa patnubay ng maraming magagaling at matitiyagang doktor. Nagsimula muna ako sa panonood sa malayo at nang malapitan pagkatapos. Pagkaraan ng isang taon ng pagmamasid, binigyan ako ng maliliit na gawain, sa pagtulong sa surgeon at sa kanyang "first assistant"—ang assistant surgeon.

Pagkaraan ng isa pang taon pinayagan na akong humarap sa surgeon sa operating table at tumayong first assistant sa mga simpleng operasyon. Pagkaraan pa ng isa o dalawang taon, pinayagan na akong maging first assistant sa mga mas kumplikadong operasyon. Pagkatapos ay nagsimula na akong gumawa ng mga pinakasimpleng operasyon, tulad ng pag-opera sa luslos, habang ang dalubhasang surgeon naman ang tumatayong first assistant ko.

Sa huling taon ng aking training o pagsasanay—pitong taon matapos kong kumpletuhin ang medisina—pinayagan akong gumawa ng mga kumplikadong operasyon habang ang surgeon ang tumayong first assistant ko. Natuklasan ko na magagawa ng pinakamagagaling na guro ang operasyon nang mas maayos sa pamamagitan ng tulong nila dahil maipapakita nila sa akin ang kailangang gawin sa malilinaw at mga simpleng paraan—mga paraang natutuhan nila sa pamamagitan ng ganito ring pagtuturo.

Lubos ko lamang napasalamatan ang patnubay ng kamangha-mangha at magagaling na dalubhasang surgeon na ito na mga first assistant ko nang matapos ko ang training at magsarili na ako. Gayunman, kahit 30 taon na ang nakalipas, naiisip ko ang aking mga guro sa araw-araw kong paggamit ng mga kasanayang buong hirap nilang itinuro, ipinamalas, at itinama.



*Bilang estudyanteng surgeon, lagi akong may katabing mas magaling sa akin. Bilang anak ng Diyos, may gayon din akong oportunidad.*

Ang pagkatuto ng mga alituntunin ng ebanghelyo ay hindi naiiba. Tinuturuan tayo nang taludtod sa taludtod sa pamamagitan ng karanasan—ng isang napakatiyagang Guro. Umaasa tayo sa Kanya, sumusunod sa Kanyang halimbawa, humihingi ng inspirasyon, at pinagpapala tayo ng patnubay ng ating Ama sa Langit—na madalas matanggap sa pamamagitan ng Espiritu Santo, mga salita ng mga buhay na propeta, mga banal na kasulatan, at iba pang nagmamahal at naglilingkod. Ang ating Gabay ay nakatayo sa ating tabi habang binibigyan tayo ng kumpiyansa, itinutuwid ang ating landas, nagbibigay ng kailangang pagwawasto, sumasagot sa mga tanong, at lalo tayong hinihikayat na magkaroon pa ng tiwala kapag pinatunayan natin na karapat-dapat tayo rito.

Sabik ang ilang estudyanteng surgeon na kumilos nang malaya, na gawin ang mga bagay sa sarili nilang paraan. Gayon din, sinusubukan nating kumilos kung minsan nang walang tulong ng ating dalubhasang Gabay. Gayunman, nalaman ko sa maraming taon ng aking pagiging surgeon na kahit ngayon ay lagi kong inaasam at itinatangi ang isang first assistant na mas maraming alam kaysa sa akin—lalo na kapag nasa bingit ng kamatayan ang buhay at kaluluwa ng mga tao!

Ang ating paglago sa ebanghelyo ay nagsimula sa buhay bago tayo isinilang, nagpapatuloy rito, at walang dudang magpapatuloy kahit patay na tayo. Ngunit lahat ng aspeto ng ating buhay ay napagdaanan na ng ating Tagapagligtas, at naipamalas Niya ang mga kagalingang kailangan upang magtagumpay. At inaanyayahan Niya ang lahat na umasa sa Kanya at sa Kanyang karunungan. ■

LARAWAN © ISTOCKPHOTO




HINDI MAARING KOPYAHIN

*Ang Ilaw ng Sanlibutan,* ni Howard Lyon

*"Masdan, ako ang batas, at ang ilaw. Tumingin kayo sa akin, at magtiis hanggang wakas, at kayo ay mabubuhay; sapagkat siya na makapagtitiis hanggang wakas ay bibigyan ko ng buhay na walang hanggan.*

*"Masdan, naibigay ko na sa inyo ang mga kautusan; samakatwid sundin ninyo ang aking mga kautusan. At ito ang batas at ang mga propeta, sapagkat tunay na sila ay nagpatotoo tungkol sa akin" (3 Nephi 15:9–10).*



*Habang pinag-aaralan natin ang Aklat ni Mormon nang personal, bilang pamilya, at sa ating mga klase sa Sunday School sa taong ito, tayo—tulad ni Lehi—ay maaaring magsaliksik sa mga sinaunang talaang ito at matuklasan na ang mga ito ay "kanais-nais; oo, maging napakahalaga para sa [atin] kung kaya't maaari [nating] mapanatili ang mga kautusan ng Panginoon sa [ating] mga anak" (1 Nephi 5:21). Tingnan sa "Pagtulong sa mga Bata na Mahalin ang Aklat ni Mormon," pahina 14, at "Paghahanap ng mga Sagot sa Aklat ni Mormon," pahina 16.*

TAGALOG
4 02104 81893 0